

ANG PAGPAPANAULI NG PUNONGKAHOY NA NOBYA



Maraming salamat, Kapatid na Orman. Pagpalain ka ng Diyos.

Magandang umaga, mga kaibigan. At isang pribilehiyo ang makabalik sa tabernakulo, sa mainam na umagang ito ng Pasko ng Pagkabuhay, sa pagsamba, ang dakilang pagkabuhay na muli ng ating pinakamamahal na Panginoon at Tagapagligtas, na si Jesus Cristo.

² Nais kong sabihin na ako ay talagang. . . Sa lahat ng mga mensaheng kailanman ay narinig kong ipinangaral ng ating pastor, ang kanyang pinakamainam ay ngayong umaga. Umuwi ako at sinabi ko sa aking maybahay. Sabi ko, “Honey, ito ang isang umaga na napalampas mo iyon tuloy, dahil sa hindi mo paggising nang maaga.” Iyon ang pinakamainam na narinig ko tungkol sa pagkabuhay na muli, sa buong buhay ko. Hindi pa ako nakarinig ng kahit ano pa mang mas mainam pa, tungkol sa pagkabuhay na muli kumpara doon sa ibinigay sa atin ng ating pastor ngayong umaga. Isang kamangha-manghang mensahe, at ang lahat ng bagay ay nasa punto nito. Ipinapakita niyan, na, na kapag nahawakan ng pahid ang isang tao, kita n’yo, kung ano—kung ano ang mangyayari. Iyan ay may nagagawang bagay kung gayon. At kaya tayo’y masaya na—na ibinigay sa atin ng Diyos itong kahanga-hangang pastor.

At ngayon gusto kong pasalamatang ang bawat isa sa inyo.

³ Medyo matagal-tagal na rin kaming nandito ngayon, sa iba’t ibang pagkakataon, na pabalik-balik, ngunit papaalis na ako ngayon patungo sa mga pagmimisyon, gaya ng alam n’yo na. Itong linggong ito, aalis ako patungo sa mga Cree Indian, doon sa British Columbia. At pagkatapos ay doon sa kabila, mula doon, patungong Fort St. John. At pagkatapos, itong tag-araw, kung loloobin ng Panginoon, ay mapasa. . . sa buong West Coast naman, patungo doon sa may Silangan, at—at doon sa West Coast, at papunta naman doon sa Alaska, sa Anchorage, Alaska, at hanggang doon. At pagkatapos, marahil, mula doon, ay magpapadala ako ng ilang mga imbitasyon hinggil sa gawain para sa Africa at sa lahat ng iba pa sa mundo, para sa darating na taglamig. Kaya magiging matagal-tagal pa siguro bago ako makabalik dito sa tabernakulo muli. Kahit papaano, ito’y hanggang sa Agosto o hanggang itong taglagas, bago ako makabalik muli.

4 At gusto kong pasalamatang kayong lahat para sa inyong mainam na pakikipagtulungan, para sa lahat ng inyong ginawa. At ikinalulungkot namin na wala tayong puwesto para sa mga tao rito sa mga umagang ito. Tayo ay nasa pagpapagawa ng gusali ngayon, gaya ng alam n'yo na, upang magtayo ng isang mas malaking simbahan, kung kailan. . . para sa mga gawaing ito. At kaya maaaring maumpisahan na 'yan agad ngayon. Sisimulan na nila ang paggawa sa simbahan. Ngayon maging. . .

5 Gayon din, gusto kong magpasalamat sa bawat isa sa inyo para sa inyong. . . para sa mga regalo, mga birthday card, mga Easter card, mga regalo na ibinigay ninyo kay Billy, at iba pa, para sa, sa. . . at ilang para sa akin; si Kapatid na Wood, at marami sa kanila. Pinasasalamatang ko ang lahat ng mga iyon.

6 At bawat isa ay lalapit at sasabihin. . . Hindi ninyo alam kung gaano ito kahirap. 'Yung may isang lalapit at sasabihin, "Ngayon gusto naming makita si Kapatid na Branham. Gusto naming makita ang tatay mo," at iba pa. At ang sabi naman, "Puno na po ang listahan." Pagkatapos, oh, hindi ninyo alam kung gaano ka inilalagay nito sa nakakahiyang sitwasyon, kapag ikaw—ikaw—umaabot ka na talaga sa ganun na karami. Iyan lang talaga ang tanging magagawa mo.

7 Ako—sana ay ganoon na lang na mayroon akong mahabang oras na makausap ang bawat isa, na maupuan. At umaasa akong magawa iyan sa ibang pagkakataon. Pero hindi maaari, sa lupang ito, dahil may mga taong nagpupunta dito mula pa sa buong mundo, kita n'yo, mula sa buong mundo. Itong linggong ito, may mga taong mula pa sa ilang mga bansa na narito, at nakapanayam at naipanalangin na, itong linggong ito, mula sa mga bansa sa buong mundo.

8 At kung ito lang ay ang ating maliit, na lokal na kongregasyon dito sa Jeffersonville, magagalak akong gumugol ng dalawa o tatlong oras para sa bawat isa, at talagang magawang tapusin ito at maiayos na ang mga iyon. Pero, kita n'yo, kahit na mayroon lang siguro, sabihing, limang tawag mula sa, o, siguro, dalawang tawag mula mismo sa ating lokal na komunidad, mayroon namang isandaan o dalawandaan mula sa buong mundo, sa mismong oras ding iyon na dumarating ang dalawang ito. Kaya mayroong literal na libu-libo na hindi ko man lamang maharap, wala saanman, kita n'yo, mga tao. At ang mga tawag para "Pumunta ka *dito*, at pumunta ka *doon*," mula sa buong mundo, at mga tiket pang-eroplano na sadyang ipinadala, lahat na ng iba pa, "Halika, manalangin ka para sa mga maysakit," ngunit hindi n'yo 'yon magagawa.

9 Kaya, ang mga tao ay dismayado. Ako man ay magiging ganun din. Ngunit nais ko lamang, sa umagang ito ng Pasko ng Pagkabuhay, na gawin ang aking pagpapahayag, para sabihin na—na hindi ko alam kung ano ang gagawin tungkol

dito. Sadyang napakarami na talaga, alam n'yo, para—para mapuntahan pa, libu-libo at libu-libong mga tao mula sa buong mundo. Nagawa ko na ang ikapito kong biyahe ng paglilibot, gaya ng alam n'yo na. At mayroon akong personal na pakikipag-ugnayan sa higit pa sa sampung milyong katao mula sa buong mundo.

¹⁰ Kaya nakikini-kinita n'yo na kung gaano—kung gaanong, kung anong hirap niyan sa iyo. At sa maraming pagkakataon ay umaabot tayo sa kaunting mga paghihirap, at alam kong ganun din kayo, at kaunting pagkadismaya. Ngunit isipin n'yo ang mga iyon na mayroon ako, ang pagkakaroon ko ng mga pagkadismaya, kapag nasa telepono ang mga ina na may sakit, nagsasabing, “O Diyos . . .” Buweno, sandali lang, Kapatid na Branham. ‘Panginoong Jesus, aking—aking—aking dalangin na Iyong papupuntahin siya.’” At—at kakababa ko lang ng telepono mula sa isa, at *heto* naman, at *heto*, at *heto*, at talagang sa buong mundo. Alam n'yo na kung paanong nagkakaganoon. At iyan—iyan ay hindi madali kapag mayroong isa sa dulo ng telepono, na may isang sanggol na may sakit, o may sakit na asawang lalaki, o asawang babae na nag-aagaw-buhay na, na nananalangin para sa iyo na makapunta ka. Ngayon, nakikini-kinita n'yo na.

¹¹ Hindi nakapagtataka na ako'y isang nerbiyoso. Ito'y sadyang . . . Iyon ay sapat na para gawing ganun ang isa. Pero ginawa ko na ang isang bagay na ito, sa halip na magkaroon ng walang-saysay na pagkabalisa. Sinikap kong maging panatag, sa pamamagitan ng pagtutok ko ng aking paningin sa Kalbaryo at pagpapatuloy, gaya lamang ng nais Niyang gawin ko. At marami sa mga pagkakamali ko, dalangin ko na patawarin nawa ako ng Diyos sa mga bagay-bagay, na marahil ako dapat ay pumaroon sa isang lugar at hindi nagpunta. Ako'y tao lamang, at makagagawa . . . nagkakamali rin.

¹² May isang munting, nakakatuwang munting minamahal na naririto sa likurang bakuran, nitong umagang ito, sa paglabas ko galing sa sunrise service.

¹³ Meron akong isang minamahal na matandang kaibigan. Maaaring narito siya sa kung saan man. Taga-Chicago siya. Ang pangalan niya ay Stewart. Siya'y halos . . . Si Ed Stewart, palagay ko siya'y nasa kanyang kalagitnaan ng pitumpu, o higit pa. At sinalubong niya ako doon sa labas. At iniipon niya ang kanyang ikapu nang barya-barya. At binigyan niya ako ng isang kahon ng mga barya, halos parang *ganyan*. At, oh, hindi ko alam, ako . . . Siyempre, ang mga iyon ay napupunta sa ibang bansa, sa mga gawaing pang-misyon.

¹⁴ At ang mabait niyang kaibigan, at kaibigan ko rin, si Kapatid na Skaggs, Leonard Skaggs, na taga-Lowell, Indiana, ay nakatayo noon doon. At hindi ko nalaman iyon noon; na siya pala ay isang Mason. Meron siyang suot na isang

pagkakakilanlang butones ng mga Mason. At nag-uusap kami noon tungkol sa kapisanan ng mga Mason.

¹⁵ At kaya sabi sa akin ng matandang Kapatid na Stewart, sabi niya, “Gusto kita, Kapatid na Branham, at gusto kong makipag-usap sa iyo.” Pagpaumanhinan ang katagang ito. “Pero,” sabi niya, “mas mahirap ka pang malapitan kaysa sa isang harem na Turko.”

¹⁶ May isang nagsabi sa akin, hindi pa katagalan, sabi, “Ako’y natutuwa na ang Panginoon ay hindi naman ganyan kahirap lapitan.” Buweno, hindi ko naman gustong maging *ganoon*. Mahal ko ang mga tao. Ngunit ako . . . Isipin n’yo na lang . . .

¹⁷ Umuwi ako at sinabi ko sa aking asawa, at nakaupo kami noon sa may mesa at natawa, kung gaano nga naman *kahirap* talaga na makalapit sa isang harem na Turko, alam n’yo na. Kaya—kaya ako . . .

¹⁸ Umaasa ako na hindi naman *ganoon* kahirap, Kapatid na Stewart, kung naririto ka pa. Pero palagay ko iyon ay talagang kaunting pagpapatawa na medyo nakapagpatawa sa ating lahat.

¹⁹ Kaya, kung maaari lang sana talaga na makausap ko ang bawat isa. At mahal ko ang bawat isa. Totoo iyan. Maging sila man ay isang kaibigan o kaaway, ito’y pareho kong mahal.

²⁰ At ngayon tunay na hinahangad ko ang inyong mga panalangin para sa akin, dito sa nalalapit na pagtitipon. Pupunta ako doon sa mga Indian. At alam n’yo, kayo, kapag kayo’y nasa Roma, kailangan n’yong maging isang Romano; at kapag kayo ay kasama ng mga Indian, kailangan n’yong mamuhay na parang mga Indian.

²¹ Ang kaibigan kong misyunero, na isang kasama ko sa pangangaso, kung saan ako naroon, doon sa highway, sa Alaskan Highway. Isang napakabait na bata pang lalaki, at ang kanyang maybahay, mula sa isang magandang tahanan. At ako . . . May ngatngat doon ang mga braso, at ang buong palibot ng likuran ng kanyang mga tainga at mga ganung bagay. At nagtaka ako kung ano kaya ang problema sa kanya, “Nagkaroon ba siya ng eksema?” Iyon ay mula sa mga pulgas at mga surot, kung saan kailangan niyang ma- . . . kung paanong kailangan niyang manirahan doon. At kaya nga kailangan n’yong manirahan mismo na kasama ng mga tao, upang maakay sila kay Cristo. Sila ay mga ipinagtagubilin ni Cristo. Sila ay mga tao na para sa kanila Siya’y namatay, at mayroong dapat na pumaroon sa kanila.

²² At ang pinuno nito ay nakadalo sa isa sa aking kailan lang ginanap na mga pang-hilagang pagtitipon, at ang Espiritu Santo na naroon sa pagtitipon, o doon sa lugar ng pagtitipon, sa lugar (sa patyo ng mga turista, palagay ko iyon nga), ay tinawag ang pangalan niya, at kung sino siya, at kung ano ang kanyang ginawa. At, oh, naku, iyon na ang sadyang nagpakumbinsi, sa

kanya. Alam niyang hindi iyon magagawa ng mga tao; iyon ay kailangang magmula sa Makapangyarihan sa Lahat.

²³ Kaya, ang pinunong iyon ay sadyang pinag-alab iyon, sa lahat ng dako ng baybayin doon. At dadalhin namin ang mga pagtitipon sa isang maliit na bangkang may layag, papunta doon sa mga lugar na mararating namin, sa Portland, at tuluy-tuloy doon, at patungo sa baybayin, at doon sa iba pa, doon sa mga Cree Indian, na mga napabaya-an. Marami sa mga kapatid, na may mga malalaking gawain, ay hindi makapunta sa ganoon. Ngayon, ang mga Indian. . .

²⁴ Hindi magkakaroon ni isa mang sentimo ng pera. . . Gaya ng alam n'yo na, hindi ako kailanman tumanggap ng offering sa mga pagtitipon ko. At hindi ako tumatanggap ng pera. Ngunit ang iglesya rito ay—ay itinataguyod ang pagtitipon na iyan para sa mga Indian. Ang iba sa inyong perang ikapu, at mga ganung bagay, ay mapupunta doon na panggastos, para dalhin ang Mensaheng ito ng kaligtasan at pagliligtas doon sa mahihirap, na walang pinag-aralang mga Indian.

²⁵ At kung tutuusin naman, sila ang mga Amerikano, alam n'yo. Tayo ang mga dayuhan, nakita ninyo. Pumarito tayo at inagaw natin ito sa kanila. At gusto nating. . . Hindi ko na maibabalik sa kanila ang kanilang bansa, pero maibibigay ko sa kanila ang mga pag-asang na kay Cristo, na pagsasama-samahin niyan tayo bilang isang magkakapatid balang araw sa isang Lupain kung saan walang pag-aaway at pag-agaw ng lupain, mula sa isa't isa. Iyon ay magiging isang Lupain, lugar na para sa lahat. Ako'y magpapasalamat kapag dumating na ang panahong iyan, kung ang lahat kong mga minamahal ay ligtas na at handa na sa panahon na iyan.

²⁶ Ngayon, marami akong mga kaibigan na nakikita ko, na nakaupo rito mismo, habang ako ay nagsasalita. Palagay ko napapansin ko ang Kapatid na babaeng. . . Hindi ko maisip ang pangalan niya. Dati ay Lee. Tama nga ba? Hindi ba't ikaw si Gng. Lee? Ang iyong anak na babae dito, sa mga anak na babae, ang siyang napagaling? Napakainam niyan. Ang isa ay nasa Good Shepherd's Home, o hindi. . . Ano na nga ang tawag doon? "Sister of. . ." (isang Institusyong Katoliko) "Lady of Peace," iyan nga iyon. Napaghahalu-halo ko ang lahat ng mga Katolikong pangalang iyon. At kaya, sa banda room, at siya ay. . . nagkaroon ng isang pangkaisipan, pagkanderbiyoso. At ang minamahal na Panginoong Jesus, habang nakaupo kami. . . Nakaupo ako noon sa paanan ng higaan, at ang kanyang minamahal na ina at ama ay nakatayo na malapit. At ipinahayag ng Panginoong Jesus na iyon ay wala na, tapos na. Hayun siya. Iyon ay tapos nang lahat. At, siyempre, alam natin na ang naturang kapatid na babae ay lubos na nagpapasalamat ngayong umagang ito, at. . .

²⁷ Tinitingnan ko ang dako roon at nakikita ang mga tao na nag-aagaw-buhay na, kailan lang, sa kanser. Dinala papasok rito, na sakay ng mga wheelchair, may mga saklay; at heto na sila, normal at magaling na, sa umagang ito. Iya'y sa buong mundo. Hindi sa pamamagitan ko; sa pamamagitan Niya, ng ating Panginoon Na nabuhay mula sa mga patay, na buháy magpakailanman. Nawa ay laging mapapurihan at maluwalhati ang ating Panginoon, ang siya kong taimtim na panalangin.

²⁸ Maaari ba ninyo akong ipanalangin? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Lahat kayo ay manalangin para sa akin. Ngayon, ako—umaasa ako diyan. At kapag ako ay lumabas patungo doon, kita n'yo, dito sa tahanan, hindi gaanong masama sa paligid rito; pero kapag napunta ka na doon kung saan naroon ka na talaga sa pinakasagupaan ng labanan. Ito ay pagsasanay.

²⁹ Narinig ko, kahapon, na ang ating iglesya ay mayroong isang—isang bagong station wagon para sa akin, at ako. . . para sa pagbibiyaha. At 'yung isa kong ganun ay halos giba na. At kaya aking—binuksan ko ang radyo at nakinig sa balita. At pagkatapos nagpunta sila, kagabi, kung saan si Joseph at ako ay nagpunta noon para manalangin. Pagkatapos kami, sa pagbaba galing sa Green's Mill, sila. . . binuksan ko ang radyo. Iyon ay isang balita, at nasabi iyon, na sinusubaybayan noon, itong *Monitor* ay sinusubaybayan ang isang binata sa kanyang pagsasanay. At kung paanong siya ay nakatayo roon na ang mga bulsa niya ay punung-puno ng buhangin at lahat na, kung saan kailangan niyang iyuko ang kanyang ulo nang napakababa, na ang mga totoong bala ng machine gun ay dumadaan sa itaas ng ulo niya habang siya ay gumagapang patawid sa mga alambreng may tinik at mga ganung bagay, dumaraan sa mahigpit na pagsasanay.

Buweno, iyan ang ginagawa natin dito.

³⁰ Ngunit ngayon iyan ay malaking-malaki ang pagkakaiba pagdating na sa pinakasagupaan ng labanan. Kita n'yo? Ang machine gun na iyon ay nakaayon sa itinakdang haba ng oras, na nakatutok mismo sa isang tiyak na lebel. Pero, doon sa mismong labanan na, maaari itong tumaas o bumaba. Kita n'yo? Kaya—kaya iyan ay medyo iba na doon, nakita n'yo, kumpara sa kung ano—kumpara sa kung ano rito. Kaya taglay natin ang. . .

³¹ Buweno, ito ay pagsasanay, dito. Ngunit doon kayo ay nasa pinakasagupaan na ng labanan, kaya haharapin na natin ngayon ang kaaway. Kaya noon may lagi tayong kinakalaban. . . inaaawit na isang munting awitin dito, *Nagsimula Na Ang Labanan*. Naaalala pa rin ba ng lahat ang awiting iyan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

Nagsimula na ang labanan, O mga sundalong
Cristiano,
At harapan nang nakahanda nang lubos,

Mga sandata'y kumikinang, at bandila'y
nawawagayway,
Ang tama at mali ay maghaharap ngayon.

Tama 'yan. Kita n'yo?

Nagsimula na ang labanan, ngunit huwag
manghina,
Kayo'y magpakalakas at sa Kanyang lakas ay
manghawakang mainam;
Kung ang Diyos ay kakampi natin, ang
Kanyang bandila ay nasa itaas natin,
Sa wakas ang awit ng mananagumpay aawitin
na natin.

³² Tama 'yan. Ngayon, maraming mga bagay na kailangan kong sabihin, ngayong umaga, pero medyo paiikliin ko ito, kung saan ang ating mga tao ay nakatayo at nagsisiksikan sa loob. At kumuha sila ng maliliit na mga ispiker para sa labas, at kaunting pagpapalakas ng tunog, sa palagay ko, na ang bawat kotse ay maaaring. . . Ang pamamaraan ng pagpapalakas ng tunog ay nagagawa tayong makaabot pa ng maraming yarda mula sa tabernakulo, na gamit iyon. At kaya, kami, sinisikap naming mapahalagahan ang pagdalaw ng lahat na kasama natin ngayong umaga.

³³ Ngayon, bago pa lumayo, sabihin nating. . . Ngayon, kaagad-agad pagkatapos nito, palagay ko, ay gawaing pagbabautismo na. Una, ay ang hanay para sa pagpapanalangin. Mananalangin tayo para sa mga maysakit, ngayong umaga. Palagay ko, ang Diyos na dumarating sa eksena ay isang katibayan ng kung ano ang ating sinasabi, ang Kanyang pagkabuhay na mag-uli. Buháy ba Siya, o hindi Siya buháy? *Ito* ba ay isang kuwentong gawagawa lamang, o *Ito* ba ang Katotohanan? Kung Siya'y buháy, nangako Siya, "Ako'y sasainyo sa tuwina, maging hanggang sa katapusan ng sanlibutan." Ngayon, kung Siya—kung Siya ay paparito sa kalagitnaan natin dito at patutunayan na Siya'y narito, kung gayon ay wala nang pagpapalagay pa tungkol diyan. Kita n'yo?

³⁴ Tandaan n'yo, lahat ng mga relihiyon sa mundo, meron silang mga banal na araw nila at mga araw ng kapistahan, at iba pa. Ngunit wala ni isa sa kanila ang makapagpapatunay na ang kanilang tagapagtatag. . . Na, kinuha siya ng kamatayan, at iyan na lamang iyon. Pero, ang sa atin, ang relihiyong Cristiano, ang ating Tagapagtatag ay namatay at muling nabuhay.

³⁵ Sa Mexico, kamakailan lang, noong kinapanayam ako ng mga mamamahayag, tungkol sa muling pagkabuhay ng isang munting sanggol na namatay noong alas-nuwebe ng umagang iyon. At noong alas-diyes trenta ng gabing iyon, alas-diyes trenta o alas-onse, ay nabuhay mula sa pagkamatay, doon mismo sa mga bisig ng ina sa entablado, sa harap ng laksa-laksang mga

tao. Tatlung libo ang lumapit kay Cristo nang gabing iyon. Kita n'yo? Kaya, kung gayon, ay nakikini-kinita n'yo na kung ano ang naroon.

³⁶ At ang munting sanggol na iyon, nakakita ako ng isang pangitain sa harapan ko; at sinabi nito kung ano ang kanyang munting pangalan, at lahat na. At ang ina ay nasa malayo pang likuran doon, na hindi makakuha ng prayer card, hindi makapasok. Ngunit hindi na niya kailangang pumila, sa linya. Kaya nang dalhin niya ang munting sanggol; umuulan noon, bumubuhos nang husto.

³⁷ Iniisip natin na tayo ay nakatayo; isipin n'yo sila. Nandoon na sila ng alas-nuwebe ng umaga, para sa mga gawain na sisimulan pa ng alas-nuwebe ng gabing iyon. Nakatayo sa init ng araw, nakasandig sa isa't isa, para sa lilim. Nakatayo, hindi nakaupo; nakatayo. At ganyan nga ang ginagawa nila, sa Africa at sa iba't iba pang mga lugar, sa India, kung saan kalahating milyong nagtitipun-tipon, sa isang pagkakataon.

³⁸ Ngayon, ang munting babaeng ito ay ni hindi makakuha ng prayer card. Doon, may mga tatlong daan na mga usher, para pigilan siya, kaya hindi siya makapila sa hanay para sa pagpapanalangin. At habang nakatayo roon na nananalangin noon para sa munting sanggol na iyon; isang munting, babaeng Katoliko. At tumawag ang Espiritu Santo at sinabi, "Sabihin mo sa kanya na dalhin iyon dito."

³⁹ At ang naturang munting sanggol, na nababalot ng isang basang sapin sa higaan; ay naroon na mula pa nang umagang iyon. Ipinahayag na ng doktor na patay na iyon. Ngayon, nasa amin ang pahayag ng doktor tungkol dito, na ipinahayag na iyon ay patay na, nang umagang iyon ng alas-nuwebe. At pagkatapos ito ay noong gabi nang iyon, halos hatinggabi na. At ako, sadyang ayon lamang sa, kung ano ang sinabi ng pangitain, lumapit ako, ipinatong ang mga kamay sa munting sanggol na iyon. Hayun nga iyon, buhá na. Nagbigay ng patotoo ang doktor.

⁴⁰ Kinapanayam ako ng mga mamamahayag. At kaya, sa pagiging walang anumang laban sa paniniwala ng sinuman, basta ito'y ayon sa Biblia, ayos lang. Pero 'yung lalaking kinakapanayam ako noon ay Katoliko, at sinabi niya sa akin, "Naniniwala ka ba na magagawa iyan ng mga santo namin?"

⁴¹ Sabi ko, "Kung buhá sila." Mangyari pa, alam kong ang iglesyang Katoliko ay naniniwala na dapat patay ka na, para maging isang santo. Kaya sa gayon ay sinabi ko, "Kung buhá sila, oo."

At sinabi niya, "Oh, hindi ka naman magiging santo hangga't hindi ka pa patay."

⁴² Sabi ko, "Si Pablo ba ay isang santo bago siya namatay o pagkatapos na siya ay mamatay? Sino ang sinusulatan niya noon, ang mga taong patay ba, nang sabihin niya, 'Sa mga banal na

nangasa Efeso,' at sa mga banal na nasa *ganito't ganyang* lugar? Hindi siya susulat sa mga patay nang tao, alam mo."

43 Kaya sa gayon ay sinabi niya, "Ngayon sinisikap mong ipagtanggol ang iyong usapin sa pamamagitan ng Biblia. Kami ang iglesya."

Sabi ko, "Sige, ginoo. Okey."

At sabi niya, "Kami ang iglesya."

44 Sabi ko, "Kung gayon ay tingnan natin na gawin ito ng iglesya." Kita n'yo? Kung gayon, kaya, si Cristo lamang ang makagagawa niyan. Alam ninyo 'yan.

Sabi niya, "Ano ang masasabi mo sa iglesyang Katoliko?"

Sabi ko, "Sana hindi mo na lang itinanong iyan sa akin." Kita n'yo?

Sabi niya, "Buweno, gusto kong marinig iyon."

At sabi ko, "Ang pinakamataas na anyo ng espiritismo na mayroon dito."

At sabi niya, "Espiritismo?"

Sabi ko, "Siyanga, po."

Sabi, "Paano mo nasasabi iyan?"

45 Sabi ko, "Anumang bagay na namamagitan sa mga patay; ang pakikipag-ugnay sa mga santo, kita mo."

At sinabi niya, "Buweno, nagdarasal kayo kay Cristo, at namatay na Siya."

Sabi ko, "Pero, nabuhay Siyang muli, kita mo."

46 Kaya, iyan ang mabuting bagay na nalalaman natin, nabuhay Siyang muli. Hindi ba't nagpapasalamat tayo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

47 Iyukod natin ang ating mga ulo at pasalamatan Siya dahil Siya ay tunay na bumangon nga mula sa libingan upang tayo'y ariing-ganap.

48 Makalangit na Ama, nagpapasalamat po kami ngayong umaga para kay Jesus; at ngayon, sa paggunita sa Kanyang dakilang pagkabuhay na mag-uli, noong umagang iyon ng paskuwa nang Siya ay bumangon mula sa mga patay, na napagtagumpayan ang kamatayan, hades, at ang libingan. Noong Siya ay nasa ibabaw ng lupa, ipinakita Niyang Kanyang napagtagumpayan ang karamdaman, ang mga sakit, at—at lahat ng uri ng mga diablo at mga kapangyarihan. Pagkatapos inilagay sa harapan Niya ang kamatayan, ang pinakamalaki at huling kaaway. At sa umaga ng Pasko ng Pagkabuhay ay pinatunayan Niyang Siya ay Diyos. Bumangon Siya maging mula sa huling kaaway, na hindi Siya napigilan. Binitawan Siya ng libingan; kailangan Siyang binitawan ng hades; tinanggap Siya ng Langit.

49 O Diyos, nawa'y tanggapin Siya ng aming mga puso ngayon, sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, upang kami ay maging mga tagapangasiwa Niya, Kanyang—mga halimbawa Niya, ng mga lingkod Niya dito sa lupa, habang kami ay pansamantalang naninirahan. Ipagkaloob Mo po ito.

50 Pagpalain Mo po ang lahat ng mga narito. Diyos, itong mga minamahal na mga tao na nangakatayo, ang ilan sa kanila ay nangagsiksikan na dito sa loob mula pa kaninang pagsikat ng araw. Dalangin ko, Makalangit na Ama, na Iyong ibubuhos ang “umaapaw nang lubos na masagana nang higit pa sa lahat ng aming magagawa o maiisip,” sa kanila ngayon, at ibigay sa kanila ang masidhing mga hangarin ng kanilang puso. Kung anuman po ang ipinarito ng bawat isa, sa umagang ito, nawa'y umuwi sila, na nasiyahan. Sinabi Mo po na hindi Mo tatanggihan ang sinuman, kundi Iyong pupuspusin siya ng mga mabubuting bagay, at pahahayuin siyang nagagalak. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon.

51 Nawa ang Iyong walang hanggang kapangyarihan, nawa ang Iyong Espiritu Santo, sa kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli, ay makipag-ugnay nang gayon sa bawat isa sa amin hanggang sa ang aming mga pag-asa ay maitayo sa wala nang iba pa kundi sa Dugo ni Jesus na taglay ang katuwiran. Ipagkaloob Mo po ito, Ama.

Pagpalain Mo po ngayon ang Mga Salita na babasahin namin.

52 Pinasasalamatang Ka namin sa natatanging mensaheng iyon nitong umagang ito, sa aming pagparito nang maaga dito sa simbahan. At ang makita Ka na gamitin ang aming kapatid, gayun na lamang ang pagbabago sa kanya sa isang saglit, at maghatid ng isang mensahe sa unti-unti nang namamatay na salinlahing ito ng mga tao na kinabibilangan namin ngayon, labis Ka naming pinasasalamatang dahil diyan, Panginoon! O Diyos, lumulukso ang aming mga puso sa kagalakan habang iniisip namin ang mga bagay na iyon. Ngayon, panatilihin Mo po siyang pinahiran, Panginoon, sa lahat ng darating pang mga araw sa kanya, Panginoon.

53 At pagpalain Mo po ang munting iglesyang ito. At tulongan Mo ako, Panginoon, sa pagparoon ko upang dalhin ang Mensahe sa iba pang mga tao. At nawa kami, ay sama-sama, na gaya ng iisang tao, isang pamilya, na magsama-sama, at sama-samang manalangin, at mamuhay nang sama-sama sa banal na pagkakaisa sa Espiritu Santo hanggang sa tanggapin kami ni Jesus papasok sa Kaharian. Sapagkat hinihiling namin ito sa Kanyang Pangalan at para sa Kanyang kaluwalhatian. Amen.

54 [Sinasabi ni Kapatid na Neville, “Kapatid na Branham, maaari ba kitang maabala?”—Pat.] Oo naman, kapatid. [“Bilang isang tanda ng aming pasasalamat at sa pamamagitan ng—ng

gawa ng isang binata sa aming kalagitnaan, inihahandog namin sa iyo ang larawang ito, Kapatid na Branham, kalakip ang lubos na pagpapahayag ng aming pagmamahal at pasasalamat.”] Salamat sa iyo, Kapatid na Neville, at sa tabernakulo. [“Ang naturang binata ay si Jerry Steffy, na siyang nagpinta ng larawang iyan.”]

⁵⁵ Ipininta ni Kapatid na Jerry Steffy ang larawang iyan. Pagpalain ng Diyos ang batang iyan. Napakaganda niyan, Jerry, kung naririto ka ngayong umaga. Sadyang nakakalungkot lang, sana’y meron akong kakayanang mapaaral sa eskuwelahan ang batang iyan para maging isang pintor. Naniniwala ako na ang Diyos ay nasa sining. Hindi ba’t naniniwala kayo diyan? [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ang Diyos ay nasa musika. Ang Diyos ay nasa sining. Ang Diyos ay nasa ganito. At sadyang nakakalungkot lang na makita ang isang talento, na tulad niyan, ay hindi mapaunlad. Habang lalong ipinagpapatuloy niya, ay lalong uunlad pa siya. At ako—dalangin ko na pagpalain ka ng Diyos, Jerry.

⁵⁶ At salamat sa iyo, Kapatid na Neville, at sa iglesyang ito, para dito sa magandang larawang ito at para sa tula na nasa ibabang bahagi nito. Babasahin ko ito mamaya. [Sinabi ni Kapatid na Neville, “Gusto mo bang basahin ko ito?”—Pat.] Sige, po. Babasahin ni Kapatid na Neville ang tula. Parang meron na akong palagay kung ano ito. . . [Binabasa ni Kapatid na Neville ang *Karangalan Sa Kinauukulan Ng Karangalan*.]

Hindi siya isang lalaking matangkad,
Ni palalo man sa kanyang lakad,
Di siya nagpapatunog ng trumpeta sa sarili
Sa kanyang paghayo araw-araw.

Walang paghahangad sa kayamanan at
katanyagan,
Ngunit walang makapapalit sa kanyang lugar;
Siya’y sadyang kung ano lang siyang nais
namin,
Ang minamahal naming Kapatid na Bill.

Itinuturo niya sa amin na may katapatan
Ang walang-halong Salita,
Walang magagarang pamamaraan, ayaw ng
mga papuri,
Sumusunod lamang sa Panginoon.

Ang kanyang pananalita ay marahan at
magiliw,
Hindi niya itinataas ang kanyang tinig,
Maliban ang sumigaw laban sa mali,
At kung gano’n ay wala na siyang pagpipili.

Hindi kailanman nagkaroon ng maraming
 pinag-aralan
 Mula sa mga kolehiyo at paaralan,
 Ngunit batid niya kung ano ang mahalaga
 At siya'y iyak na hindi maloloko ng sinuman.

Sapagkat ang kaloob sa kanya na kaalaman
 Ay Walang Hanggan mula sa kaitaasan,
 Wala siyang kredo, maliban sa ating Cristo,
 Walang batas kundi ang Pag-ibig na
 Pinakamakapangyarihan.

Walang dakilang pagpapahayag
 Sa kanyang mababa't hamak na
 kapanganakan,
 Subalit para sa amin siya ang lalaking
 pinakadakila
 Na nabubuhay sa ibabaw ng lupa.

Itinuturing naming higit pa sa pribilehiyo
 Ang makilala siya bilang kaibigan,
 Pinakamamahal namin ang lahat ng kanyang
 pinaninindigan,
 At gagawin iyon hanggang sa katapusan.

Sinasabi niyang hindi siya isang mangangaral,
 Siya'y sadyang mapagpakumbaba,
 Subalit dalhin mo siya sa pulpito
 At hindi mahirap na makita ito.

Itinalaga siya na isang propeta,
 Itawag na ng mga tao kung ano ang ibig nila,
 Pinagkalooban kami ng Diyos ng dakilang
 kagandahang-loob
 Nang ibigay Niya sa amin si Kapatid na Bill.

["Lumagda, 'Ang munting kawan.'"]

⁵⁷ Salamat, Kapatid na Neville. Salamat sa inyong mga pagpapahalaga. Sino'ng sumulat niyan? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Palagay ko gawa mismo ng nanay niya."—Pat.] Iyan ay . . .

⁵⁸ Hindi ako karapat-dapat sa mga bagay na iyon, sa pagsasabi niyon, ngunit iyon ay higit na napakahalaga pa para sa akin kaysa sa lahat ng salapi sa mundo. Kita n'yo? Isipin lamang, mayroong kumikilala sa iyo bilang isang lingkod Niya, kita n'yo, bilang—bilang lingkod ng Diyos. Nawa ay mamuhay ako nang totoo para diyan, ang dalangin ko. Pagpalain kayong lagi ng Diyos. Ang aking mga pagpapahalaga ay laging para sa inyo. At sadyang ipinapahayag ko na mahal ko rin kayo.

⁵⁹ Ngayon, oh, sadyang marami tayong mga bagay, makakagugol tayo ng isang buong araw at hindi pa tayo

makakaparoon sa Salita, nakita ninyo, napakaraming mabubuting mga bagay.

⁶⁰ Mayroon akong isang—isang pangitain mula sa Panginoon na isasalaysay ko sana, at—at may isa na nanaginip ng isang panaginip, na, oh, naisip ko na napakahalaga, na tungkol sa Pagparito ng Panginoon. At ako . . .

⁶¹ Ang munting si Rebekah, ang anak kong babae na nariyan sa may likuran. Ako . . . Kahit na pinagkatuwaan ko siya kanina. Lumabas kasi siya, na suot ang isa sa mga malaking uring iyon ng isang—isang sumbrero. At sabi ko, “Ngayon, honey, mukhang pugad yata ng ibon iyan,” sabi ko, “may mga tangkay ito, at lahat na, nang ganyan.” Sabi ko, “Sige na, alisin mo na iyan.”

⁶² Pagkatapos, pagkatapos ay binalikan niya ako. Sa ilang sandali ay bumalik siya; alam n’yo, kung paano niya ako binalikan, na bumalik nga. Pumasok siya na may isang malaking pitaka, na dala-dala niya. Sabi ko, “Saan naman galing ang bagay na iyan?”

⁶³ Sabi niya, “Daddy,” sabi niya, “meron po akong malaking paa, kaya sa palagay ko ang malaking pitaka na lang po ang dadalhin ko para kapareho din nito.” Kaya, oh, ang mga ito!

⁶⁴ Ngunit sinabi niya na nanaginip siya nang dalawang beses na siya at ako ay nakasakay sa kotse, at sinasabi ko raw sa kanya ang tungkol sa nalalapit na pagpapakita ng Panginoon; ang panaginip ring iyon, sa ikalawang pagkakataon. Hinihintay ko ang pangatlo; marahil ay saka lang ibibigay sa akin ng Panginoon kung ano ang ibig sabihin niyon.

⁶⁵ Ngayon, napakaraming mga bagay ang maaaring masabi, ngunit dumako na tayo mismo sa Salita ngayon.

⁶⁶ Mabuti nawa ang pakiramdam ng lahat, umaasa ako. [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] At kung hindi man, dalangin ko na paigihin nawa ng Diyos ang pakiramdam n’yo bago matapos ang gawaing ito, na wala ni isa mang taong mahina sa ating kalagitnaan ngayong umaga, kapag natapos na ang gawaing ito.

⁶⁷ Ngayon, dapat nating tandaan na si Cristo ay namatay para sa mga masasama, at iyan ay tayo. Kita n’yo? Tayo ’yun. At namatay Siya para sa atin, upang mailigtas Niya tayo.

⁶⁸ Ngayon, naririnig n’yo bang lahat diyang sa palibot, nang mabuti? Diyang sa may pinaka likuran, naririnig n’yo bang maigi diyang sa likod? Nakakarating ba diyang sa likod? Mabuti. Sige.

⁶⁹ Ngayon nais kong bumasa ng ilan sa Kanyang Salita. Una, dumako tayo ngayon sa Aklat ni Joel, at gusto kong basahin ang unang talata, una hanggang sa ika-4 na talata. At pagkatapos ang ika-2, hanggang sa . . . ika-2 kabanata at ang ika-25 talata. At Genesis 20:7. Ngayon, talagang pinasasalamatang ko . . .

⁷⁰ Ngayon, kung kayo ay napapagod at gusto n'yong lumabas, gawin n'yo lang. Kita n'yo? Pero, ito ang magiging huling Mensahe ko sa Iglesya, sa, ang bahaging ito ng Iglesya, sa ngayon. At tayo'y umaasa sa isang gawaing ukol sa pagpapagalang ngayong umaga. At ako—gusto ko na ang Mensaheng ito, kung pagpapalain Ito ng Diyos, na—na tumimo nang malalim sa ating mga puso, para makuha natin kung ano ang ibig sabihin Nito.

⁷¹ Ngayon, narito tayo para ipahayag, para—para sabihin ang mga bagay na pinaniniwalaan natin, at patunayan ito sa pamamagitan ng Kasulatan, na sinasabi ng Kasulatan ang gayon; at pagkatapos nawa ay pumihit ang Diyos at patunayan ito, na ito nga'y totoo, tama, gawin itong tunay. Tulad lamang ng anumang . . .

⁷² Sasabihin n'yo, “*Ito* ay isang buto ng sunflower.” Itanim n'yo ito at tingnan kung ano nga ito. Pagkatapos, kung tumubo ito na isang sunflower, iyon na 'yon. Iyon ay isang sunflower. Kita n'yo? Iyon lang.

⁷³ Ngayon, at kung ang iba sa kanila ay magpapalitan ng upuan, paminsan-minsan; mayroong uupo, ang iba ay tatayo at maghihintay nang kaunti. At gagawin ko ang makakaya ko na maging saglit lang ako.

⁷⁴ Ngayon, tandaan, manalangin kayo para sa akin. At maging tapat lamang sa iglesya ngayon; manatili rito mismo sa iglesya, kasama ni Kapatid na Neville. At kayong mga taong bumibisita, buweno, ngayon, bumalik lang kayo.

⁷⁵ At ngayon ako ay nasa mga pagtitipong ito, idinadaos ang mga ito nang wala pang tiyak na tawag. Ngunit, sadyang hindi ako maaaring basta na lang walang ginagawa; unti-unti nang namamatay ang sanlibutan. Kita n'yo? At nagkaroon din si Pablo ng ganyang karanasan minsan. At papunta siya noon sa isa pang bansa, at pagkatapos ay nagkaroon siya ng isang pang-Macedonia na tawag, habang nasa daan na. Ngayon, maaaring makapagbigay ang Diyos ng isang tawag na pang-Macedonia, anumang oras. Kinakansela ko ang kahit ano, kapag nagbigay ang Diyos ng isang tawag.

⁷⁶ Ginagawa ko lamang ang pinakamainam kong magagawa, nagpupunta sa sulok na *ito*, naghahasik ng mga binhi; at sa dako *rito*, maghahasik ng ilang binhi; at sa dako naman *rito*, maghahagis, maghahasik ng ilang binhi. Alam ko, na ang mga ibon sa himpapawid ay tinitipon ang marami sa mga iyon; at ang iba naman sa mga iyon ay nasasakal, at iba pa. Ngunit maaaring mayroong kaunti, doon, na tutubo, rin naman, alam n'yo, sa mabuting lupa. Kaya ihasik lamang natin ang binhi, 'yung bagay na mahalaga.

⁷⁷ Isang kakaibang pagbasa, para sa isang—isang mensahe na pang-Pasko ng Pagkabuhay, ang Joel, sa unang kabanata.

Ang salita ng PANGINOON na dumating kay Joel na anak ni Pethuel.

Dinggin ninyo ito, ninyong mga matanda, at pakinggan ninyo, . . . ninyong nananahan sa lupain. Nagkaroon бага nito sa inyong mga kaarawan, o sa mga kaarawan ng inyong mga magulang?

Saysayin . . . sa inyong mga anak, at saysayin ng inyong mga anak sa kanilang mga anak, at gawin nga ng kanilang mga anak sa susunod na lahi.

Ang iniwan ng tipaklong ay kinain ng balang; at ang iniwan ng balang ay kinain ng uod; at ang iniwan ng uod ay kinain ng kuliglig.

78 Ngayon ang ika-25 talata ng ika-2 kabanata.

At aking isasauli sa inyo ang mga taon na kinain ng balang, ng uod, at ng kuliglig, at ng tipaklong, na siyang aking . . . at ng tipaklong, na siyang aking malaking hukbo na aking sinugo sa gitna ninyo.

At kayo'y magsisikaing sagana, at mangabubusog, at inyong pupurihin ang pangalan ng PANGINOON ninyong Dios, na gumawa ng kababalaghan sa inyo: at ang aking bayan ay hindi mapapahiya kailan man.

79 Sa Genesis, ang 20, ng Genesis. Ang ika-20 kabanata ng Genesis, at ang ika-7 talata. Nais kong basahin ito, upang sundan ang . . . upang maging isang nilalaman para sa paksang ito na aking—malapit ko nang talakayin. Sisimulan ko sa ika-6 na talata, para kumuha ng batayang-kaalaman para dito.

At sinabi sa kaniya ng Dios sa panaginip, Oo, talastast ko na sa katapatang loob ng iyong puso ay ginawa mo ito; at hinadlangan—at hinadlangan din naman kita sa pagkakasala ng laban sa akin: kaya't hindi ko ipinahintulot sa iyong galawin mo siya.

Ngayon nga'y isauli mo ang asawa ng lalaking ito; sapagka't siya'y propeta, at ikaw ay ipananalangin niya, at mabubuhay ka: at kung di mo siya isauli, ay talastasin . . . na walang pagsalang mamamatay ka, ikaw, at ang lahat ng iyo.

80 Ngayon, hahango ako mula dito ng isang paksa, o mula sa pagbabasang ito ng Kasulatan, ng isang konklusyon ng isang paksa, na tinatawag na, "isauli."

81 Ngayon, matapos ipangaral ni Kapatid na Neville nitong umagang ito, ang natatanging mensaheng iyon, ang huling bagay na sinabi niya sa kanyang huling mga kaisipan, ay, "Upang maipanauli." At kaya nagbigay iyon sa akin ng ideyá, diyan mismo, ang "isauli."

⁸² Ngayon, nagmadali akong umuwi at kinuha ang aking diksyunaryo, at iba pa, at ilang mga tala ng Kasulatan, at nagsimulang kumopya ng ilang mga bagay. At pagkatapos ay kinuha ko ang diksyunaryong Webster, para alamin ang tamang kahulugan para sa *isauli*. Ang *isauli*, ay nangangahulugang, “para isauli sa dating nagmamay-ari, o upang ibalik sa dating estado ng kalagayan.” At magagawa nating ipatupad ang isang karapatang pag-angkin, para maisauli.

⁸³ Ngayon, iyan ang sinasabi ng Webster na ibig sabihin ng salitang *isauli*, “Isauli sa dating nagmamay-ari, o ibalik sa dating estado ng kalagayan.” At kung ang isang karapatang pag-angkin ay ginawa sa isang bagay, para maisagawa ang pagsasauli na iyan, maaari mo itong ipatupad, para mapabalik mo ito sa tamang lugar nito.

At nawa ngayon ay pagpalain ng Diyos ang mahinang mga salitang ito.

⁸⁴ Ang *isauli*, ay nangangahulugang, “ibalik.” O, upang maisauli, ang isang—ang isang pag-aangkin ay maaaring ipatupad, ngayon, para maibalik ang anumang bagay sa tunay na nagmamay-ari nito, kung kanino ito. Samakatwid, sa kung anong dahilan, ito ay nawala mula sa tunay na nagmamay-ari nito, at maaaring napunta ito sa kung saan-saan. Ngunit, ang isaui, ay ang ibalik ito doon sa tunay na nagmamay-ari nito, o ang ibalik ito sa dating natural nitong kalagayan kung saan ito naroroon sa simula, ibalik ito sa likas nitong kalagayan. At para magawa ito, mayroon tayong karapatan na ipatupad, kung mayroong isang batas, para ipatupad itong tamang kalagayan ng pagsasauli, upang maisauli.

⁸⁵ Katulad ng kung may isang nagnakaw ng kung anong ari-arian, at mahigpit nilang hawak ang naturang ari-arian. Kung ganoon ay maaari ninyong gamitin ang batas at puntahan ang taong ito, at ipapatupad ang naturang batas, pupuwersahin ang taong ito na isaui ang ari-ariang ito sa natural na may-ari nito, sa unang may legal na karapatan sa ari-arian.

⁸⁶ Pagpapatupad! Oh, napakagandang paksa! Gustung-gusto kong magkaroon ng dalawang araw para diyan, ipatupad!

⁸⁷ Ngayon, nangaral si Kapatid na Neville para sa atin. Mangungusap lamang ako sa inyo, magtuturo ng isang araling pang-Sunday school nang sa gayon ito’y—magagawa nitong maipagpatuloy nito, umaasa ako, kung ano ang natalakay na niya.

⁸⁸ Ipatupad! Kung gayon, tayo ay ang...mayroong natatanging pribilehiyo na ipatupad, kay satanas, ang mga pag-aangkin na ibinigay ng Diyos sa atin. Sapagkat, may batas ang Diyos, at ang Salita Niya ay isang batas, at gumawa ang Diyos dito sa Salitang ito ng tiyak na mga pag-aangkin para sa Iglesya. Samakatwid, mayroon tayong karapatan na ipilit

ang mga pag-aangkin na ito kay satanas, at sabihin, “Ibalik mo ito,” at kailangan niyang gawin iyon. Dahil, magagawa nating hilingin ang Kinatawan ng Diyos, ang Espiritu Santo, ang lumuhod mismo, at sabihin, “Ito’y GANITO ANG SABI NG PANGINOON.” Kailangan niyang isuko iyon, iyon lang, dahil naroon ang Espiritu Santo upang pilitin siyang gawin iyon.

Ang batas ng lupain ay upang ipatupad. Ito’y sa lupain, para sa lupain.

⁸⁹ Ngunit ang batas ng Espiritu ng Diyos ay upang puwersahin si satanas na isuko yaong kinuha niya mula sa Diyos sa maling paraan, na may panlilinlang. Mga kaluluwa ng mga kalalakihan, na kinuha niya mula sa Diyos; mga kaluluwa ng mga kababaihan, ng mga bata. Karamdaman ng katawan, na inilagay niya sa mga tao. Gayong, sila ay ginawa ng Diyos ayon sa Kanyang larawan, upang maging katulad Niya, at binigyan ang Iglesya ng tamang legal na mga karapatan, sa pamamagitan ng Biblia, upang hilingin ang Espiritu Santo at ipatupad ito sa mga iyon.

⁹⁰ Palagay ko kababanggit ko lang nito, noong huling pagtitipon dito. Hindi ako sigurado. Pero may isang kapatid na lalaking pumunta sa Louisville, na galing ng Georgia, at iniwang naroon ang kanyang kotse sa banda roon, at may nagnakaw nito. At naroon ang kanyang mga damit, mga damit ng asawa niya, mga damit ng mga anak niya. Iyon ay si Kapatid na Evans rito. Kadalasan ay naririto sila. Nagbibiyahe sila ng labinlimang daang milya, araw-araw, kapag mayroon tayong gawain dito, nagpupunta rito para dumalo ng gawain. At ang kawawang lalaki ay narito noon na walang dalang kahit ano, at pitong daan o higit pang milya ang kanyang layo mula sa tahanan. At hindi niya alam ang gagawin.

⁹¹ Ipinaalam niya iyon sa pulisya. Pero meron kasi silang malaking katiwalian sa Louisville; nagnanakaw sila ng mga kotse, at pipinturahan ang mga iyon. At puwede mong . . . hindi mo kailangang magkaroon ng titulo, doon, para maipagbili iyon. At maigagawa ka nila ng titulo, sa ilang sandali, para sa anumang numero na gusto mong ilagay doon. At kaya sila ay lubhang nahihirapan noon.

⁹² Kaya nagsiluhod kami. Kita n’yo? Ngayon, hindi kailangang gawin iyon ni Jesus, dahil Siya ay ang Salita. Ngayon, hindi tayo ang Salita. “Ang Salita ng Panginoon ay dumating sa mga propeta.” Hindi sila ang Salita, ngunit dumarating sa kanila ang Salita. Kundi si Jesus ang Salita. Kita n’yo? Hindi Niya kailangang manalangin. Siya ay Diyos, Mismo. Kita n’yo? Ngunit tayo ay mga—mga propeta Niya, mga lingkod Niya, na dinaratnan ng Salita ng Panginoon. Sa gayon, ang propeta ay napapatunayan sa pamamagitan ng, kung ito nga ba ay Salita

ng Panginoon o hindi, sa pamamagitan ng kung ang kanyang sinasabi ay nangyayari.

⁹³ Kaya nga mayroon tayong Kasulatan dito, na sinabi ni Jesus, “Kung saan nangagkakatiyon ang dalawa o higit pa sa Aking Pangalan, at kung sila ay magkasundo, Ako’y pasasa kanilang kalagitnaan. At kung sila ay magkasundo patungkol sa isang bagay at hilingin ito, hindi pag-alinlanganan ito, ay makakamtan nila ang kanilang hiniling. Ibibigay ito sa kanila.”

⁹⁴ Ngayon, mayroon—hayang ang batas. Ngayon, Ang Siyang narito para ipatupad ang batas na iyan ay ang Espiritu Santo. Paano na ang mga taong hindi naniniwala sa Espiritu Santo, na tatanggihan Siya? Kita n’yo? Tatang- . . . Tinatanggihan ninyo ang kapayapaan at habag na mismong para sa inyo. Kita n’yo?

⁹⁵ Ngayon, nagsiluhod kami, mga limang kalalakihan, kasama si Kapatid na Fred Sothmann at—at marami sa iba pa sa kanila ang naroon, apat o limang kalalakihan. At lumuhod kami, at ipinakiusap ko ang kasong ito sa harap ng Diyos. At pagkatapos ay kinuha ko ang Salita, o ang pangako, at isinugo Ito. Ang dakilang Espiritu Santo, sa pagdala Niya sa Salita, para ihatid ang naturang patawag, ay bumukas ang isang pangitain at nakita ko ang isang lalaki na papunta sa Bowling Green, Kentucky, na nakasuot ng dilaw na damit, minamaneho ang kanyang trak. Nagparamdam sa kanya ang Espiritu Santo, kinondena siya, at siya ay bumalik, mga kalagitnaan na ng daan. Nakita ko siyang bumalik at ipinarada ang kotseng iyon sa isang kalye, doon sa kabilang bahagi ng ilog dito. Tumayo ako at sinabi sa mga kapatiran, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON.”

⁹⁶ At nang magsimula na silang pumaroon, pinuntahan nila ang kalyeng iyon. At hayun nga ang naturang kotse na naroon, na kalahati na lang ang gasolina, kung saan ang—ang tangke ay kalahati na lang ang laman, kung saan iyon ay pinuno, na sapat lamang, para madala siya nang kalahatian papuntang Bowling Green at ibalik siya. Ngayon, ang mga kalalaking iyon ay naririto mismo dito ngayong umaga, bilang isang patunay.

⁹⁷ Ano nga ito? Pagpapatupad. “Ibalik mo ito.” Kita n’yo? Iyan nga. Iyan ang sinasabi nito. “Isauli mo ito. Ibalik mo ito sa totoong nagmamay-ari nito.”

⁹⁸ At kung si satanas ay ninakawan kayo ng tanging-karapatan sa pagiging anak na lalaki o anak na babae ng Diyos, mayroon tayong karapatan ngayong umagang ito, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na ipatupad ang pahayag ng Diyos. “Ibalik mo sila.”

⁹⁹ Kung pinahirapan niya kayo, at binigyan kayo ng sakit, mayroon tayong karapatan sa harap ng Diyos na ipatupad ang mga batas ng Diyos. “Sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo.” Amen. “Ibalik mo siya. Pakawalan mo siya.

Dinadala mo siya doon, sa kamatayan, at inaangkin namin siya. Ibalik mo na siya ngayon.”

¹⁰⁰ Iyan ang pagpapatupad; isinasauli ito muli sa likas nitong kalagayan. Ang isang lalaki ay may sakit; ang sanggol ay may sakit; ang babae ay may sakit. Kita n’yo? Sila’y wala sa kanilang likas na kalagayan. Sa gayon ay mayroon tayong karapatan na ipatupad ang pag-aangkin natin. Hindi sariling pag-aangkin *natin*. Pag-aangkin natin ito dahil ibinigay ito ng Diyos sa atin. “Sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo. Siya ay nasugatan dahil sa ating pagsalangsang. Sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo.” Ngayon may karapatan tayong ipatupad ang batas na iyan. At ang—ang Tagapagbigay Ng Batas, ang Espiritu Santo, Siya Mismo, ay narito, ang Kinatawan ng Diyos, upang tiyakin na iyon ay ginagawa sa gayong paraan. Amen.

¹⁰¹ Ngayon, ang tanging paraan para makakilos Siya, ay kapag hinayaan mo Siyang kumilos. Kita n’yo? Dapat ninyong sampalatayanan iyon. Mayroong batas. Oh, kung makarating na talaga ako sa aking paksa. Mayroong batas. Mayroong batas na ibinigay para sa lahat ng bagay.

¹⁰² Alam n’yo, may batas ang isang isda. At makakapanatili ang isdang iyan dito sa tubig, at mayroon siyang batas na taglay sa loob niya. Kung hahayaan lang niya ang batas na iyan na nasa kanya, makakasisid siya sa kailaliman ng dagat. Hindi siya mahihirapan kahit kaunti. Hindi siya masisiraan ni isang selula. Subukan ninyong gawin iyon. Ang batas na iyan ay wala sa inyo. Hindi ninyo magagawa iyon, ngunit magagawa ng isda. Nakapagpapalabas siya ng hangin sa sarili niya, sa gayong paraan na hindi siya, na walang anumang bagay sa loob niya na sasabog. At ginawa siyang ganyan. Alam niya iyon. At magagawa niyang ipatupad ang batas na iyan, upang dalhin siya doon sa kailaliman ng dagat, at pagkatapos ay palutangin siyang muli. Oh!

¹⁰³ Mayroong batas na na kay Cristo. Ang batas na iyan ay nasa mga tao. Maililibing mo siya sa pinakamalalim na libingan, o sa pinakamalalim na dagat, o sa—sa pinakamalalim na sheol. Mayroong batas, ng Espiritu ng Diyos, na ibabangon siyang muli. Kita n’yo?

¹⁰⁴ Ang isang ibon ay may batas. Ngayon, ang katawan nito ay panlupa. Ito’y babagsak at babagsak sa lupa, nakapirmi dito sa lupa. Ngunit mayroon itong batas na nasa loob nito, na, sa paraan ng pag-unat nito ng mga pakpak nito, ay makalilipad ito hanggang sa mawala na ito sa paningin. Iyan ay salungat sa siyensiya. Sinasabi nilang ito’y—ito’y babagsak at babagsak sa lupa; tiyak na pinipigilan ito ng grabitasyon dito. Pero magagawa nitong labanan ang grabitasyon, iangat ang sarili nito mula dito at tuluy-tuloy na, dahil kailangan nitong pakilusin ang

batas na iyan na nasa kanya. At ito'y ginawa upang taglayin ang batas na iyan.

¹⁰⁵ Ngayon pakiramdam ko nagiging relihiyoso na ako. Ngayon, mayroon tayong batas, ang batas ng Buhay na nasa atin. Hindi natin... Ang tanging bagay na dapat mong gawin... Ginawa kayo, at isinilang, at inilagay dito sa Katawan ni Cristo, bilang mga anak na lalaki at anak na babae ng Diyos. Hindi mo kailangang sumuko sa diablo. Mayroon tayong batas. Iyan ang batas ng Espiritu Santo. Ang tanging bagay na nalalaman mo... na dapat mong gawin, ay ang malaman kung papaano ang magpaubaya at hayaan na ang Diyos. Patuloy kang nakikipaglaban dito, kita n'yo, at talagang hindi ito uubra kailanman. Samantalang, kung kayo'y nagpaubaya at hinayaan na ang Diyos, iyon lang. Kita n'yo?

¹⁰⁶ Kung sinabi ng isda, "Sandali, hihinga ako nang totoong malalim. Hihinga ako ng kaunting hangin sa loob ko, at malalaman ko kung makakasisid kaya ako sa ilalim." Hindi. Kung gagawin niya iyan, puputok siya. Kita n'yo?

¹⁰⁷ Sasabihin ng ibon, "Titingnan ko kung gaano kaya ako kabilis tumakbo rito, at siguro ay lilipad na ako." Hindi. Hindi niya gagawin iyon. Babagsak siya. Kita n'yo? Kailangang alam niya kung papaano magkontrol, kung papaano siya makontrol ng batas na iyan.

¹⁰⁸ At gayon din ito sa atin. Hindi ang kung ano ang ating nilalabanan, at hinahatak, at—at minamadali, at—at, "Oh, kung hindi ko makukuha *ito*, kung hindi ko makukuha *iyon*." Hindi iyan 'yon. Ito ay ang malaman na ang batas ng Buhay ay nasa inyo, at nagpapaubaya lamang kayo at hinahayaan na ang Diyos. Sa gayon ay dadalhin Niya kayo sa inyong kagalingan, dadalhin kayo sa bautismo ng Espiritu, o sa anumang bagay na ipinangako Niya. Anumang pag-aangkin na ibinigay Niya ay sa inyo, at sa pamamagitan ng pagpapaubaya at pagpapahintulot sa Diyos. Ngayon, kung kayo'y...

¹⁰⁹ Kung ang pulis ay dadalhin—dadalhin ang tao na nagnakaw ng ari-arian ninyo, dadalhin siya sa korte, at patuloy n'yo siyang pinipigilan, "Buweno, hindi ko lang alam kung dapat ba niyang gawin ito o hindi," kailanman ay hindi niya siya madadala doon. Hayaan mo lang siya.

¹¹⁰ Ganyan ang dapat n'yong gawin. Hayaan lang na lumayo si satanas, na ang lahat ng mga pag-aalinlangan at lahat na ay umalis mula sa inyong isipan, kung gayon ay itataas kayo ng Diyos. Mabuti.

¹¹¹ Ngayon, ito'y panahon ng Pasko ng Pagkabuhay. Oh, gustung-gusto ko ang Pasko ng Pagkabuhay. Siyanga, po. Ngunit napakaraming kung anong mayroon sa Pasko ng Pagkabuhay, ngayon, tungkol sa mga bunny rabbit, at mga pato, at mga kulay pink na manok, at mga maririkit na sumbrero,

at mga bagong damit; at iyan ay hindi naman Pasko ng Pagkabuhay. Ang Pasko ng Pagkabuhay ay ang pagkabuhay na mag-uli, pagpapanauli, ang ipanumbalik sa dati. Ito'y panahon ng pagpapanauli ng Diyos. Tumingin kayo sa buong sangkalupaan; ang Diyos ay nagpapanauli. Pinapanauli ang ano? Kalikasan. Tama iyan. Pinapanauli Niya ang mga bulaklak. Pinapanauli Niya ang mga dahon. Pinapanauli Niya ang mga bunga ng bukirin. Ano ba ito? Ang Diyos ay nagpapanauli. Ito'y Pasko ng Pagkabuhay; nangangahulugan na "ibalik ito."

¹¹² Ano ba ito? Nagkaroon ng isang—isang hatol, isang pag-aangkin. Mga pag-aangkin sa Pasko ng Pagkabuhay, o ang—ang bulaklak ay nag-aangkin, na mayroon itong karapatan na bumangon muli. Kita n'yo? At ang batas ng kalikasan ng Diyos ay hinihila ang mundo paikot at ginagawa ang batas na iyan ng Diyos, sa kalikasan, na magdala ng isang Pasko ng Pagkabuhay, ng isang pagkabuhay na mag-uli. Napakaganda nito. Ang pagbabalik ng araw, upang isauli kung ano ang pinatay ng taglamig, habang ito ay nasa lupa pa. Ibinabalik ng Diyos ang mundo paikot sa araw, gaya ng sinabi sa atin, *rito* noon pa.

¹¹³ Ang mundo, ang mundo ay lumayo mula sa araw, napunta sa banda *rito*. Ganyan din ang ginagawa ng isang makasalanan, lumalayo mula sa A-n-a-k. Buweno, ito ang a-r-a-w. [Sa Ingles, ang anak (s-o-n), at araw (s-u-n) ay magkatunog—Tag.] Ngunit kapag ang mundong ito ay nagsimulang bumalik. . . At kapag ito'y naroroon, dinadapuan ito ng kamatayan, ng taglamig. Pinapatay nito ang bawat bagay na may buhay na mapapatay nito, sa dako *rito*.

¹¹⁴ At, ngayon, kapag ang mundo ay paikot nang bumalik. Ang mga binhi ay nakahimlay sa ilalim ng lupa. Nagyeyelo na ang mga ito. Ang lamukot ay lumabas na sa mga ito. Ang. . . At wala na ang lahat; ngunit may isang munting buhay na napanatili. At pagkabalik na pagkabalik muli ng araw sa tamang lugar nito kasama ang mundo, kung gayon ay nagkakaroon ng isang Pasko ng Pagkabuhay, isang pagpapanauli. Uusbong muli ang mga bulaklak. Uusbong ang lahat ng bagay. Lahat ng pinatay ng taglamig, ipinapanauli ng araw. Lahat ng pinatay ng kamatayan ng taglamig na iyan, ipinapanauli ng araw ng buhay.

¹¹⁵ At gayun din nga ito ngayon sa mga tao. Ang lahat ng pinatay ng pinakamalamig na taglamig, na lamig ng relihiyong pormal doon, ang malapit na pagdating ng Anak ng Diyos sa mga huling araw na ito, na pumapasok sa Kanyang Iglesya, ay ipinapanauli Itong muli sa Buhay. "Aking isasauli, sabi ng Panginoon." Kita n'yo? Ipinapanauli ng Diyos ang mga bulaklak Niya, mga dahon Niya, kalikasan Niya, ang binhi Niya sa lupa, at samakatwid ay nalalaman natin, kung gayon, na ipapanauli rin ng Diyos ang Kanyang tahanan. Ipapanauli Niya ang Kanyang Eden. Ipapanauli Niya ang lahat ng bagay na pinatay ng

kamatayan. Tama 'yon. Ngayon, ang tanging paraan na ito ay mananatiling patay, ay ang hayaan ito na nakalagay sa maling lugar. Subalit kung ito ay mapunta sa tamang lugar, ay tiyak na muli itong manunumbalik sa Buhay. Kaya, Diyos, hayaan Mo po kaming mahulog sa tamang lugar, tama 'yon, para sa isang pagpapanauli.

¹¹⁶ Lahat ng pinatay ng taglamig, pagkatapos ay ipinapanauli ng araw. Ang pagbabalik ng araw, ano ang ginagawa nito? Pinupuwersa nito. Makinig. Pinupuwersa nito ang kamatayan. Kapag ang araw, ang araw ng tagsibol ay bumabalik na muli sa daanan ng mundo, ay totoong pinupuwersa nito ang kamatayan na isuko ang mga patay nito, tungo sa isang pagkabuhay na mag-uli, para sa (ano?) isang pagpapanauli, isang "isauli muli." Anong gumagawa nito? Ang araw, na dumarating. Iyan ang batas ng Diyos.

¹¹⁷ Nilagyan ng Diyos ang lupa ng batas, batas ng grabitasyon. Lahat ng bagay sa kalikasan ay kumikilos nang ayon sa batas ng Diyos. At tumagal ang bulaklak ayon sa takdang panahon nito. Tumagal ang binhi ayon sa takdang panahon nito; namatay ito doon sa ilalim ng lupa. At pagkatapos ay mayroong pagpapanauli.

¹¹⁸ At ngayon ay nakahimlay ito doon, na patay na. Wala ni isa mang bagay. . . Maaari nating kunin ang isa sa mga ilaw na narito katulad *nito*, at itapat ito dito, at walang anumang magagawa ito. Wala tayong paraan para magawa natin iyon. Ngunit may isang batas ang Diyos, na kapag ang araw na iyan ay masikatan ang binhi na iyon, pinupuwersa nitong lumitaw sa binhi ang buhay na iyan. Hindi na ito mapipigilan pa ng kamatayan.

¹¹⁹ Inilagay na ng Diyos ang lahat ng mga batas Niya upang magsilbi sa Kanya, kapwa sa natural at sa espirituwal, na kumikilos nang ayon sa Kanyang Salita, maging ano pa man ang mga kalagayan. Gustung-gusto ko iyan. Mayroon akong Kasulatan dito tungkol diyan. Siyanga, po. Pinagagana ng Diyos ang lahat ng Kanyang mga batas. Isipin n'yo ito. Hayaang tumimo ito ngayon, dahil dadako na tayo sa isang gawaing ukol sa pagpapagaling sa ilang sandali. Kita n'yo? Pinagagana ng Diyos ang lahat ng Kanyang mga batas, na ito ay dapat kumilos nang ayon sa Sarili Niyang Salita. Nakukuha n'yo na ba iyon? Kita n'yo? Ang Kanyang Salita! Ang mga batas Niya ay kailangang kumilos nang ayon sa Kanyang Salita. Inutusan Niya ang araw. Inutusan Niya ang buwan. Inutusan Niya ang mundo. Inutusan Niya ang kalikasan. At silang lahat ay mismong humahanay, at ang lahat ng naturang mga batas ay kumikilos nang nakaayon sa binigkas na Salita ng Diyos. At ang batas ng Buhay na nasa atin ay dadalhin din tayo sa isang pagkabuhay na mag-uli. Kailangan nitong gawin iyon. Imposible para dito na hindi magawa iyon.

¹²⁰ Iyan ang dahilan, ang batas ng Buhay na na kay Cristo. Nang ang Salita ay binigkas, at nagsabing, “Hindi Ko hahayaan ang Aking Banal na makakita ng pagkabulok, ni iiwan Ko ang Kanyang kaluluwa sa sheol,” walang sapat na tagal ng panahon, walang sapat na mga diablo, walang sapat na anumang bagay, para mapanatili si Cristo sa libingang iyon hanggang sa (Siya) ang Kanyang katawan ay magsimulang mabulok, dahil isasakatuparan ng batas ng Diyos ang naturang Salita. At ang batas ng Diyos, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ay isinasakatuparan ang anumang pangako (nakuha n’yo?), maging ano pa man ang mga kalagayan.

¹²¹ Sinabi ni Job, “Bagaman sirain ng mga uod-balat ang aking katawan, gayunma’y makikita ko ang Diyos sa aking laman.”

¹²² Maging gaano pa man tayo kaliit, gaano pa man tayo kababa, gaano pa man tayo karumi, gaano pa man tayo kasama, gaano pa man kalubha ang ating sakit, gaano pa man tayo nahihirapan; ang batas ng Espiritu ng Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang Salita, ay ginagawa itong sundin Siya, iginigiit ang naturang usapin, at sinasabi, “Ibalik mo ito.” Amen. Oh, kung magagawa lang nating pag-isipan iyan sandali. Pinupuwersa ito, maging ano pa man ang mga kalagayan. Kahit na ano pa man ang kalagayan, ang batas ng Salita ng Diyos ay pinupuwersa ang kalagayang iyon na sumang-ayon sa Kanyang Salita. Kita n’yo? Kailangang gawin nito.

¹²³ Ngayon, kung naririyang ang isang bulaklak, at iyon ay patay na, ang mga binhi ay nabulok, wala na, ang lamukot ay lumabas na, walang anumang kinalaman iyan dito. Mabubuhay itong muli, dahil naglagay ang Diyos ng isang batas, para mabuhay itong muli.

¹²⁴ Nang si Job ay nakahimlay sa lupa. Marahil, nang makita niyang dumarating si Jesus, apat na libong taon na noon bago pa dumating dito si Jesus. Nakikini-kinita n’yo na marahil kung ano ang itsura ng katawan ng tao, sa apat na libong taon, malamang wala nang sapat na abong naiwan para mailagay sa dulo ng isang kutsara. Ngunit sinabi ni Job, “Gayunma’y makikita ko ang Diyos sa aking laman: Na makikita ng sarili ko mismo.”

¹²⁵ At sinasabi sa atin ng Biblia, sa Mateo 27, na pagkatapos ng Kanyang kamatayan, at paglilibing, at pagkabuhay na mag-uli, na, “Marami sa mga banal na nangakatulog sa alabok ng lupa, ay nagsibangon mula sa alabok.” Bakit? Iyon ay ang propetang iyan, na nangungusap na taglay ang Salita ng Diyos, at nabigkas na ang naturang Salita. At ang batas ng Diyos, sa pamamagitan ng Espiritu, ay ibinangon sila. Sinabi ng Biblia, “Pumasok sila sa bayan, at nagpakita sa marami.” Hindi lamang si Jesus ang nagbangon, kundi ang mga banal ay nagsibangong kasama Niya.

126 Bakit? Doon sa Mga Awit, sinabi nito, “Itaas ninyo, kayong mga walang hanggang pintuang-bayan, at kayo’y mangataas. Papasukin ang Panginoon ng Kaluwalhatian.” Buweno, nang mapagtagumpayan Niya ang kamatayan, hades, libingan, karamdaman, nagbangon nang ikatlong araw, “Umakyat Siya sa Itaas, at dinalang bihag ang pagkabihag.”

127 Ano ba iyon? Sila na mga nasa pagkabihag ay umasa sa pangako na mayroon tayo ngayon. Oh, kapatid! Ni hindi pa kailanman nakamtan ang Espiritu Santo. “Ngunit, sumampalataya, at nagbigay ng isang mabuting patotoo. At sa pamamagitan nito sila ay nagpatikom ng bibig ng mga leon, pumatay ng bisa ng apoy, tumakas sa mga talim ng tabak, tinanggap ng mga babae ang kanilang mga patay na nabuhay na muli: nang wala ang naturang pangako.” Oh, ngunit sila ay umasa! Sa ilalim ng isang haing tupa na hindi magagawang alisin ang kasalanan, matatakpan lamang nito ang kasalanan. Ngunit nanampalataya sila na mayroong Isang darating. At sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya, na naroon pa sa anino noon, amen, inangkin nila iyon. “At matibay, sila’y nagpalaboy-laboy sa mga ilang, at may suot na balat ng mga tupa at balat ng mga kambing; pinipighati, at mga salat, at tinatampalasan.” Oh!

128 Ang mga taong iyon, na naghihintay sa pagkabuhay na maguling iyan, at, dahil diyan, ay nangamatay sa pananampalataya, na taglay ang kanilang patotoo. At sa umagang iyon ng Pasko ng Pagkabuhay, ang batas na iyan ng Diyos, na binigkas ang Salita sa pamamagitan ni Job at ng iba pang mga propetang iyon, nabuhay sila mula sa mga patay. Oh, naku! Hayan na. Maging ano pa man ang mga kalagayan!

129 Ang ibang mga tao ay nagiging labis na inaalala ang pagkakasala, na anopa’t ayaw nilang harapin ang anumang kahatulan. Oh, maraming mga tao! Hindi naman mahirap mamatay. May kung sinong mawawala sa kanilang katinuan, kung ano pa man, at gagawa ng bagay na wala sa katwiran. Ang iba sa kanila ay ipinapasunog ang kanilang mga katawan, dadalhin doon sa dagat at ihahagis ang mga abo sa apat na sulok nito, sa apat na hangin ng dagat. Hindi niyan mapipigilan ang kahatulan. Hahantong pa rin kayo doon, gayun pa man. Siyanga, po. Kita n’yo? Kahit na ano pa man, maging ano pa man ang mga kalagayan, kakatagpuin mo pa rin ang Diyos, sa kung saan man. Haharap ka talaga sa Kanya. Kailangan mong harapin Siya. Kita n’yo?

130 Dahil (Bakit?) bumigkas na Siya ng isang Salita, at naglagay ng isang batas kasama ng Salitang iyan. At ang naturang batas ay ang Sarili Niyang batas, ang Sarili Niyang Buhay, sa likod Nito. Iyan ang dahilan kaya sumumpa Siya sa Kanyang Sarili; wala nang higit pang mataas. Kita n’yo? Kailangan Niya, na manumpa, dahil walang kasunduan ang mapapagtibay

nang walang panunumpa. At ang tanging paraan para magawa Niya, bago Niya gawin, ay akuin Niya Mismo iyon, at Siya Mismo ang maging Panumpa. Oh, kapatid! Nang, ang Diyos ay nagkatawang-tao at siyang naging Panumpa, ginawa Niyang Panumpa ang Kanyang Sarili.

¹³¹ At sa pamamagitan ng Sarili Niyang kamatayan, pagkalibing, at pagkabuhay na mag-uli, pinatunayan Niya na ang Kanyang mga batas ay tama. Sabi, “Gibain ninyo ang gusaling ito, itatayo Ko itong muli sa loob ng tatlong araw.” “Ako,” panghalip panao, “Aking itatayo itong muli sa loob ng tatlong araw. Ibabangon Ko ito. Gibain lamang ito, at tingnan kung ano ang mangyayari.” Sapagkat, alam Niya ang batas ng Diyos. Alam Niya kung ano iyon. Alam Niya na iyon ay kailangang kumilos nang ayon sa Salita. Alam Niya na ang Salita ng Diyos ay nabigkas na sa pamamagitan ng isang propeta, at sinabing, “Hindi Ko hahayaan ang Aking Banal na makakita ng pagkabulok.” Iyon na 'yon. Iyon na 'yon.

¹³² Sa gayon, ang batas ng Diyos ay kailangang kumilos sa pamamagitan ng Salitang iyan. Tayo'y patungo na sa isang dakilang bagay sa ilang sandali. Kita n'yo? Kita n'yo? Kung saan, ang batas ng Salita ng Diyos, ang Batas ng Diyos, ay kasama ng Kanyang Salita.

¹³³ Ngayon, kung ang korte ay susulat ng isang salita, “Isang tiyak na *ganito-at-ganyang* bagay, isang kaparusahan, ang gawin ang *ganito-at-ganoon*.” Hayan. Ngayon, iyan ang salita ng korte, at ang batas ng korte ay ipinapatupad ang salita ng korte.

¹³⁴ At kapag may bagay na sinalita ang Diyos, at iyan ay isang batas. At ang Espiritu Santo ay naririto upang ipatupad ang batas na iyan, amen, para sa mananampalataya. Kailangan kayong itinalaga para magawa iyon, at kinakailangan na isang mananampalataya. Kailangang taglay ninyo ang pagkakakilanlan ng “mananampalataya.” May isang magsasabi, “May kapangyarihan ka ba?” Wala. Ngunit mayroon kaming kapamahalaan. Iyan nga. Hindi kapangyarihan; kundi kapamahalaan. Wala tayong sapat na kapangyarihan para gumawa ng anuman.

¹³⁵ Katulad ng sinabi ko kailan lang, isang maliit na pulis dito sa Louisville, na noo'y nakatayo doon. Mas maliit siya kaysa sa akin; talagang maliit na lalaki. Natatakpan na ng kanyang sumbrero ang kanyang tainga. At ang kotse... Oh, halos kalahati ng uniporme niya ang nakalaylay na sa kanya. Lumabas siya doon sa kalye. Ang maliit na baril, na parang laruan, nasa tagiliran niya, hawak niya ang isang maliit na batuta, isang maliit na silbato. Lumabas siya doon, may suot na isang pares ng puting guwantes. At ang mga—ang mga kotseng iyon, na ang iba sa mga iyon ay may makinang lakas na tatlong daan at limampung horsepower, ay humahagibis sa kalyeng

iyang, na parang—parang kidlat, basta na lang kumakaripas, kumakaripas. Aba, ang kawawang maliit na lalaking iyang ay hindi nga magagawang pigilan ang isang. . . Tiyak na hindi niya nga kayang pigilan ang isang nakawalang maliit na kabayo, mula sa lakas niya. Tiyak na hindi. Pero lumabas siya doon sa kalye, na ang malaking tsapang iyang ay kumikinang, hinipan ang silbatong iyang, at itinaas ang kamay na iyang. Kapatid, ang tatlong-daang lakas, horsepower na lakas ng mga motor, ay umingit ang mga preno, at lahat na ng iba pa. Hindi iyang sa lakas ng naturang lalaki. Iyang ay ang kapamahalaan na mayroon siya. Iyang nga.

¹³⁶ Iyang ang Iglesya. Maaaring isang pangkat ng mga “holly-roller,” kung turingan, o maging ano pa man ang gusto ninyong itawag dito, ngunit iyang ay ang kapamahalaan. Uh-huh, uh-huh. Ang kapamahalaan iyang na nasa likod nito. Iyang ang gumagawa niyang. Maging ano pa man ang mga kalagayan, kumikilos ang batas ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Ngayon, hindi ito kikilos sa pamamagitan ng inyong kredo. Kikilos ito sa pamamagitan ng Salita. Oo. Kikilos lamang ito sa pamamagitan ng Salita, iyang lang, ngayon, maging ano pa man ang kalagayan.

¹³⁷ Si Abraham, sa pagbasa natin kanina ng ating teksto, ang asawa ni Abraham ay kailangang ibalik. Bakit? Nagbigay ang Diyos ng pangako kay Abraham, at narito ang isang hari ay kinuha siya, para pakasalan, para maging asawa nito.

¹³⁸ Buweno, anong maaaring gawin nito? Ipatatay si Abraham, agad-agad. Iyang ang sinabi ni Abraham. “Isinasamo ko sa iyo, sabihin mong. . .” Matapos na makita niya na—na napansin siya ni Abimelec, ang Filisteong hari na iyang doon. Sabi niya, “Ngayon, ikaw—ikaw, isinasamo ko sa iyo, sabihin mong ako ay kapatid mong lalaki. Dahil kung. . . ikaw ay magandang babae.” At sabi, “Ngayon, kapag nakita ka niyang maganda ka, at ako’y—ako’y—ako’y—ako’y papatayin, dahil kukunin ka niya at pakakasalan ka.” At kaya napansin nga ni Abimelec ang babae, at dinala ito ng kanyang tauhan.

¹³⁹ Isa siyang magandang babae. At, siyanga pala, siya ay isandaang taong gulang lang naman. At siya—siya. . . Ipinakita lamang ng Diyos kung ano ang gagawin Niya sa ating lahat, sa pamamagitan nila. Nalalaman ninyo, naituro ko na ang lahat ng iyang, sa aking paksa at sa mga teyp, at iba pa, na pinatutunayan iyang sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Talagang eksakto. Sinabi Niya, sa pamamagitan nina Abraham at Sarah, kung ano ang gagawin Niya sa buong sangkatauhan. Tama iyang.

¹⁴⁰ Ngayon, hayun nga siya, at kaya kinuha siya ni Abimelec upang maging asawa nito. Ni Abimelec, at kaya talagang handa na ito ngayon, na kunin siya upang maging asawa nito. At (ano?) sinabi ng Diyos kay Abraham, “Kay Sarah ka magkakaroon ng sanggol na ito,” at heto ang isang bata pang lalaki na kukunin na

siya. Heto naman si Abraham, halos mga isa- . . . halos isandaang taong gulang na rin ngayon, na naroon.

¹⁴¹ Ngunit, sa pamamagitan niyan, pansinin ninyo kung ano ang sinabi ng Diyos diyan. “Oo, nalalaman Ko ang katapatan ng iyong puso. Iyan ang dahilan kaya iningatan Kita na huwag kang magkasala laban sa Akin. Subalit isauli mo ang babaeng iyan; sapagkat ang asawa niya ay isang propeta. Hayaan mo siyang manalangin para sa iyo. Kung hindi mo gagawin, lilipulin Ko kayo sa ibabaw ng lupa.” Hayan na.

¹⁴² Ano? Ang Salita ng Diyos ay kailangang manatili. Walang lalaking maaaring gumalaw kay Sarah. Nakapangako na ang Diyos.

¹⁴³ Si Sarah, isang tipo ng Iglesya, ng tunay na Iglesya, ang malayang Iglesya, ang malayang babae na may isang malayang-Anak, na tipo ng ipinangak na muling Iglesya na taglay ang pangako. Hayaang sabihin nila ang anumang gusto nilang sabihin; tawagin itong “holy-roller, kapanatikuhan.” Pinilit nilang pigilan Ito mula pa noong Pentecostes, at kailanman ay hindi nila iyon magagawa. Hindi, po. Dahil manatiling. . . Huwag n’yo talaga Itong galawin. Iyan lang. Kukunin ng Diyos iyan at may mahalagang bagay na gagawin Dito, na kasing tiyak lamang na gaya ng pagkakatayo ko rito. Dadako na tayo mismo sa kapanahunan nito, ngayon, sa ilang sandali. Tulungan nawa ako ng Diyos, patutunayan ko ito sa inyo, kung nasaan na tayo. Tama. Kayo’y. . . Hinding-hindi nila makakayang sirain ito. Hindi ito maaaring masira. Tama iyon.

¹⁴⁴ “Huwag mo siyang galawin.” Bakit? Diyan manggagaling ang natural na binhi. Kailangang dumating ang natural na binhi. Kung ito ay. . . Kung pinakasalan ni Sarah itong ibang lalaki, ang binhing natural ay hindi sana ipinanganak.

¹⁴⁵ Kaya kung pinakaingatan ng Diyos ang daan para sa binhing natural, gaano pa kayang higit ang para sa espirituwal, na Maharlikang Binhi, na iningatan Niya!

¹⁴⁶ Satanas, ibalik mo sila. Pakawalan mo sila. Huwag mo silang sakalin diyan sa mga organisasyong iyan at mga gayung bagay. Sila’y mga taong malaya. Huwag mo silang pakialaman. Oo. Pakawalan mo sila, ang Maharlikang Binhi.

¹⁴⁷ Ngayon, ang Diyos na nangungusap tungkol sa pagpapanauli, ngayon, dito sa Joel ay nangungusap siya tungkol dito. Nakapangaral na ako tungkol dito, minsan noon, at tinalakay ito sa ibang anggulo. Tungkol sa. . . Hindi lubusang natalakay ito, na gaya ng balak kong gawin ngayon, at walang sapat na panahon na gawin ito kung saan ito ay dapat na magawa. Ngunit nangungusap ang Diyos dito, sa Joel. Tungkol sa. . .

¹⁴⁸ Nangungusap ang Diyos tungkol sa Kanyang Punongkahoy na namumunga na Kanyang itinanim. Nagtanim ang Diyos ng

isang Punong namumunga. Itinanim Niya Ito noong Araw ng Pentecostes, at dinala Niya doon ang Puno na iyan para sa isang layunin. Gusto Niyang ipamunga Nito ang Kanyang bunga, ang Salita, ang Salita ng Diyos. Ang nais Niya ay isang Iglesya na tutuparin ang Kanyang Salita. Sa lahat ng kapanahunan, nabigo si Eba na tuparin Ito, nabigo ang mga Judio na tuparin Ito, nabigo ang kautusan, ang lahat ay nabigo, kaya nagtanim ang Diyos ng isang Puno para sa Kanya. Isang Puno!

¹⁴⁹ Ngayon tandaan, may dalawang punongkahoy noon sa halamanan ng Eden. Alam natin iyan. Tawagin ninyo sila anuman ang gusto ninyong itawag. Mayroon akong palagay. Ngunit, ganun pa man, ang isa sa mga iyon ay isang puno na nadungisan; nadungisan iyon. At 'yung Isa naman ay hindi nadungisan; ang Punongkahoy ng Buhay na iyan ay galing sa Diyos, mula sa Langit. Ang sabi Niya, "Ang mga magulang ninyo ay nagsikain ng manna, at nangamatay na. Ngunit ang Puno na ito, kumain kayo rito, at mabubuhay kayo magpakailanman." At binantayan ng Anghel iyang Punongkahoy ng Buhay, na mula sa halamanan ng Eden, iningatan Ito sa loob ng Eden. Ang Punongkahoy ng Buhay na iyan ay nasa Eden, ngayon, sa espirituwal na pananalita ngayon. Pansinin.

¹⁵⁰ Ngayon, noong ang Puno na ito na itinanim ng Diyos, Ito ay para magbunga ng siyam na iba't ibang uri ng bunga, siyam na iba't ibang uri; na nangangahulugang, siyam na espirituwal na mga kaloob, siyam na bunga ng Espiritu na lalaki sa siyam na espirituwal na mga kaloob. Iyon ang Puno ng Diyos. Itinanim Niya Ito sa lupa noong Araw ng Pentecostes.

¹⁵¹ Ngayon tumigil tayo. Laging limitado sa panahon. Lalampasan ko na dito ang ilang Kasulatan, at dadako na rito sa Mga Awit, sa una. Nakita ni David ang Puno na ito, matagal na panahon na. At sa pagsusulat niya ng mga awit na para sa bagay na may kagalakan, iyan ang unang bagay na isinulat niya. Nakita niya itong naturang Puno, at Ito ay "itinanim sa siping ng mga agos ng Tubig." Ang Puno na ito! Siya!

At siya'y magiging parang punong kahoy, punongkahoy ng Diyos, na itinanim (saan?) sa siping ng mga agos, mga agos (maramihan), ng mga agos ng tubig (isahan) . . .

¹⁵² Hindi isang Methodist, Baptist, Presbyterian, Lutheran, kung ano pa man. Hindi, hindi. Huh-uh. Mga agos lamang ng iisang Tubig; siyam na espirituwal na mga kaloob sa iisang Espiritu. Siyam na bunga ng Espiritu na nagmumula sa iisang daluyan.

. . . siya'y magiging parang punong kahoy na itinanim sa siping ng mga agos ng tubig.

¹⁵³ Nakita nga ito ni David, at nagsalita siya. Sinabi niya, "Mapalad ang taong iyan." At pansinin n'yo, sinabi niya na hindi

siya mamamatay. “Ang kanyang mga dahon ay hindi malalanta.” Hindi, hindi. Kahit maging ano pa ang gawin nila, hindi nila kailanman mapapatay ang Puno na iyan. Bakit? Ito’y naroroon sa kung saan siya itinanim. Iyan ang gumagawa niyan. Ito’y naroroon sa kung saan siya itinanim. “Itinanim siya sa siping ng mga agos ng Tubig.” Ngayon pansinin. Sinabi ni David, “Ang kanyang—ang kanyang mga ugat ay hindi mamamatay.”

¹⁵⁴ Alam n’yo, kumuha kayo ng isang punongkahoy, isang malaking matandang puno. Ako, noong bata pa ako, lagi akong lumalabas noon, at kami’y, kaming mga batang lalaki, lumalabas kami, at may isang malaking matandang puno kung saan kami dating umuupo sa lilim nito, malaking matandang punong beech. At umiihip ang mga hangin. At namamangha ako, para bang ang bagay na iyon, na napakayabong sa itaas, para bang ibubuwal niyon ang—ang naturang bagay na pabaliktad. Ngunit, alam n’yo, sa tuwing umiihip ang hangin sa isang puno, inuuga nito ang punong iyon, at pinaluluwag nito ang mga ugat, para magawa lang ng mga iyon na bumaon nang mas malalim pa at makakapit nang mas mabuti.

¹⁵⁵ At sa ganyang paraan, na ang panunuya, pagtatawa, pinagkakatuwaan ang isang Cristiano. Ang ginagawa nito, ay, niyuyugyog ng panunuligsa ang isang Cristiano, para gawin siyang manalangin pa nang husto, lumalim pa, makakapit pa lalo nang mabuti, nang sa gayon ay matagalan niya ang bagyo.

¹⁵⁶ Ngayon, ano kaya kung ang isang tao ay itinanim sa gayung bagay na gaya ng “sa siping ng mga agos,” kung saan ang mga bukal, siyam na iba’t ibang bukal ang pumapasok sa kanya? Oh, naku! Anong—anong pagkakapundasyon mayroon siya. At ang isang tao na itinanim sa siping ng agos, ng mga agos ng Tubig; isang Tubig, isang Espiritu, “Mayroong mga kaloob ng pagpapagaling, iisang Espiritu; mga kaloob ng pagpropropesiya, iisang Espiritu; ang lahat ay sa siya ring Espiritu, ngunit maraming mga kaloob.” Iisang Tagapagbigay.

¹⁵⁷ Ngayon, nakita siya ni David, at itinanim siya sa siping ng Punongkahoy na ito. Ngayon, hindi siya maaaring mamatay. Ngayon pansinin kung bakit. Mayroon siyang Buhay doon sa mga ugat. Saan naroroon ang mga ugat, o, ang buhay ng punongkahoy? Nananatili doon sa mga ugat. Tiyak nga. Pumapaitaas at ibinubunga ang bunga nito. Hayan.

¹⁵⁸ Masdan. Ang mga ugat niya ay may Buhay sa loob ng mga iyon, upang ipamunga ang Kanyang bunga sa kapanahunan. Ngayon tandaan, ang Puno na ito ay hindi malalagasan ng bunga Nito.

¹⁵⁹ Ngayon, humugot kayo ng isang puno at ilayo ito mula sa tubig. Malalaman mo na lang, maliliit na lang na mga mansanas ang makukuha mo. Ang lahat ng mga iyon ay pawang mabuko at inuod na. Ngunit malalagasan ito—ng—ng bunga nito.

¹⁶⁰ Iyan ang nangyayari sa mga iglesya ngayon. Nagsilayo na kayo mula sa Ilog na iyan, nagsilayo na mula riyon sa mga kaloob ng Espiritu. Mayroon na lamang silang isang iglesyang natural. At lumalayo sila sa espirituwal na mga kaloob at sa espirituwal na mga bagay, at nalalagasan sila ng kanilang bunga. Anong ginagawa nila? Ang kanilang—ang kanilang mga mananampalataya ay namumuhay kasama ng sanlibutan, na kumikilos tulad ng sanlibutan, nagnanakaw, nandaraya, nagsisinungaling, naninigarilyo, nag-iinom, nagsusugal, nagdaraos ng mga bunco party sa iglesya, para mabayaran ang mangangaral, at lahat na ng iba pa, mga soup supper, mga sayawan. Kita n'yo? Itinatapon nila ang kanilang bunga. Katulad lamang ito ng sanlibutan.

¹⁶¹ At titingin ang di-mananampalataya at sasabihin, “Wala namang pagkakaiba sa taong iyan at sa akin.”

¹⁶² Iyan ang naging sanhi ng paglitaw ng komunismo sa Russia. Iyan ang dahilan kaya sinunog nila ang simbahang Katoliko sa . . .

¹⁶³ Doon sa Mexico, noong ako ay naroon at nakita ang mga hukay na lupang apog na iyon, kung saan ang mga iyon, at ang mga lugar na iyon kung saan sinunog nila ang mga maliliit na sanggol na iyon, kung saan ang mga madreng iyon ay nanganak ng mga sanggol na ito. Maging mga katawan pa nga ng tao, hustong katawan ng tao ang naroon, sa mga hukay na lupang iyon. Anong ginawa nila? Itinapon nila ang kanilang bunga, kita n'yo, at niyugyog ang mga iyon ng Diyos para malaglag sa punongkahoy. Iyon lang. Kita n'yo?

¹⁶⁴ Ngunit ang isang tao na itinanim, hindi itinusok, kundi itinanim sa siping ng mga agos ng Tubig, ipamumunga niya ang Kanyang bunga (masdan) sa kanyang . . . ang Kanyang bunga sa kanyang kapanahunan. Binabasa n'yo ba? Mga Awit 1.

Mapalad ang tao na . . . hindi nauupo sa upuan ng mga manglilibak, tumatayo sa daan ng mga makasalanan.

. . . siya'y magiging parang punong kahoy na itinanim sa siping ng mga agos ng tubig, siya ay magbubunga sa kaniyang kapanahunan; . . . at anumang kaniyang gawin ay giginhawa.

¹⁶⁵ Kita n'yo? Pansinin, “Ang masama ay hindi gayon; at hindi siya tatayong kasama nito sa paghatol.” Kita n'yo?

¹⁶⁶ Ngayon, “Ipamumunga niya ang Kanyang bunga sa kanyang kapanahunan.” Masdan ang bawat “kanya,” ang panghalip panao diyan. Iyon—iyon ay Kanyang bunga, bunga ng Diyos, sa kapanahunan na—na ibinubunga Ito ng propeta. Ito ay sa kapanahunan ng propeta. Ang bunga ng Diyos, sa panahon ng Diyos, sa pamamagitan ng kapanahunan ng propeta. Kita n'yo? “Ipamumunga niya ang Kanyang bunga sa kanyang kapanahunan.” Tingnan kung hindi nga ba't dalawa ang

“kanya” diyan. “Ipamumunga ang Kanyang, ang bunga ng Diyos, kita n’yo, sa kapanahunan na pinagtalagahan ng pagdating ng mensahero.” Ipamumunga niya ang mga iyon. Ngayon tandaan iyan. Ang mensahero na ipinamumunga ang bunga ng Diyos, ay ipamumunga ito sa kapanahunan ng Diyos, sa kapanahunan ng tagapagbunga. Kita n’yo? “Ipamumunga niya ang Kanyang bunga sa kanyang kapanahunan.” At hindi Ito malalanta. Bakit? Mayroon siyang itinalagang bunga diyan. Hindi nito masisira Ito, dahil sa Ito’y itinalaga.

¹⁶⁷ Ngayon, Efeso :5, 1:5, pala. Sinabi nito, “Nauupong sama-sama sa Sangkalangitan kay Cristo Jesus.” Anong nangyari? Sinabi niya, “Ang Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang paunang kaalaman, ay itinalaga tayo sa pagkukupkop bilang mga anak ng Diyos, sa pamamagitan ni Jesus Cristo.” Ang Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang paunang kaalaman, ay itinalaga ang lahat ng bagay na mangyayari hanggang doon sa dulo. Sa pamamagitan ng Kanyang paunang kaalaman, ay nakita na Niya iyon sa una pa lang. Samakatwid, mula sa pasimula, ay magagawa na Niyang sabihin ang wakas.

¹⁶⁸ Samakatwid, iyon ay itinalagang bunga na nasa—sa ugat ng Puno na ito. At ang Puno na ito ay hindi malalanta, dahil sa Ito ay may iniingatang itinalagang bunga. Ngayon, iyan ang Puno na tinukoy ni Joel dito. Kita n’yo? Hindi Ito mamamatay. Kinain Ito ng mga uod, ngunit hindi Ito maaaring mamatay. Sa ugat Nito, ay taglay Nito ang itinalagang Katotohanan. Taglay Nito ang Salita ng Diyos, nitong Puno ngang ito. At ang Puno na Ito ay—ay ang Puno na iyon, ang tanging daan, Ito—Ito ay inilagay doon sa halamanan ng Eden.

¹⁶⁹ Lahat ng mga puno, sa pamamagitan ng babae, ay namamatay. Namamatay tayong lahat, sa pamamagitan ng babae. Sa pamamagitan ng kapanganakan, namamatay tayong lahat. Ngunit sa pamamagitan ng babae dumating ang kamatayan, sapagkat ang kapanganakang ito ay dumarating sa pamamagitan ng babae. Hayan. Kung gayon, *ito* ay dapat na mamatay, dahil sa kasalanan.

¹⁷⁰ Subalit ang Kapanganakan, ang bagong Kapanganakan na nagmumula kay Cristo, ay hindi maaaring mamatay. Iyan ay ang isang Puno, at ’yung isa ay iba namang puno. Kita n’yo? At ang Puno na ito, bagaman Ito’y inusig, pinagtawanan, mula pa noong pinaka pasimula ng halamanan ng Eden, hindi Ito maaaring mamatay. Ito’y itinalaga. Ito’y binugbog at pinalo, at, naku, lahat na ay ginawa na Dito. At anong nangyari? Hindi Ito maaaring mamatay. Ang kanyang . . . hindi siya mamamatay. Hindi siya maaaring mamatay, dahil taglay niya sa loob niya ang itinalagang Salita ng Diyos. Kailangan Nitong lumitaw, sapagkat ang Kanyang bunga ay nasa mismo na niyang kapanahunan, itinalagang kapanahunan. Na, kahit ano pa man . . .

¹⁷¹ Nakita ni Joel ang bawat isa sa mga iyon, na kinain na hanggang sa pinakababa. Ngunit sinabi Niya, “Aking isasauli, sabi ng Panginoon,” sapagkat ang pagkakatalaga ng Diyos ay nasa mga ugat ng naturang Puno. Kailangan Nitong lumitaw, dahil taglay Nito ang itinalagang Salita ng Diyos. Hmm! Oh, kamangha-manghang Puno! Naku!

¹⁷² Ang Puno na iyan, nagsimula Itong tumubo doon sa Eden. Anong nangyari? Mayroon noong isang dumating na pangkat, mula sa mga anak ni Cain, may kung anong mga insekto ang nagsidating at kinain Ito hanggang sa tangkay. At kumuha ang Diyos ng bunga mula Rito, at inilagay Ito sa loob ng daong at isinama Ito. Tama. Hanggang sa ngayon, ay ganun pa rin ito, patuloy doon sa mga angkan ng kahatulan; sa Israel, hanggang ngayon.

¹⁷³ At pagkatapos sa Pentecostes, kung saan ang Iglesia bilang Punongkahoy na Nobya, Kanyang—inilagay Niya sa kaayusan, noong Pentecostes, ang Punongkahoy na itinalaga upang ipamunga ang Kanyang bunga sa kapanahunan. Ngayon, sa pagpapatuloy nang mainam, ang mga bunga ay nabubuo noon nang sadyang mainam. Namukadkad Ito noong Araw ng Pentecostes. Tingnan natin kung ano ang nangyari noong Araw ng Pentecostes. Sinabi ni Jesus, “Ang mga gawa na ginawa Ko ay gagawin din naman ninyo.” Nagpagaling sila ng mga maysakit. Ngayon, noong Araw . . . tingnan natin kung papaano ito nagsimula. Noong Araw ng Pentecostes, ilang araw pagkatapos ng pagkabuhay na mag-uli, limampung araw pagkatapos ng Pasko ng Pagkabuhay, may dumating na isang—may dumating na isang—isang humahagibis na Hanging malakas, mula sa Langit.

¹⁷⁴ Ngayon, sa panahon ngayon, ginawa na natin itong iba. Tatayo ang ministro at kukuha, sasabihin, “Ilagay ko ang pangalan mo sa aklat.” Kita n’yo? O kaya isang binata na ang kanyang kuwelyo ay nakabaligtad, ang sabi, “Lumapit ka rito at tanggapin mo ang ostiya. Iyan, kung gayon, magiging miyembro ka na ng iglesia.” Hindi ba’t kakaiba iyan? Sinasabi ng ministro, “Halika umanib ka sa aming grupo.” Aba, pareho silang mali.

¹⁷⁵ “Noong Araw ng Pentecostes, may dumating na mula sa Langit,” (hindi mula sa pulpito, doon sa may kalye) “mula sa Langit, isang” (Ano? Isa bang pari? [Sinasabi ng kongregasyon, “Hindi.”—Pat.] Hindi. Isa bang ministro? Hindi. Ano ba iyon?) “isang ugong na tulad ng isang humahagibis na Hanging malakas, at pinuno Nito ang buong bahay kung saan sila naroroon. Mga dilang apoy ay dumapo sa kanila.” Nagpapautal-utal, hindi sila makapagsalita nang maayos, sadyang puspos sila ng kaluwalhatian. Pinuspos sila ng Banal na Espiritu. Doon sa mga lansangan ay nagsilabas sila, na nagsasalitang mabilis na parang nauutal na. Sadyang, at kumilos na tulad. . .

176 Maging ang marangal na kongregasyon ay nakatayo doon sa labas at nagsabi, “Buweno, ang mga taong ito ay lasing sa bagong alak. Lasing silang lahat. Tingnan ninyo silang mga kalalakihan at kababaihan, kung papaano silang pasuray-suray at kung anu-anong pinaggagawa.”

177 Ngayon, iyan ay GANITO ANG SABI NG ESPIRITU. Iyan ay ang Kasulatan. Ganyan kung papaano naorganisa ang Iglesia; hindi naorganisa, kundi itinalaga. Maraming pagkakaiba sa dalawang salitang iyon. Pansinin. Hayun sila.

178 Ngayon, at alam ba ninyo, kayong mga taong Katoliko? Ang pinagpalang birheng Maria ay kasama nila. Oo. Ngayon, kung hindi hahayaan ng Diyos si Maria na makapasok sa Langit nang hindi pa natatanggap ang Banal na Espiritu, papaano kayo makakarating Doon, kung anuman na wala Ito? Ngayon pakaisipin lamang iyon. Tama 'yon. Si Maria ay kasama nila noon. At kinailangan niyang maghintay doon sa itaas hanggang sa mawala na sa kanya ang lahat ng kanyang karangalan at kapurihan, na puspos ng Espiritu.

179 At heto silang dumarating, na kumikilos na parang mga taong lasing. Sinabi ng Biblia na ganoon nga sila. Sinabi ng mga iyon, “Ang mga taong ito ay lasing sa bagong alak.”

180 Ngunit, si Pedro, ang tagapagsalita, ang ministro sa grupo, ay tumayo at nagsabi, “Ang mga ito ay hindi lasing sa bagong alak, na gaya ng inyong inaakala, yamang ngayo'y oras na ikatlo lamang ng araw. Datapuwa't ito'y yaong sinalita na sa pamamagitan ng propeta Joel.” Ang siyang binasa ko ngayong araw. “At mangyayari sa mga huling araw, sabi ng Diyos, ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman; at ang inyong mga anak na lalaki at babae ay magsasalita ng propesiya. At magpapakita Ako ng mga kababalaghan sa langit sa itaas, at sa lupa, ng mga tanda. At mangyayari, na ang sinomang tumawag sa Pangalan ng Panginoon ay maliligtas.”

181 Ngayon, nangaral si Pedro noong Pentecostes, ayon sa siya ring propeta na ipinapangaral ko ngayon: itinanim ang Puno na ito. At diyan niya Ito itinanim. Oh, naging mainam Ito. Lumabas sila at mayroong espirituwal na mga kaloob. Nagpagaling sila ng mga maysakit. Nangaral sila. Itinapon sila sa bilangguan. Handa silang magdusa alang-alang sa Salita.

182 Kung nagpunta ka sa ibang bansa bilang isang hindi alam ang paninindigán, hindi ka magiging isang mabuting Amerikano, kung nagpunta ka doon. Kung magpupunta ka ngayon sa Japan, pupuslit ka sa kabilang linya, sasabihin, “Makinig kayo, mga kasama. Kakampi ninyo ako. Alam n'yo ba? Kakampi ninyo ako, pero doon lang ako sa kabila.” Ikaw, na traydor, dapat kang barilin. Tama 'yon. Isa kang traydor. Tiyak nga.

¹⁸³ At kaya ganyan din naman ito, ang isang tao na nalalaman ang Salita ng Diyos, at makikipagkompromiso tungkol Dito dahil sa sinabi sa kanya ng isang kung anong organisasyon na kailangan niyang gawin iyon sa ganoong paraan. Isa iyang traydor. Tama.

¹⁸⁴ Ngunit ang mga taong ito ay hindi mga traydor. Hindi mahalaga sa kanila kung gaano, buweno, kung papaano sila kumilos, kung papaano ang inuugali nila sa iglesia: humihiyaw, at umiiyak, at sumisigaw, at—at mabilis na nagsasalita ng mga wika na para bang sila ay nakikipag-usap sa isa't isa at hindi magkaintindihan. Silang mga tao doon sa mga naroroon na mga taga-ibang bansa at may ibang wika ay nagsimulang marinig kung ano ang kanilang sinasabi. Hindi alam ng mga ito kung ano ang kanilang sinasabi; mabilis kasi silang nagsasalita. Pero ang ibang tao doon ay naunawaan iyon. At sinabi ng mga ito, “Ang mga taong ito ay tiyak na lasing na.”

¹⁸⁵ Ngunit sinabi ni Pedro, “Hindi sila mga lasing, kundi sila’y puspos ng Espiritu.”

¹⁸⁶ Kaya, iyon, bawat isa sa kanila ay humantong sa pagkamartir, maliban kay Juan, at siya ay sinunog noon, nang dalawampu’t apat na oras sa isang malaking kawa ng langis, at ni hindi nila magawang sunugin ang Espiritu palabas sa kanya. At pagkatapos ay namatay siya ng isang natural na kamatayan, ang tanging isa, ang tagapagpahayag na si Juan. Ngayon, tama ’yan.

¹⁸⁷ Pansinin ngayon kung ano ang nangyari. Dito, ang Diyos ay nagtanim ng isang Puno, upang magbunga ng siyam na espirituwal na mga kaloob, mga kaloob ng Kanyang Espiritu. Ang siya ring Espiritu na na kay Cristo ay dumating sa Iglesia, may Buhay na Walang Hanggan. Ngayon, ang mga kaloob ng Espiritu ay nasa Iglesia, at Ito ay lumalago noon, namumunga, sa lahat ng dako. Hindi nila inisip ang sarili nila. Hindi sila nag-organisa ng kahit ano. Nagpatuloy lamang sila at mga magkakapatid. Wala silang . . .

¹⁸⁸ Natutuwa ako na nariyan ang munting bagay na iyan, “Walang kredo kundi si Cristo, walang batas kundi pag-ibig, walang aklat kundi ang Biblia.” Iyan ang paniniwala ko. Kita n’yo? At ganyan sila noon. Ang mundo ang ating parokya, kita n’yo, saan mang dako.

¹⁸⁹ Kaya, pansinin, ang mga taong ito noong ginagawa nila iyon, talagang maluwalhati ang iglesia noon. At kasama nila ang Diyos noon, sabi ng Biblia. At kinatagpo sila ni Jesus bago Siya umakyat paitaas. Sinabi Niya, “Humayo kayo sa buong sanlibutan, at ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng nilalang. Lalakip ang mga tandang ito sa kanila na nagsisisampalataya; sa Aking Pangalan . . .” Ngayon, “Ang mga tandang ito.”

¹⁹⁰ Ngayon, sa panahon ngayon, ano bang uri ng tanda mayroon ang tinatawag nating mananampalataya? Nakikipagkamay siya sa pastor. Kaanib siya sa iglesya. Nasa aklat ang pangalan niya dahil naroon din ang pangalan ng nanay niya, o naroon din ang pangalan ng tatay niya sa isang aklat. Pero hindi iyan ang sinabi ni Jesus. Ang sabi ni Jesus, “Ang mga tandang *ito*.” Iyan ang iglesya, na natural.

¹⁹¹ Ang pinag-uusapan natin ay ang Iglesya, na espirituwal. Ang pinag-uusapan natin ay isang espirituwal na Punongkahoy, hindi isang natural na punongkahoy. Papunta na tayo diyan sa dalawang puno na iyan nang, maya-maya lang. Kita n’yo? Isang espirituwal na Puno! Sinabi ni Jesus, “Ang mga tandang *ito* ay lalakip sa kanila na mga manghahawakan sa Puno na *ito*. Ang mga tandang *ito* ay lalakip sa kanila na nanggagaling ang kanilang Buhay mula sa Puno na *ito*. Sa Aking Pangalan ay mangagpapalayas sila ng mga demonyo; magsasalita sila ng mga bagong wika. Kung makahawak sila ng ahas; o makainom ng mga bagay na nakamamatay, hindi iyon makakasama sa kanila. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, ay magsisigaling ang mga *ito*.”

¹⁹² Hayan ang uri ng mga tanda na sinabi Niyang lalakip sa mananampalataya. Nasaan na ba *ito* ngayon? Binigyan Niya ang sanlibutan ng isang halimbawa kung magiging ano ang—ang palatandaan ng isang mananampalataya. At sinabi Niya, “Mas mabuti pa na ang isang gilingang bato ay ibitin sa inyong leeg, at malunod kayo sa mga kalaliman ng dagat, kaysa sa magdala ng katitisan sa isa sa mga *ito*, sapagkat ang kanilang mga Anghel ay nangakakakitang palagi ng mukha ng Aking Ama na nasa Langit.” Ang mga Anghel!

¹⁹³ Pansinin ngayon. Hayun sila noon. At ang Puno ngang iyan ay naitanim. Gumagawa Ito ng dakilang gawa. Alam natin na humayo sila kung saan-saan, sa lahat na ng dako. Ang Panginoon. . .Aba, noong Araw ng Pentecostes, tatlong libong kaluluwa ang naidagdag, ang nabautismuhan, at napasa Iglesya. At gaano kadakilang pagkakaisa ang mayroon sila noon! At, lahat, walang sino man ang kinapos sa anumang bagay. Ang lahat ay mabait, may mabuting puso. At, sa isa’t isa, silang lahat ay isang malaking pamilya. Kahanga-hanga!

¹⁹⁴ At dumating, ang isang maliit, matanda, pangit-tingnan, na masiba-ang-mga-ngipin na uwang na nabubuhay sa apat na iba’t ibang yugto, gaya ng pagkakita sa kanya ni Joel. Itong insektong may apat-na-yugtong buhay, maninira, ay dumating upang sirain ang magandang Puno na iyan ng Diyos. Isipin n’yo ’yon. Ngayon, magbabasa ako mula sa kay Joel, kung ano ang sinabi niya. Joel, ang unang kabanata. Ang unang bagay. . . Ngayon, mayroon doon ngayong apat na iba’t ibang mga uwang, ngunit doon, iyon ay iisang uwang lang talaga. Iyon ay iisang uwang na nasa apat na iba’t ibang yugto. Ngayon masdan. Itong

maliit, na matandang uwang ay dumating, para dito sa Ig- . . . para dito sa malaki't magandang Puno ng Diyos. Tatawagin natin itong Puno, na siyang Iglesya.

¹⁹⁵ Ang una ay isang tipaklong. Iyan ay isang maliit na bagay, isang napakaliit lamang na insekto ng isang uod. Anong ginawa niya, ng tipaklong na iyon? Dumating siya para sirain ang bunga ng Punong iyan. Iyan ang unang bagay.

¹⁹⁶ Ngayon bumalik tayo sa kasaysayan at tingnan kung ano ba 'yung unang bagay: ay isang—isang pangkat ng marangal ang nakisalamuha noon sa mga pangkaraniwang tao. At sinabi nila, “Aba, ito ay mabuti na napapagaling ninyo ang mga maysakit, at nagagawa ninyo ang mga bagay na ito. Iyan ay kamanghamangha. Kaya, alam ba ninyo kung ano ang dapat nating gawin? Dapat tayong pumaroon sa kung saan mauunawaan ito ng mga mas bigating uri ng mga tao, ng mas mainam na uri: ang meyor, ang—ang mga huwes, at iba pa, at ang—ang—ang mga mararangal ng bayan. At hangga't kumikilos kasi kayo na gaya ng mga ginagawa ninyo, hindi sila kailanman lalapit sa inyo. Kita n'yo? Natatakot sila sa inyo.”

¹⁹⁷ [May isang nagsabing, “Ganoon pa rin sila.”—Pat.] May isang nagsabi na, “Ganoon pa rin sila.” Palagay ko iyan ay sadyang tama. Kaya, tama iyon. Takot sila sa Espiritu Santo. Pagpaumanhinan ako.

¹⁹⁸ Dati kong inaawit ang isang munting awitin:

It's the old . . .

Narinig n'yo na ba ang *The Old-Time Religion*? Mayroon ba ritong nakarinig na ng awit na iyan? [Sinabing kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

'Tis the old-time religion . . .

Dati kong inaawit ang isang munting awitin na tulad nito, mga taon na ang nakalipas. Sabi ko:

It's the old-time Holy Spirit,
And the devil won't go near It;
That's the reason people fear It,
But It's good enough for me.

It's so good I want no other,
For It makes me love my brother;
And It brings things from under cover,
So It's good enough for me. (Tama 'yan.)

It will make you stop your lying;
It will save you when you're dying;
It will start the devil flying,
And It's good enough for me.

¹⁹⁹ Tama 'yan. Iyan ang dahilan kaya ang mga tao ay hindi Ito gusto. Ngayon—ngayon, ang Diyos Ito.

200 Ayaw nila kay Jesus. Sinabi nila, “Ang lalaking ito?” Ang iglesya, ang malaking marangal na iglesya, ay nagsabi, “Naparito ka para sabihin kung sino kami? Para sabihin namin sa iyo, kami’y Dr. Ph.D., L.L., Q.U.S., at,” naku, “lahat ng ito.” O kaya, “Aba, ako ang punong saserdote. Ako’y *ganito, ganyan, o iba pang ganoon*. At ikaw magsasabi sa akin? Aba, ipinanganak ka sa kasalanan. Ikaw ay walang iba kundi isang anak sa labas. Ang iyong ina ay dapat sanang, ay dinadala ka na noon, bago pa ikaw at ang iyong ama. . . ang ama ay bago pa nakapag-asawa.”

201 Sinabi Niya, “Sino ang makasusumbat sa Akin ng kasalanan?” Kita n’yo? “Sino ba ang makasusumbat sa Akin?” Hayan. Ang *kasalanan* ay “ang hindi pagsampalataya sa Salita ng Diyos.” Sa madaling salita, sabi Niya, “Ipakita ninyo sa Akin kung saan Ko hindi tinutupad ang Salita, nang—nang—nang ganap, mismo kung saan Ito ay dapat na matupad. Ipakita ninyo sa Akin sa Kasulatan, kung saan ang mga kaarawan Ko. Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung gayon ay huwag ninyo Akong sampalatayanan.” Sabi, “Ngayon, inaangkin ninyo na kayo iyon. Ngayon tingnan natin na ginagawa ninyo iyon.” Oh, naku!

202 “Magmula nga noon ay hindi na nila Siya tinanong pa.” Kita n’yo? Pinabayaan na nila Siya. Katulad ng, ang diablo ay lumapit sa Kanya. Sinabi ko na, akala niya siguro siya’y basta na lang makakalapit, din naman. Ngunit, napag-alaman niya, na mayroong isang milyong boltahe sa Kawad na iyan. Lumundag siya paalis mula sa Isang iyan, kaagad-agad, alam n’yo, dahil sa hindi niya kaya Iyan. At iyan ang isang bagay na tiyak.

203 Kaya itong maliit na tipaklong ay dumating, para alisin ang mga bunga. Mayroon akong dalawang pahina ng tungkol sa “mga bunga.” Gusto ko lang basahin ang ilan nito. Unang-una, ang unang bunga na inalis niya, ay ang pag-iibigang magkakapatid. Tama iyon. Iyan ang isa sa mga bagay na pumapatay sa iglesya doon mismo, ay kapag ang pag-iibigang magkakapatid. . . Siyanga, po. Pagkatapos, ang sumunod na bunga na inalis niya sa naturang Puno. . . Alalahanin, ang pag-ibig ang siyang unang bunga na nasa Puno. “Pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kabutihan, kababaang-loob, pananampalataya, pagtitiis,” tama iyon, “sa Espiritu Santo.” Ngayon, siyam na espirituwal na mga kaloob, kasama ng siyam na bunga ng Puno, at iba pa. Hayan. Ngayon, ang una, sinimulan niyang kainin ang bunga ng Puno.

204 Ngayon isipin natin ang larawan ng isang malaking Puno, ng Puno ng Diyos. Nagbubunga Ito ng siyam na espirituwal na mga kaloob. Nagpapagaling sila ng mga maysakit. Nagsasalita sila sa iba’t ibang wika. Nagpapalayas sila ng mga demonyo. Gumagawa sila ng mga dakilang gawa, at ipinapangaral ang walang-halong Salita ng Diyos. Walang denominasyon

na magtatali sa kanila; malaya sila, na gumagawa ng isang dakilang gawa.

²⁰⁵ Kaya, pumasok ang maliit na matandang diablo na ito, na nakaupong nasa nahan ang kanyang dalawang sungay, katulad ng isang tipaklong, alam n'yo na, at ang kanyang maliliit na matandang masibang mga ngipin. Iyan ang kanyang una, ang tipaklong, dumating siya para kainin ang pag-iibigang magkakapatid. Sinabi niya, "Alam mo, si *Ganito-at-ganyan* ay ginawa ang *ganito-at-ganyan*, doon sa iglesya ni *Ganito-at-ganyan*. Hindi ako maniniwala sa pulutong ng mga taong iyan." Kita n'yo? Hayun nga siya, ang unang-una.

²⁰⁶ Sumunod, gusto niyang kainin ang bunga ng pananampalataya, ang pananampalataya sa Salita. "Ngayon tingnan mo. Paano mo malalaman na iyan ay ang Salita? Naisalin na ito nang napakaraming beses!" Ang maliit na diablong iyan ay kumakain pa rin hanggang ngayon. Tama. "Ang Salitang iyan ay maraming beses nang naisalin! Siya'y *ganito, ganyan, o kung ano pa*. Oh, siya'y lahat na ng *ito*." Kita n'yo?

²⁰⁷ Ngayon, iyan ang isa pang bunga na kinain niya: ang kagalakan ng pagkakaligtas. "Shhh! Kayong mga tao ang ingay-ingay n'yo. Oh, naku! Naku!"

²⁰⁸ "Oh, papaano mo pa kaya nagagawang makapangaral, Kapatid na Branham?" sabi sa akin ng isang babae, minsan. Hindi, hindi pala. Isang lalaki pala iyon. Palagay ko siya'y. . . Sana'y naririto siya. Kabilang siya sa ibang iglesya. Pero sinabi niya sa akin, sabi, "Nandun ako para makinig sa iyo, nung isang araw, at ni hindi nga kita marinig, kasi nag-iiyakan ang mga taong iyon."

Sabi ko, "Kung sila. . ."

Sabi, "Papaanong nagagawa mo pang makapangaral sa gayon?"

²⁰⁹ Sabi ko, "Kung hindi nila ikinalugod iyon, hindi ako mangangaral doon." Tama iyon. Dati mayroon akong. . . kayo. . .

²¹⁰ Isang kaibigan ko, si Jim Poole, at ako, mayroon kami dating isang matandang aso. Fritz ang tawag namin sa kanya. At kaya ang matandang aso na ito, siya'y—lumalapit siya sa kahit anong sinusukol niya, maliban sa isang skunk. Takot siya sa skunk, dahil sa talagang mabaho ito. Kaya, kapag pinahuhuli ko siya ng isang skunk na nasa ilalim ng bunton ng sukul, ang tanging bagay na gagawin ko lang ay tapikin siya nang kaunti, sabihin, "Sige! Sige, bantay!" Huhulihin naman niya ang skunk na iyon, kita n'yo, dahil sa tinatapik ko siya, sinasabing, "Sugurin mo siya!"

211 Buweno, sadyang ganyan nga ito kapag ating . . . Iyan ay, ang pinakamabaho sa pagkakaalam ko, ay ang diablo. Kaya, kapag ipinapahayag ko ang Salitang ito, at may magsasabing, “Amen,” iyan ay, “Sige, bantay!” At ating—magagawa nating—masusukol natin siya.

212 Kaya, nasumpungan natin na inalis niya ang kagalakan. Alam n’yo, si David, minsan, ay naiwala niya ang kagalakan ng kanyang kaligtasan. Hindi niya naiwala ang kanyang kaligtasan, kundi naiwala niya ang kagalakan nito. Nagsumamo lang siya, “Panginoon, ibalik Mo po sa akin ang kagalakan ng aking kaligtasan.” Kita n’yo? Ang kagalakan!

213 Kaya itong maliit na matandang tipaklong ay nagsimulang kainin ang bungang iyan ng kagalakan. “Ngayon, tumingin kayo dito. Kayong mga tao kayo ang ingay-ingay n’yo. Sasabihin ko sa inyo, itong lahat ng mga pag-iiyak-iyak na ito, itong pagsasabi ng ‘amen,’ at itong pagsisigaw-sigaw na ito, walang kabuluhan iyan. Walang mapapala diyan.” Kita n’yo? Malalaman mo na lang, naroroon ka na pala sa isang malaking morge, alam n’yo, naroroon na, patay na silang lahat. Ang ilan sa mga pang-embalsamong likidong ito ng *tinaguriang* Doktrina, ng mga kredo ay itinurok na sa kanilang mga ugat kung saan ang Espiritu ng Diyos ang dapat na dumadaloy doon, kung saan ang lumang kredo ng iglesia na ang itinurok doon. Hindi katakatang sila ay mala-yelo na sa lamig at patay na. Sa espirituwal na termometro, siyamnapu sa ibaba ng sero. Oo. Kung may isang magsabi ng, “amen,” ang lahat ay iniuunat na ang leeg palingon sa paligid na parang gansa o kung ano, gustong malaman kung ano ang nagsabi niyon. Nakakahiya. Gayong, dapat sana ang Espiritu ng Diyos ay kagalakan, kapayapaan, pag-ibig. Ngunit itong maliit na matandang insekto ay nagsimulang kainan iyon. Kinain na nito lahat ang kagalakan.

214 At, pagkatapos, ang sumunod na bunga sa naturang Puno ay kapayapaan, kapayapaan ng pag-iisip, nalalaman na kayo ay ligtas na.

215 Sasabihin nila sa inyo, “Buweno, ngayon, kung bibigkasin mo ang kredo *namin*, ay ligtas ka na. Kung aanib ka sa *aking* iglesia, ay ligtas ka na.” “Buweno, ngayon,” sasabihin ng isang ito, “hindi ka ligtas kung pupunta ka *doon*. Kailangan mong umanib sa *aming* iglesia, para maligtas ka. Kailangan mong magsabi ng, ‘Aba Ginoong Maria.’ Kailangan mong maipalista ang pangalan mo sa aklat na *ito*. Kailangan meron kang . . .” Oh, naku! Aalisin nga niyan ang lahat ng kagalakan. Ngunit hindi iyan ang Puno ng Diyos; alam ninyo kung saan kayo naroroon. Iyan ay hybrid, sa tuwina.

216 Alam n’yo na ang kuwento ko tungkol sa mola. Isa siyang hybrid. Hindi niya kilala kung sino ang kanyang tatay, nanay, alin man, doon. Kita n’yo? Isa siyang hybrid. Pero, oh, ang isang

magandang tinalaang kabayo, kilala niya kung sino ang tatay at nanay niya, sa loob ng maraming salinlahi.

217 At ngayon, ang isang magandang tinalaang Cristiano, din, na merong Banal na Espiritu, alam niya na Ito ay bumaba noong Araw ng Pentecostes. Alam niya kung nasaan siya. Magagawa niyang sundan ang bakas ng kanyang salinlahi pabalik, ang kanyang talaan ng lahi, hanggang sa pinaka simula nito. Taglay Ito ni Pedro. Hanggang doon sa buong bansa, o mga lahi, taglay nila Ito, hanggang doon sa iba pa. Ang isang magandang tinalaang Cristiano ay nalalaman kung saan Ito nagmula.

218 Sasabihin, “Buweno, Lutheran ako.” “Huh! Presbyterian ako.” Oh, ikaw na hybrid! “Bakit hindi ka gano’n? Bakit hindi ka gano’n?”

219 “Buweno,” sasabihin ninyo, “ano—ano ka ba?” Ipinanganak na muli. “Ipinanganak muli, ng ano?” Ng Espiritu ng Diyos.

220 Iyan ang dahilan kaya hindi kayo hybrid. Ipinanganak kayong tama. Hindi ng isang kung anong kredo ng iglesya, kundi ng Espiritu ng Diyos. Ang Diyos ay nananahan sa inyo.

221 Ngayon pansinin. Ang matandang maliit na insektong ito ay nagsimulang kumain. Kaya, kinain niyang lahat ang kapayapaan ng pag-iisip, oh, at tuluy-tuloy, nang tuluy-tuloy, nang tuluy-tuloy, at oh, tuluy-tuloy hanggang sa iba pa. Mayroon akong isang pahina nito rito, lahat ng mga bunga, kung ano ang ginawa niya.

222 Pagkatapos ang maliit na insektong ito ay namatay, at siya’y naging isa nang balang. Iyan ang sumunod na yugto, ay isang balang. Ngayon, ano ba ang ginagawa ng isang balang? Kinakain ng balang ang mga dahon. Tama iyon. Kinakain ng balang ang mga dahon; kinain niya ang lahat ng bunga mula sa naturang Puno. Pagkatapos ano ang sumunod na nangyari? Dumating ang balang para kainin, kainin ang iniwan ng tipaklong. Ngayon, anong ginawa niya? Anong ginawa ng tipaklong na ito? Sinira ang mga dahon. Para saan ba ang mga dahon? Sirain ang Makalangit na pagsasamahan. Tama ’yon.

223 “Ngayon, siya’y—siya’y—siya’y Presbyterian. Hindi tayo magkakaroon ng anumang kinalaman sa kanya. Siya’y Nazarene. Siya’y Pentecostal. Siya’y *ganito*, *ganyan*, o *kung ano pa*. Hindi tayo magkakaroon ng anumang kinalaman sa kanya, dahil hindi siya kabilang sa ating grupo. Magdaraos ng pagtitipon dito, para sa pagpapagaling ng mga maysakit? Huh! Ni hindi nga naniniwala ang iglesya namin diyan.” Kita n’yo? Hayan na kayo. Siya, ano’ng ginawa ng maliit na matandang balang na ’yan? Pinutol niya ang lahat ng pakikisama, tama iyon, inalis ang lahat ng pakikisama.

224 Ano ba ang pakikisama? Ano’ng ginagawa ng mga dahon? Ginagawa itong mapresko, kung saan ang mga ibon ay lumilipad

sa silong ng mga dahon, “huh-huh,” magpalamig. Hayan na naman ang inyong punongkahoy. “At siya’y magiging parang Punongkahoy na itinanim.” Kita n’yo? Hayan. Kung saan ang mga tao ay makakapunta at maupo sa lilim ng pakikisama ng Espiritu Santo, magpalamig nang kaunti. Kung natataranta ka na, at hindi alam kung ano’ng nangyari; at kung ikaw man ay mamatay, kung ikaw ba’y ligtas o hindi. At hindi mo alam kung ang iglesya bang *ito* ay tama, o *iyon* ay tama. Pumaroon ka lang sa lilim ng Punongkahoy na may mga dahon Nito. Maupo roon. Hayaang ang mga Hangin na mula sa Langit ay magsimulang umihip, na tulad ng isang humahagibis na Hanging malakas, sa mga dahon, alam n’yo, nang tuluy-tuloy. Magsimulang. . . At magsisimula ka nang malamigan nang kaunti.

225 Sasabihin, “Oh, pupunta ako roon at sasabihin ko sa pangkat ng mga holy-roller na iyon kung anong palagay ko.”

226 Maupo ka lang sandali at malalamigan ka. Tama ’yon. Hindi mo magagawa ito sa iyong sarili. Dahil, anong problema? Inubos na itong lahat ng balang, sigurado, kinaing lahat ang mga dahon nito. Ngayon, iyan ay, mas mabuti pang magbilad ka na lang doon sa araw. Kaya, ikaw, wala kasi roong—wala kasing makapagpapalilim doon. Hayan. Ngayon, kaya mayroong. . .

227 Ngunit alam n’yo kung ano ang dapat nating gawin. Sinabi ng Biblia, na, “Ang itinalagang Iglesya, ang itinalagang mga anak ng Diyos,” (anong ginagawa nila?) “nakaupo sa Sangkalangitan.” Ano iyon? Kahinahunan, kaginhawahan, para kang nasa pamamahay mo. Amen.

228 Kung saan ang lahat ay nangakasuot ng tuxedo, at—at ang sumunod na lalaki ay sa *ganitong* bihis, at—at ang iba naman sa kanila ay manghahamak, sasabihin, “Huh! Tingnan n’yo. Ang babaeng ’yon ay di nga nakapagpakulot ng kanyang buhok. Ganun nga, hindi ba’t mukha siyang nakakatakot? Ni wala nga siyang Easter frown gown.” Ngayon, ha, iyan, kung ano man iyon, na suot, alam n’yo. Maging, kahit na. . . Oo. “Easter frown,” parang ganoon na nga, kita n’yo. Uupo doon sa likuran, at gaganito. . . [Iminumuwestra ni Kapatid na Branham—Pat.] Kita n’yo? “Ni wala ngang Easter. . . Aba, naku, tingnan n’yo ang lalaking iyon, ang siya ring lumang damit na suot niya noong nakaraang taon! Buweno, anong palagay mo diyan?” Hindi maayos ang pakiramdam mo, doon.

229 Sinabi ko sa isang munting babae, noong isang araw. Kawawang munting babae, kabilang siya sa isang malaking marangal na iglesya doon sa. . . Sinabi niyang. . . Siya’y nag-aagaw-buhay na noon, dahil sa kanser. Nagpunta ako doon para ipanalangin siya. Si Kapatid na Roy Roberson dito, isa sa mga katiwala, ang nagpapunta sa akin doon. At ang kawawang iyon na naroroon, nag-aagaw-buhay na sa kanser. At sinabi niya. . .

Sabi ko, “Ikaw ba’y. . . Ikaw ba ay isang Cristiano?”

²³⁰ Sabi niya, “Ginoo, ako—hindi ko alam kung anong sasabihin.” Sabi, “Nagsisimba ako noon dito sa *isang* iglesya *na ito*.” At sabi . . . At nagsimula siyang umiyak.

Sabi ko, “Ano’ng nangyari?”

²³¹ Sabi, “Hindi lamang ako makapagdemit nang maayos.” Sabi, “Naging mababa na ang tingin nila sa akin.” Huh! Oh, hayan na. Kita n’yo? Kayo’y—hindi kayo komportable. Kita n’yo?

²³² Ngunit sinabi ng Biblia na tayo ay dapat na “magkatipun-tipon sa Sangkalangitan.” Oh, naku! Ano? Lahat magkakapareho. Bakit, sasabihin ko sa inyo kung ano ang gagawin nito. Gagawin nito ang isang . . . Gagawin nito ang isang naka-oberol at isang nakadamit ng tuxedo na magyakapan sa isa’t isa at tawagin ang bawat isa na kapatid. Tiyak magiging ganun. Gagawin nito ang isang naka-lumang damit na kaliko na yumakap sa isang naka-seda, sa isang naka-satin at sasabihin, “Kapatid na babae, kumusta ka ngayong umaga? Purihin ang Diyos!” Tama ’yon. Magkakaganito nga. Ito’y kagalakan, kapayapaan, pag-ibig, pananampalataya sa Salita, pagpapahinuod, kagandahang-loob, pagtitiis. Mauupo sa Sangkalangitan kay Cristo Jesus, makapagpaginhawa sandali. Kita n’yo? Iyon ang ginawa ng mga dahon.

²³³ Subalit ang ginawa ng matandang balang na iyon, dumating siya, kinain ang mga dahon na iyon, sabi, “Kabilang kayo dapat sa amin o hindi kayo kabilang sa kahit kanino.” Kaya inalis niya ang lahat ng kaginhawahan ng Espiritu. Kita n’yo? Iginawa niya ng isang kredo ang kanyang sarili. Hayan. Ngayon kailangan na nating magpatuloy. Maaari tayong manatili nang matagal sa matandang balang na iyan.

²³⁴ Ngunit ang ikatlong yugto niya ay isang uod. Hum! Ang pangit na ng pangalan niyan, sa simula pa lang, na uod. Ano bang ginagawa ng isang uod? Pumapasok ito sa balat ng kahoy. Iyan ang daluyan ng buhay, doon. Siyanga, po. Pumapasok ito sa balat ng kahoy at sinisira nito ang pantakip ng punongkahoy. Ang pantakip!

Ano ba ang relihiyon? Pantakip. Iyan ang ibig sabihin ng salitang *relihiyon*, “isang pantakip.”

²³⁵ Kaya, itong maliit na uod, matapos na siya ay makahalo sa kalagitnaan ng kongregasyon, ginawa silang pawang mga mararangal; pagkatapos ay tinanggal niya sa kanila ang lahat ng pakikisama, noong nasa anyo na siya ng balang; at ngayon ay dumating na naman siya at kinuha ang mismong relihiyon nila at gumawa ng mga dogma mula dito, tama, naglagay ng mga di-karaniwang mga katawagan. Gumawa sa kanyang sarili ng isang relihiyon, at nagtipon ng isang pangkat ng mga kalalakihan at naglagay ng isang kredo doon. Inalis niya ang mismong relihiyon, tinanggal ito sa Punongkahoy ng Diyos, ang mismong

balat ng kahoy na nagdadala sa dagta na pumapaitaas sa loob Nito, tinanggal ito. Uod! Nakikita ba ninyo ang insektong iyan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Eksakto iyan. Ang uod na iyan, iyan ang Roma noon diyan sa unang iglesyang iyan.

²³⁶ Unang bagay, ang grupo ng mga Pentecostal; hindi mga organisasyong Pentecostal. Hindi, po. Anumang bagay na nag-oorganisa ay patay na. Patutunayan ko iyan maya-maya lang, sa pamamagitan ng Mga Kasulatan. Kita n'yo? Ngunit kapag ito ay isang . . . Subalit, ang karanasang Pentecostal, para kanino ito? Para ito sa Katoliko. Para kanino pa? Sa Methodist, sa Baptist, sa Presbyterian, sa sinuman na may nais nito. Subalit nais n'yo, kailangang naisin n'yo ito. Hindi kayo umaanib papasok Dito.

²³⁷ Ako ay nasa pamilyang Branham nang limampu't tatlong taon na, at kailanman ay hindi ako umanib sa pamilyang ito. Bakit? Isa akong Branham, sa simula't simula pa. Ipinanganak akong isang Branham.

²³⁸ Ganyan din tayo bilang mga Cristiano. Hindi dahil sa umanib tayo sa isang kung ano; iyan ay isang organisasyon. Tayo ay ipinanganak, na Cristiano, sa pagiging muling isinilang sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Pansinin ngayon.

²³⁹ Ngayon, itong maliit na uod ay nagbubutas na para ipasok ang sarili nito sa balat ng kahoy. Anong ginawa niya? Sinimulan niyang alisin ang relihiyon nito, ang pantakip nito, ang Doktrina nito palayo rito. Ang relihiyon ay isang doktrina, isang pantakip na nagtatakip sa anumang bagay. Iyan ang dahilan kaya ang ating relihiyon ay sa pamamagitan ng Dugo, ang Dugo. Ang Buhay ay nasa Dugo na nagtatakip sa Salita. At ang Buhay ay ang . . . Ito'y nasa Dugo. Ang Dugo ay relihiyon, at ang Buhay na nasa Dugo ang siyang nagbibigay ng mga resulta. Aba, nakikita n'yo ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kita n'yo?

²⁴⁰ Hindi ito natatakpan ng mga dahon ng igos. Sinubukan iyan minsan nina Adan at Eba. Ginawa rin ni Cain ang gayon ding bagay. Napansin n'yo ba 'yon? Nagdala si Cain ng ilang buhay ng botanika, din naman. Kita n'yo? Ngunit ayaw niyon umubra. Hindi iyon umubra kina Adan at Eba. At hindi rin ito uubra ngayon. Nang ito'y tanggihan ng Diyos noong pasimula, ito'y Walang Hanggan nang tinanggihan. Ang mga gawang-tao na kredo at kaisipan ay hindi makahahalili rito kahit kailan.

²⁴¹ Iyon ay Salita ng Diyos, ang siyang dapat gumawa niyon. At ang Salita ay sa pamamagitan ng Dugo, ang hain ni Cristo. Tama iyon.

²⁴² "Ang mga tao," gaya ng sinabi ng kapatid na lalaki ngayong umaga, "ay naghuhugot ng mga pako." Buweno, alam n'yo, mayroong labingsiyam na iba't ibang pako ngayon sa bansa, na nasa pag-iingat ng iba't ibang organisasyon, at magagawang magpahayag, "Ito ang orihinal na pako, na nasa Kanyang mga

kamay noon.” Ano naman ngayon, kung iyon nga? Ayaw kong magkaroon ng anumang kaugnayan diyan. Tiyak nga.

²⁴³ Hindi kailanman nag-iwan ang Diyos ng anumang bagay para maging mga relikyang at mga tandang alaala. Isinugo Niya ang Espiritu Santo, isang Bagay na buhay, na hindi masisira. Anong magagawang kabutihan sa akin ng isang pako? Anong magagawa ng orihinal na krus na pinagpakuan sa Kanya, anong magagawa niyon sa akin na kabutihan? Wala ni katiting. Hindi ang makilala ang pako, makilala ang krus, kundi, “Ang makilala Siya ay Buhay.” Kita n’yo?

²⁴⁴ Ngayon, kaya tayo’y nanghahawakan sa mga pako, nanghahawakan tayo sa mga relikyang, at nanghahawakan tayo sa mga lugar. At sa panahon ngayon ang mga tao ay pabalik-balik na naglalakad, doon sa lungsod ng Jerusalem, at—ang lahat pabalik-balik sa iba’t ibang lugar, at nanghahawakan sa mga relikyang at mga ganung bagay. Walang anumang kinalaman iyan dito, wala ni isa mang bagay. Ang bagay na iyan ay itinuring nang wala nang silbi, bulok na, at wala na.

²⁴⁵ Nagpunta ako noon sa isang simbahan doon—doon sa Roma. Doon kung saan sila—sila, ang lahat ng mga pari na ito na namatay, inililibing sila sa isang hardin, doon sa ilalim doon, at hinahayaang maagnas ang laman sa mga buto nito. At—at pagkatapos ay kukunin nila ang mga kalansay at gagawing mga kabitan ng ilawan, at ilalagay ang mga bungo ng mga iyon sa paligid. At papasok ang mga tao doon, hahapulin ang mga bungong iyon, para makakuha ng mga pagpapala, hanggang sa ang mga bungo ay namuti na at upod na. Sa pagpasok mo sa Saint Peter’s Cathedral doon, ang isang paa ni Pedro, na sinasabi nilang naroon daw, isang rebulto, ay nasira na sa kakahalik, nang siyam o sampung iba’t ibang ulit; na kailangan na nilang hulmahan iyon ng panibagong paa. Talagang walang kabuluhan! Mga pamahin, iyon lamang iyon, mga kredo ng doktrina na gawa ng tao.

²⁴⁶ Isinugo ng Diyos ang Espiritu Santo, Buhay ng Diyos, upang mapasa inyo, hindi sa isang rebulto. Kayo ang taong gustong panahanan ng Diyos; hindi ang isang rebulto, kundi sa inyo. Tinatawag ng mga tao na, “mga banal na estatwa.” Wala namang kung anong mga banal na estatwa. Kayo ang banal na estatwa ng Diyos. Gayon ang sinabi ng Biblia. Tama ’yon. “Katawan na inihanda Mo para sa Akin.”

²⁴⁷ Ngayon, ang maliit na uod na ito ay nagsimula na sa pagsira. Pagsira ng ano? Naparoon na ang naturang uod sa loob ng balat ng kahoy. Masdan kung ano ang ginawa nito. Sinimulang sirain ang balat ng kahoy. Anong ginawa nito? Gumawa ito ng isang natural na iglesya kapalit ng isang espirituwal na Iglesya. Siyanga, po. Inalis nito ang totoo at ibinigay dito ang isang bulaan. Ngayon, tandaan. Ang dahon. . .

248 Ang bunga, ay kinain ng tipaklong. Ang dahon, ay kinain ng balang. Ngayon, ang balat ng kahoy, ang pantakip, ang relihiyon, ang Doktrina; ang Doktrina, ay kinain ng uod.

249 Saan ba nagmula ang unang doktrina na iyon, na wala sa Biblia? Kayong mga mananalaysay, alam ninyo kung saan iyon nagmula. Sa Roma, kung saan nga ito eksaktong nagsimula, doon ay nagsimula silang tumanggap ng mga dogma.

250 Ganyan sina Irenaeus, San Martin, Polycarp, lahat sila . . . pagkatapos ng kamatayan ni Juan. Dahil sa pagsasalin ng Salita ng Diyos, ay naparoon siya sa isla ng Patmos. Pinakuluan nila siya sa langis sa loob ng dalawampu't apat na oras, ibinalik na lang, at isinulat pa rin niya ang Biblia. Tiniyak ng Diyos na ang Bibliang ito ay masusulat. Iyan ay Salita ng Diyos. Hindi tayo maaaring magbawas mula Dito o magdagdag Dito. Ito'y dapat manatiling kung ano nga talaga Ito, ang Salita.

251 Pansinin nang magsibalik sila, nang ang mga banal na ito ng Diyos ay nagsisikap noon na panghawakan ang Salitang iyan, pumasok agad ang Roma, at tumanggap na ng mga dogma, sa halip. Ngayon ay tingnan lang natin kung ano ang ginawa niya, ang ilan sa kanyang mga doktrinang bulaan, kung ano ang ginawa niya.

252 Bautismo sa tubig. Kung saan sila ay inatasang . . . Sinabi ni Pedro, noong Araw ng Pentecostes, sa ilalim ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, ang Salita ng Diyos, "Mangagsisi, ang bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan."

253 Anong ginawa ng Roma dito? Pinalitan ito, at sinabing, "Magpabautismo kayo sa pangalan ng 'Ama, Anak, Espiritu Santo,'" ginawa na itong isang kredo, hindi isang Doktrina ng Biblia. Anong ginawa niya? Iyan yaong uod na iyon, na kumakain. "Pagwiwisik," sa halip na paglulubog, "sa pangalan ng Ama . . ."

254 Ang "Ama, Anak, Espiritu Santo" ay hindi pangalan. Walang gayong bagay. Ang "Ama" ay hindi pangalan, ang "Anak" ay hindi pangalan, at ang "Espiritu Santo" ay hindi pangalan.

255 Noong sabihin ni Jesus, "Bautismuhan sila sa Pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo," iyon ay, "ang Panginoong Jesus Cristo." Tugma sa ginawa ni Pedro at nila, at ng lahat, ng lahat sa Biblia, na ganoon. Wala ni isa man . . .

256 Hinahamon ko ang sino man na magdala sa akin ng isang bahagi ng Kasulatan, o isang bahagi ng kasaysayan, kung saan ang sino man ay nabautismuhan sa ibang paraan maliban sa Pangalan ni "Jesus Cristo," hanggang sa dumating na ang iglesyang Romano Katoliko. Gawin ninyo iyan. At tandaan, ang teyp na ito ay nakakarating sa buong mundo. Uh-huh. Nagawa ko nang maghamon ng kongregasyon ng mga ministro, daan-

daan sila, at mga obispo at lahat na, sinabing, “Tumayo kayo, o lumapit kayo rito dala ang inyong Biblia, o manahimik na lang kayo magpakailanman.” Mananahimik sila hanggang sa sila ay makarating sa likuran mo, at pagkatapos ay sisimulan ka nilang pag-usapan; wala man lang lakas ng loob na tumayo sa harapan mo, tamang asal na tumayo at sabihin sa iyo nang harapan. Takot silang gawin iyon. Alam nila na iyon ay mali. Subalit iyon ang sinimulang kainin ng uod na iyon, kita n’yo, inuubos kainin ang totoong Bagay na iyan.

²⁵⁷ Ngayon, sasabihin n’yo, “Hindi naman ’yon lubhang mahalaga. Oo. Sa anumang paraan ako nabautismuhan ay ayos lang.” Ganoon nga ba? [Sinababi ng kongregasyon, “Hindi.”—Pat.]

²⁵⁸ Sinabi ni Pablo, Mga Gawa 19, noong, “Siya, si Pablo, ay dumaan sa mga dakong bulubundukin ng Efeso.” Ang sabi ng Biblia, “Nakasumpong siya ng ilang mga alagad.” Sila ay mga tagasunod. Si Apollos, isang mangangaral na Baptist, sa ilalim ni Juan Bautista, ay nagtuturo noon sa kanila ng Salita. At mayroon silang malaking kagalakan. At si Pablo ay pumaroon lamang para makita sila, at sinabi niya, “Natanggap na ba ninyo ang Espiritu Santo mula nang kayo’y magsisampalataya?”

“Oh,” sabi nila, “isa akong mananampalataya.”

²⁵⁹ “Ngunit hindi iyan ang itinatanong ko. Natanggap na ba ninyo ang Espiritu Santo mula nang kayo’y magsisampalataya?”

Sinabi nila, “Hindi namin alam na may Espiritu Santo.”

²⁶⁰ Sinabi niya, “Kung gayon sa ano kayo nabautismuhan?” Kita n’yo? Ibig sabihin, “Sa papaanong paraan kayo nabautismuhan?”

Sinabi nila, “Nabautismuhan na kami.”

Sabi, “Sa papaanong paraan?”

²⁶¹ Sinabi nito, “Kay Juan,” sabi nito, “ang siya ring lalaki na nagbautismo noon kay Jesus. Di ba puwede na iyon?”

²⁶² Sabi ni Pablo, “Hindi. Hindi na ngayon. Hindi.” Sabi, “Kailangan n’yong mabautismuhan, muli.” At binautismuhan sila ni Pablo, muli, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Ipinatong ang kanyang mga kamay sa kanila, at dumating ang Espiritu Santo sa kanila.

²⁶³ At sinabi ni Pablo, “Kung ang isang Anghel na mula sa Langit,” ano pa kaya ang isang kung sinong mangangaral; “kung ang isang Anghel,” ano pa kaya itong uod na ito, uh-huh; “kung ang isang Anghel na mula sa Langit ay mangaral ng anumang bagay na iba kaysa *Dito*, sa inyo, ay matakawil siya.” Tama ’yon.

²⁶⁴ Kaya nakita ninyo kung ano ito, ang uod ay nanginginain. Inubos nitong kainin ang bautismo sa tubig sa Pangalan ni Jesus Cristo.

265 Ang sumunod na bagay na ginawa ng uod, ay inalis nito ang bautismo ng Banal na Espiritu. Dahil, hangga't nasa sa inyo ang Banal na Espiritung iyan, magbibigay-liwanag Ito sa Salitang iyan, hangga't gagawin ninyo iyan. Kaya kailangan nila na—na gawin ito nang naiiba.

266 Ngayon, isipin lamang kung gaano karaming mga Lutheran, mga Protestante, gaano karaming mga Katoliko, sa umagang ito, ang nakumpilan na, sa tinatawag nilang, pagtanggap ng unang komunyong. At tinatawag nila iyan na “Banal na Eukaristiya,” na nangangahulugang, isang salitang Latin, “Banal na Espiritu.” Nakakita na ba kayo ng isang Katoliko na dumaan sa may simbahan at *nagganito* sa kanyang sarili? [Iminumuwestra ni Kapatid na Branham—Pat.] Bakit? “Ito’y ang diyos na nasa loob ng simbahang iyon.” Ano ang diyos? “Ang maliit na piraso ng tinapay na iyon.” Ang maliit na piraso ng tinapay na iyon, na bilog, ginawa na tulad ng diyos-na-araw na sinasamba nila, nakalagay sa may altar kung saan nagkukumpulan ang mga daga at mga ipis, sa magdamag. Hindi iyon ang Diyos ko. Sasabihin ko iyan sa inyo ngayon. “Unang komunyong, nakumpilan sa simbahan.” Walang kabuluhan.

267 Subalit iyan ang ginawa nila. Iyan ang ginawa ng uod. Inalis nito ang Espiritu at binigyan sila ng isang pirasong tinapay, isang tinapay na ginawa ng pari, o ng madre, o parang ganun. Iyan ang ginawa nila. Talagang tama ’yan. Puntahan n’yo, itanong n’yo ngayon. Puntahan n’yo, balikan n’yo ang kasaysayan, at tingnan kung iyon ay hindi nga tama. At hinahayaan lang ninyong isaksak ang bagay na iyan sa inyong lalamunan? Hindi lamang sila na mga Katoliko, kundi kayong mga Protestante, marami sa inyo, ganoon din. Hayan. Hayun ang ginawa nila. Buweno.

268 At pagkatapos ang Protestante, sa halip na magkaroon ng Banal na Espiritu, alam ba ninyo kung ano ang ginagawa nila? Pumupunta sila at nakikianib, nakikipagkamay. Wala namang pumunta doon sa daan at nakikipagkamay, nang dumating ang Aram ng Pentecostes. “Kundi mayroong dumating mula sa Langit na ugong ng isang humahagibis na Hanging malakas, na pinuno ang buong bahay kung saan sila’y nakaupo,” tama ’yon, bumaba sa mga dahong iyon ng mga punongkahoy, ibinuho sa balat ng kahoy. Tama ’yon.

269 Ngayon, ngayon, sa halip na ang bagong Kapanganakan na sinabi ni Jesus, na ang tao ay dapat na ipanganak na muli, ginamit nila sa pagsama sa kanilang iglesya ang, “Halika at makianib.” Sa halip na ang Salita, binigyan sila ng uod ng isang kredo. Hindi ba ninyo nakikita? Tumingin dito kung ano ang ginagawa niya. Nagbibigay siya ng isang natural kapalit ng isang espirituwal. Nakikita ba ninyo iyon? [Sinababi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

270 Ngayon tingnan. Ngayon, tayo, tayo'y—tayo'y nasa direksyon ng Katoliko rito, pero alam ba ninyo na iyon ay nandiyan na rin mismo sa mga Protestante? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Saan ba tayo mayroong mga pagpapamalas ng Banal na Espiritu sa mga iglesyang Protestante ngayon? Saan ba tayo mayroong reaksiyong Pentecostal sa gitna ng mga Protestante? Wala tayo. Mayroon ba kayo niyon sa Lutheran? [“Wala.”] Kung mayroon kayo, gusto kong magpunta diyan. Gusto kong magpunta doon at talagang kumain at magkaroon ng napakagandang sandali. Presbyterian? Saan—saan ba—saan na iyon? Kita n'yo? Tinanggap na ninyo ang isang bagay na natural.

271 Naghahanda na akong umalis, at alam n'yo iyan. Kita n'yo? Huwag na huwag ninyong hahayaang mawala Ito sa inyong puso.

272 Huwag ninyong tatanggapin ang natural. Iyan ay kamatayan. Ang natural na taong ito ay kamatayan. Anumang bagay na gawin nito, ay kamatayan. Ito'y saklaw ng at narito para sa kamatayan. “Ang Espiritu nga ang bumubuhay,” kita n'yo, ang Espiritu ang siyang nagbibigay ng Buhay, binubuhay ito. Ito ay isang Espiritu.

273 Kaya, nakita n'yo, tinanggap nila . . . Masdan kung ano ang ginawa nila. Pinalitan ang bautismo sa tubig, mula sa “Jesus Cristo,” tungo sa “Ama, Anak, Espiritu Santo,” isang titulo, na hindi naman talaga Pangalan.

274 Ngayon, sasabihin n'yo, “Ano namang kaibahan niyon?” Sige. Ngayon, kung magbibigay kayo. . .

275 May isang magbibigay sa iyo ng iyong tsekeng suweldo, sa Sabado, ang—ang—ang tao na nagpapasuweldo sa iyo. Sa halip na isulat niya ang pangalan niya doon, ang ilalagay lamang, “Mula—mula ‘Sa boss.’” Iyan nga iyon. . . Ang tsekeng suweldo mo, basta na lang, “Ibayad kay John Doe, isandaan at limampung dolyar, para sa trabaho sa sanlinggong ito. Mula, ‘Sa boss.’” Isulat mo iyon, sa bangko, at tingnan mo kung papaano ito tatalbog. Oo. Oo. Siyanga, po. Talagang tatalbog nga. Sigurado.

276 Kung wala iyong kaibahan, bakit inutusan ni Pablo silang mga Cristiano noon, na pinupuri ang Diyos at nagkakaroon ng labis na kagalakan, at nagkakaroon ng mga dakilang bagay na nagaganap noon doon, bakit niya sinabi sa kanila, “Dapat kayong bumalik at magpabautismo, na muli, sa Pangalan ni Jesus Cristo”? Kita n'yo? Tanggapin ang Salita, sabihing, talagang manatili Dito. Huwag magsabi ng anumang bagay na iba. Sabihin lamang kung ano ang sinasabi Nito. Kita n'yo? Diyan kung saan tayo ayihatulan.

277 Ngayon tingnan. Iyon ang ginawa nila noon. Sa halip na bagong Kapanganakan, mayroon silang pakikipag-anib. Sa

halip na ipangusap ang Salita, mayroon silang isang kredo. Ipakita ninyo sa akin sa Biblia kung saan nagsabi sila ng isang “Aba Ginoong Maria.” Ipakita ninyo sa akin sa Biblia kung saan kayong mga Protestante ay nagsipagbanggit ng Kredo Ng Mga Apostol. Sabihin ninyo sa akin kung ano ang Kredo Ng Mga Apostol, sa Biblia, “Kasamahan ng mga santo.” Laban sila noon dito. Sabihin ninyo sa akin sa Biblia kung saan sila nagkaroon ng “Ama, Anak, at Espiritu Santo” na bautismo. Wala iyan doon. At gayun pa man tinatanggap pa rin ninyo iyon. Huh?

²⁷⁸ Ngayon, ngayon, sa halip na pakikisama at pagkakapatiran sa gitna ng mga kapatid, binigyan nila sila ng isang herarkiya, papa. At mayroon na kayong obispo, na nagsasabi sa inyo kung ano ang maaari mong gawin at kung ano ang hindi mo maaaring gawin. At kayong mga Pentecostal ay mayroon nang pandistritong presbitero na nagsasabi sa inyo kung sino ang maaari ninyong tanggapin. Ngunit ang Iglesya ay mayroong Cristo. Kita n’yo?

²⁷⁹ Doon kayo humantong. Kita n’yo? Ibinibigay nila sa inyo ang mga dogmang iyon at mga bagay na gawa ng tao, sa halip, inaalis naman Ito. Ano ang ginawa ng uod na iyan? Inalis Ito mismo mula sa naturang Puno, at ibinigay sa inyo *ito*. “Aalisin ko iyan sa Puno, at bibigyan ko kayo *nito*, sa halip. Aalisin ko *Iyan*, at bibigyan ko kayo *nito*.” Kita n’yo kung saan na kayo humantong?

Sasabihin ninyo, “Buweno, Kapatid na Branham!”

²⁸⁰ Saan ba ang bawat isa, saan ba ang bawat iglesyang Protestante, nagmula? Sa Katoliko. Iyan ang sinabi ng Apocalipsis 13, o Apocalipsis 17, na panggagalingan nga niya. Sabi, “Siya ay isang patutot, at siya ay isang *ina ng mga patutot*,” pareho lang. Kaya huwag. . . Hindi matatawag ng palayok ang kaldero na maitim, alam n’yo na, kaya huwag. Iyan lamang ay. . . Huwag n’yong gawin iyon. Kaya, iyan, tama ’yon.

²⁸¹ Pagkakapatiran; inalis ang pagkakapatiran. Gayong, dapat tayong maging magkakapatid, sa isa’t isa. Pinagbukod-bukod tayo nito at ginawa tayong magkakaiba. Buweno.

²⁸² Ngayon masdan. Narito ang isang maganda. Tatalakayin ko ang isang ito, pagkatapos ay titigil na ako, sa mga iba pang ito. Tingnan n’yo.

²⁸³ Sinasabi sa atin ng Biblia, kapag nakagawa tayo ng mali, ay dapat nating linisin ang ating mga kaluluwa sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Lumuhod tayo, hayaang ipahayag sa atin ng Espiritu Santo na hindi na tama ang iyong ginagawa, at manatili doon sa harapan Niya hanggang sa ikaw ay talagang mamatay na sa sarili, nililinis ang ating mga kaluluwa.

²⁸⁴ Ngayon, bumaligtad na sila, binigyan kayo ng isang purgatoryo. Matapos kang mamatay, kung gayon ang pari ay kikita ng maraming pera, ipapanalangin kang makalabas ng

purgatoryo. Aba, walang kabuluhan 'yan! Iyon ang ginawa ng uod. Sigurado. "Para ipanalangin kang makalabas ng purgatoryo. Nagkakahalaga ng *napakaraming* daang dolyar para mailabas sa purgatoryo ang kaluluwang ito." Gusto kong hanapin ninyo mismo maging ang "purgatoryo" sa Biblia, anumang kagaya niyan. Walang ganoon sa Biblia. Wala, po. Pero binigyan nila sila ng isang purgatoryo, kita n'yo, sila, matapos kang mamatay. Oh, oo, alam ko.

²⁸⁵ Sila—sila—sinasabi nila, "Totoo!" Maririnig ninyong sinasabi nila, "Buweno, sinabi kasi ni San Bonifacio ang *ganito-at-ganyan*." Hindi mahalaga sa akin kung ano ang sinabi ni San Bonifacio. "Buweno, hindi ba't sinabi ni *Ganito-at-ganyan* na siya, nanalangin siya para sa asawa niyang lalaki, ang dakilang kapatid na babaeng iyon, si Santa *Ganito-at-ganyan*?" Hindi mahalaga sa akin kung anuman ang ginawa niya.

²⁸⁶ Iyon ay salita na walang awtoridad. Iyon ay labag sa mga may awtoridad na mga apostol. Ibinigay ng Diyos ang mga apostol na iyon, upang ilagay sa kaayusan ang Iglesya, at Ito'y itinayo sa Doktrina ng mga apostol, hindi kay San Bonifacio o sa kung sinong santo. Iyon ay salungat sa Salita. Hindi mahalaga sa akin kung ano man ang sinabi ni San Bonifacio, at kung ano man ang sinabi ng iba pang mga santo, at iba pang mga santo, at Santa Susie, at Santa Maria, na sinabi ng lahat ng mga iyon. Iyon ay walang kabuluhan. Iyon ay hindi hihigit kaysa anumang iba pang kasinungalingan. Kung iyon ay salungat sa Salita ng Diyos, iyon ay isang kasinungalingan. Hindi ako naniniwala sa mga salitang walang awtoridad.

²⁸⁷ Iyan ang dahilan kaya hindi ako naniniwala sa mga kredong ito ng Protestante at mga ganung bagay. Iyon ay talagang Katoliko sa—sa kaibuturan nito. Iyon ay mga dogma. Papaano ninyo nagagawang bansagan ang mga Katoliko, at pagtawanan sila sa pagkakaroon ng mga dogma, samantalang kayo rin naman ay punung-puno nito, mismo? Hindi gaano rito, ngunit nakateyp ito, naiintindihan n'yo naman, kita n'yo, nakakarating ito sa buong mundo. Pansinin. Papaano ninyo matatawag na mali sila, gayong gumagamit rin kayo ng mga kredong gawa ng tao na salungat sa Biblia, dogma, gaya din lamang ng ginawa nila? Bakit? Kayo'y nasa isang organisasyon na isang anak na babae ng naturang matandang patutot. Ano ba ang isang patutot? Isang babae na namumuhay nang hindi tapat sa kanyang asawa. Nagpapahayag na isang Cristianong iglesya, at nagbibigay ng maling doktrina, ng sarili niyang doktrina, sa halip na gamitin ang Banal na Salita ng Diyos.

²⁸⁸ Katulad lamang ng ginawa noon ni Eba, nakinig sa—sa diablo, at naging sanhi ng lahat ng kamatayan at kalumbayan na kailanman ay tumama sa lupa. Dumating sa pamamagitan ni Eba, dahil siya ay nagkasala ng isang espirituwal na pakikiapud

laban sa Diyos, sa pamamagitan ng di-pagsampalataya sa Kanyang Salita.

289 At iyan mismo ang ginagawa ng mga iglesya ngayon, nagkakasala ng espirituwal na pakikiapid laban sa Salita ng Diyos. At ni ayaw ka nilang tanggapin sa iglesya kung hindi ka sumasang-ayon sa kanilang doktrina.

290 Buweno, pinapadalhan nila ako ng mga sulat, “Kung maniniwala ka sa *ganito*, at kung sasabihin mong tama *ito*, at ikaw ay . . .”

291 Sabi ko, “Sadyang hindi ako pupunta.” Hindi, po. Ipangangaral ko kung ano lang ang sinasabi ng Bibliang ito, o hindi na ako mangangaral pa. Kita n’yo? Tama ’yon.

292 Manatili sa Salitang iyan. Iyan ang dapat nating gawin, mga kapatid. Manatili diyan. Ngayon papunta na tayo sa mga huling araw, at alam natin iyan. Ang oras ay narito na.

293 Gaano natin nasasabi! Oh, sinasabi nila *ito*, *iyon*, at ang *iba pa*. Ngunit anumang bagay na walang awtoridad, ay huwag paniwalaan ito. Hindi mahalaga sa akin kung sino ang nagsabi niyon, kung sino man.

Dito, lumapit sa akin ang isang kapatid na babae, hindi pa katagalan. At sinabing . . .

294 Isang—isang partikular na grupo ng mga kalalakihan na pinangaralan ko, mga ministro, tungkol sa bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, kung saan tatlong daan at higit pa, na mga ministro. . . Maraming mga tao na naririto ang naroroon sa pagtitipong iyon, kung saan ang buong konseho ng Chicago Ministerial Association ay nakipagkita noon sa akin. Binigyan ako ng Panginoon ng isang pangitain, sinabi sa akin kung saan sila pupuwesto at kung ano ang mangyayari. At nagtungo ako doon mismo, at sinabi ko. Meron kami ritong teyp niyon kung gusto ninyong marinig ito. Kita n’yo? At ako . . . Lahat ng mga obispo, at mga doktor, at mga kardinal, at silang lahat, nakaupo doon.

295 Sinabi ko, “Sinuman sa inyo na tumutuligsa nito, dalhin ang inyong Biblia at pumarito.” Sabi ko, “Ano’t napakatahimik n’yo?” At walang sinumang nagsalita ng kahit ano. At bakit? Kita n’yo, takot sila sa Salitang iyan. Sinabi ko, “Kung gayon, kung hindi ninyo magagawa, bakit ninyo ako tinutuligsa? Manahimik na lang kayo. Humayo kayo, gumawa ng anuman. At kung hindi ninyo mapapatunayan iyon sa Salita, kung gayon manahimik na lang kayo.”

296 Kaya, pagkatapos, ang siya ring grupo ng mga kalalakihang iyon ay nagsugo ng isang binibini, sabi, “Kapatid na Branham, kung sinabi sa iyo ng Anghel ng Panginoon.” Ang Anghel ng Panginoon, alam n’yo na, ang Kanyang—nandiyan ang Kanyang

larawan, nakita n'yo. "Kung sinabi Iyon sa iyo ng Anghel ng Panginoon, buweno, paniniwalaan namin Iyon."

²⁹⁷ Sabi ko, "Ang sino man, na grupong ministeryal na magiging ganyan kahina, 'Kung sinabi ng Anghel ng Panginoon.' Kung ang Anghel na iyan ay nagsabi ng bagay na salungat sa Salitang ito, hindi iyon Anghel ng Panginoon."

²⁹⁸ Patutunayan ng Anghel ng Panginoon ang Salita. Iyan mismo ang dati na Niyang palaging ginagawa sa bawat kapanahunan. Ginagawa pa rin Niya ang gayon ding bagay. Nananatili Siya sa Salita. At sinumang ministro na pinahiran ng Espiritu Santo ay mananatili sa gayon ding Salita, dahil sinabi ng Biblia na ang buong Biblia ay naisulat sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

²⁹⁹ At papaano n'yo magagawang magtaglay ng Espiritu Santo at tanggihan kung ano ang sinasabi ng Biblia? Ang mismong espiritu na nasa inyo, nagpapatunay ito na hindi ito tama. Kita n'yo? Kumakain na ng matagal ang uod, iyon lang, uh-huh, inuubos kainin ang mga totoong bagay ng Diyos. Siyanga, po. Ang walang awtoridad na salita ay salungat sa Doktrina ng mga apostol. Oh, naku!

³⁰⁰ Ito ang Doktrinang apostoliko. Ito ang Biblia. Ito ang Espiritu Santo. Ang bawat Salita na Narito ay totoo. Sampalatayanan n'yo lang at tanggapin Ito, at huwag mapanghinaan dito, at masdang matupad ang bawat pangako, ang pagpapamalas ng Diyos na naririto na ngayon mismo.

³⁰¹ Kung hindi Siya kasing Diyos ngayon na gaya Niya noon nang ang mga anak ng Israel ay tumawid sa Dagat na Pula, Siya ay hindi Diyos. Kung hindi Siya ang siya ring Diyos na bumaba noong Pentecostes na kagaya pa rin Niya rito mismo, ngayon, hindi Siya ang siya ring Diyos. Kung gayon, ay walang pagkabuhay na mag-uli, kung Siya'y hindi nga gayon, kung Siya . . . Oh, anong buti ang magagawa sa iyo ng isang Diyos ng kasaysayan, kung hindi rin Siya ang siya ring Diyos sa araw na ito? Kita n'yo? Anong buti ang magagawa ng pagpapadala ng mga mangangaral sa mga seminaryo, at gawin silang katulad ng mga manok na galing sa incubator, at humayo nang ganyan, kung walang ganoong bagay na gaya ng Diyos?

³⁰² Anong ginagawa ninyo, inaalís ang Salita ng Diyos? Nasaan ang inyong karapatan? Sasabihin n'yo, "Ang iglesya." Ang iglesya, siyam na raan at animnapu't siyam na iba't ibang organisasyon ang mga iyon. Alin sa mga iyon ang tama? Walang makakaalam kung ano ang gagawin. Malilito kayo. Tama 'yon. Ngunit hindi hahatulan ng Diyos ang mga tao sa pamamagitan ng iglesya.

³⁰³ Hahatulan Niya sila sa pamamagitan ni Cristo, at si Cristo ay ang Salita. Sinabi ng Biblia, "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay

nagkatawang-tao, at nanahan sa gitna natin.” Hahatulan Niya ang iglesya at ang mga tao sa pamamagitan ng Salita, tama 'yon, ang buháy, na Salitang nabuhay na muli.

³⁰⁴ Kung gayon kung iyang buháy, na salitang nabuhay na muli ay magsasabi ng anumang bagay na salungat sa Salitang ito *rito*, kung gayon hindi iyon ang bumangon, na salitang nabuhay na muli. Dahil, Ito, magpapatotoo Ito sa Katotohanang ito. Hindi Siya maaaring magsabi ng isang bagay *rito*, at iba namang bagay sa banda *rito*.

³⁰⁵ Maaaring masabi ko ang isang bagay *rito*, at isang bagay naman sa dako *roon*, dahil ako'y isang tao. Gayon din kayo. Maaari kayong magkaroon pa ng higit pang kaalaman at kaunawaan.

³⁰⁶ Ngunit, hindi ang Diyos; Siya'y walang hanggan. Kita n'yo? Mayroon Siyang . . . Ang unang pasya, ang Kanyang unang bagay na sasabihin Niya, ay tiyak na mananatili Magpasa Walang Hanggan. Iyon ay ganun pa rin. Hindi Siya maaaring magsabi ng isang bagay *rito*, at isang bagay naman sa dako *rito*. Dapat Niyang sabihin ang gayon pa ring bagay sa lahat ng pagkakataon, para maging Diyos.

³⁰⁷ Kaya kung ang Espiritu ay nasa inyo, ay sa Diyos, magpapatotoo iyon na ang Salitang *ito* ang siyang Katotohanan, bawat Salita Nito. At Ito'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Iyon ang sinasabi ng Biblia. Siyanga, po. Hayan.

Ngayon magmadali na tayo at talakayin na ang susunod na yugto ng maliit na insektong ito.

³⁰⁸ Una, siya ay isang tipaklong. Ano ang kinain niya mula sa Punongkahoy ng Diyos? [May isang nagsabi, “Bunga.”—Pat.] Bunga.

³⁰⁹ Nang sumunod na yugto'y dumating siya; namatay siya sa yugtong iyon, at dumating sa panibagong yugto. Anong ginawa niya ngayon? Dumating siya sa pagkakatong ito bilang isang balang. Kinain niya ang lahat ng mga dahon. Iyon ang ugaling balang.

³¹⁰ Ngayon, anong sumunod na bagay na ginawa niya? Bumalik siya sa panibagong yugto, na bilang isang uod naman, at pumasok siya sa loob ng balat ng kahoy.

³¹¹ Ngayon, heto siyang dumarating bilang isang ba- . . . bilang isang kuliglig, ang ikaapat na yugto niya, ngayon bilang isang kuliglig na. Ano ba ang isang kuliglig? Siya ay isang maninipsip; sinisipsip ang Buhay, ang Espiritu, ang Buhay. Iyon ang ginagawa niya, pumapasok mismo doon, kinakapitan ang kalamnan ng kahoy, at nagsisimulang manipsip. Kuliglig, hayan siya. Ano ang itatawag natin sa kanya? Denominasyon. Iyon ang

tamang pangalan ng insekto na iyan. Bakit? Isa siyang maninira; sinisipsip ang Buhay.

³¹² Sa tuwing magpapadala ang Diyos ng isang pagkilos sa gitna ng Kanyang mga tao, sa tuwina, at nagde-denominasyon sila, diyan mismo ay mamamatay sila. Gusto kong ang sinuman na nakakaalam ng kasaysayan ng iglesya, ay magawang pamalian iyan. Ipakita ninyo sa akin ang isang pagkakataon na ang isang organisasyon ay nag-organisa, na hindi ito namatay doon mismo. Ang uod ay kumapit dito, inalis ang relihiyon nito. At pagkatapos ay dumating ang maninipsip at kinuha ang. . . sinipsip ang Buhay palabas ng Puno.

³¹³ Ano bang uri ng Buhay ang nasa loob Nito? Espiritu Santo. Ano naman ang ginawa nito? Hindi nito mapapanatili ang Espiritu Santo doon sa loob at magkaroon pa rin ng mga dogma. Ang Espiritu Santo ay hindi makakatiis diyan. Kaya inaalis nito ang Banal, ang Buhay palabas ng Punongkahoy, at binibigyan ito ng isang dogma, gumagawa ng denominasyon. “Wala kaming pakialam sa sinasabi Nito. Ang sinasabi ng aming denominasyon ay *ito*.” Hayan na. Tandaan, matapos na ito ay magdenominasyon, lagi itong namamatay, at hinding-hindi na bumabangon pa.

³¹⁴ Ang unang organisasyon ay ang Katoliko; namatay kaagad ito. Mangyari pa, iyon ay dogma, sa simula pa lang.

³¹⁵ Magmula doon ay lumabas ang unang repormasyon, si Luther, nag-organisa at namatay.

Sumunod ay dumating si Wesley; nag-organisa, namatay.

Sumunod ay dumating ang Pentecostal; nag-organisa at namatay.

³¹⁶ Ang Presbyterian, Lutheran, lahat ng iba pang ito, at ang—at ang Nazarene, Pilgrim Holiness, at lahat ng mga organisasyon na ito na nagsisunod katulad niyan, bawat isa ay namatay. Tingnan ninyo sila. Bakit? Nag-organisa sila, at iyon ang pumapatay sa kanila. Anong ginawa nila? Pinapasok nila itong mga dogma.

³¹⁷ Kayong mga Nazarene, ang kahanga-hangang, sumunod na iglesya sa—sa pagdating ng Pentecostal. Ano nga iyon? Naniniwala kayo sa pagpapabanal, pero pagdating na doon sa mga kaloob ng Espiritu, pagsasalita sa iba’t ibang wika at sa mga dakilang kapangyarihan ng Diyos, tinawag ninyo Itong “mga diablo,” at doon kayo namatay. Tama ’yon. Nasaan na ba siya ngayon? Patay na. Oh, mas marami na nga siyang mga miyembro, pero nasaan na siya? Siya ay isang bangkay na.

³¹⁸ Nakita ko siya, noong isang gabi, tama ’yon, ang buong bagay. Ang kanilang pastor, na nasa ibabaw, hinahalikan ang isang bangkay, nakikipagtalik dito. Sabi, “Wala naman na silang panahon pa. Ito na lamang iyon.” Kaya, ibibigay ko iyon sa inyo, sa ibang pagkakataon, sa teyp. Kita n’yo? Sige.

319 Itinanim ng Diyos ang Kanyang Puno, upang magbunga ng espirituwal na bunga, mga bunga ng Espiritu. Tama ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ngunit ano ang ginawa ng tao? Laging sinisikap ng tao na gawin Itong isang artipisyal na anyo. Ginawa nga niya, noon doon; ginagawa niya rin ngayon. Ngayon, ito, talakayin na natin ngayon nang puspusan, at mabilisan. Dati nang laging sinisikap ng tao na kunin ang espirituwal na Iglesya at gawin itong isang artipisyal na anyo.

320 Si Luther noon ay may isang espirituwal na Iglesya. Ano'ng nangyari? Pagkamatay na pagkamatay ni Luther, ginawa nila iyon na isang anyo, na artipisyal.

321 Ano'ng ginawa ni Wesley? Si John Wesley, na isang dakilang tao ng Diyos! Sino ang magsasabing si John Wesley ay hindi isang tao ng Diyos? Ano'ng ginawa niya? Pagkamatay na pagkamatay niya at ni John at ni Charles, ay inorganisa nila ito. Nang maorganisa nga siya, namatay siya. Eksakto.

322 Ganoon din sa lahat ng kapanahunan, sa bawat pagkakataon, sa bawat isa. Gumagawa sila ng artipisyal na palabas, mga mabubuting gawa, pinakamalaking kongregasyon, pinakamatalinong mga tao. "Ang mga tanyag na tao ng lungsod ay gustong umanib sa amin."

323 Ganyan na ganyan rin ang nangyari sa inyo na grupo ng mga Pentecostal. Eksakto talaga. Kayo—ibinaba ninyo ang mga pamantayan. Nagsilayo kayo sa Espiritu. Ginusto ninyo ang mga malalaking gusali, at magagarang bagay, at lahat ng bagay na tulad niyan, at kumuha kayo ng mga mararangal-tingnan na pastor. Ano'ng ginawa ninyo? Kayong mga ina pinadala ninyo ang inyong mga anak na lalaki sa ilan sa mga seminaryong ito rito, para maging mga pastor. Ano'ng itinuro nila sa kanila? Teolohiya at lahat ng uri ng bagay na gawang-tao. At nasaan na ito ngayon? Nagsibalik sila, na isang pulutong na ng mga Ricky at mga Elvis. Talagang tama iyan. Ano'ng nasa inyo ngayon? Isang buntong ng ganap na kahangalan, "Anyo lang ng kabanalan."

324 Ang sabi ng Biblia, "Sa mga huling araw ay magkakaroon sila ng anyo ng kabanalan, ngunit tatanggihan ang Kapangyarihan nito, ang Buhay nito." Bakit? Sinipsip na Ito ng kuliglig. Tama. Inalis na Ito ng organisasyon. Unang Timoteo 3, ang sabi ni Pablo, "Alamin mo ito, na sa mga huling araw, ay darating ang mga panahong mapanganib. Ang mga tao ay magiging maibigin sa kanilang sarili, mga mapagmalaki, mayayabang, mga mapagtungyaw, masuwayin, mga walang turing, mga walang kabanalan, walang katutubong mga pag-ibig, mga walang pagpipigil sa sarili, hindi mga maibigin sa mabuti, lilo, mga palalo, na may anyo ng kabanalan, at itatangi naman ang Kapangyarihan nito." Sinipsip iyon ng kuliglig.

Nakapasok doon ang uod, noon pang panahon. Ihahatid namin sa inyo ang Punongkahoy na iyan, ang kabuuan, sa ilang saglit na lamang, kung loloobin ng Panginoon.

³²⁵ “Ang pinakamalaking lugar.” Aba, siyempre. “Buweno, alam mo, napakaraming natipon ang aming iglesya noong nakaraang taon.” Aba, siyempre.

³²⁶ Dinaig kayo ng Katoliko ng isang milyong milya. Sigurado. Napakalaki pa nga ng nalikom nito doon sa Russia hanggang sa itinaboy ito ng mga tao doon at naglagay, nagtatag ng komunismo. Ginawa nila ang ganoon ding bagay sa Mexico. At dapat nilang gawin din iyon sa buong mundo, kung saan siya naroroon. Tama 'yon.

³²⁷ Huwag ninyong katakutan kailanman ang komunismo. Ang komunismo ay isang walang-Diyos na kilusan. Ngunit naririnig ninyo ang ilan sa mga mangangaral na ito, tumatayo sa pulpito, tinutuligsa ang, “Komunismo! Komunismo!” Ni hindi rin ako naniniwala diyang. Ngunit huwag. . . At sasabihin sa kanilang iglesya, “Oh, lahat tayo ay masasakop na. Ang buong mundo ay magiging komunista na.” Iyan ay ganap na salungat sa Salita ng Diyos. Walang lugar sa Biblia na nagsasabi na mangyayari ang ganyan.

³²⁸ Ngunit sinasabi ng Biblia na ang Romanismo, ang iglesyang Katoliko, ang siyang mangingibabaw sa mundo. Basahin ninyo ang Daniel at malalaman ninyo. Ang ulo na ginto, si Haring Nebuchadnezzar, kaharian ng Babilonia; ang Medes at Persia ang humalili sa kanya; ang Imperyong Gresya naman ang humalili diyang; at ang Roma ay naroon sa huli. Ang sampung daliring iyon sa mga paa ay nasa bawat kaharian sa lupa. Huwag ninyong. . .

³²⁹ Mayroong bakal na tabing. Mayroong kawayan na tabing. Mayroong kulay-ube na tabing. Kapatid, kayo, huwag ninyong katakutan ang iba pa sa mga ito, kundi bantayan n'yo ang kulay-ube na tabing na iyon.

³³⁰ Nakaupo siya mismo rito sa trono, ngayon, sa bansang ito. Tandaan, katulad lamang ng ginawa noon ni Ahab, at nasa likuran niya si Jezebel. Iyan ay. . . Tinatawag ng Biblia ang iglesyang Katoliko na “Jezebel; patutot.” At si Ahab ay hindi masamang tao. Hindi ko naman sinasabi na si G. Kennedy ay hindi mabuting tao. Wala akong nalalaman na anuman tungkol sa kanya. Isa siyang lalaki. Iyan lang ang nalalaman ko. Siya ang Pangulo. Naniniwala akong siya'y magiging isang mabuting Pangulo. Iyon ay hindi siya; iyon ay ang sistema na nasa likuran niya. Hintayin ninyo hanggang sa siya ay unti-unti nang makapasok doon sa gabinete, at sa kung saan man na maaari niyang pasukin, tapos masdan kung ano ang mangyayari. Tingnan kung ano ang ginawa nito sa iba pang mga bansa. Tingnan kung ano ang dati na nitong laging ginagawa.

³³¹ At hindi ba't sinasabi ng Biblia, sa Apocalipsis 13? Ang bilang ng bansang ito ay labintatlo. Mayroon itong labintatlong guhit at labintatlong bituin sa watawat. Labintatlong guhit sa watawat. Labintatlo, lahat ng bagay na naroon ay labintatlo; labintatlong kolonya, labintatlong lahat na. At ito'y matatagpuan sa ika-13 kabanata ng Apocalipsis.

³³² At sinabi ng Biblia, na, "Lumitaw siya na tulad ng isang munting kordero," kalayaan sa relihiyon; "dalawang maliliit na sungay," pambayan at pansimbahan. At makalipas ang sandali, nagkaisa sila, "At siya'y nagsasalitang gaya ng dragon, at ginawa ang lahat ng bagay na ginawa ng dragon na nauna sa kanya." At sinabi ng Biblia, "Gumawa sila ng isang larawan para sa hayop na iyon," ang pagsasama-sama ng mga iglesya, sadyang kung anong mayroon sila ngayon mismo, dito sa Lungsod ng New York. At hayun ang napakalaking morgeng iyon sa dako roon! At lahat kayong mga Methodist, mga Baptist, at mga Pentecostal, at bawat isa sa inyo, na ekonomikal . . . ekumenikal na mga tao rito, nagsisikap na gumawa ng mga bagay na gaya niyan, at ipinagbibili ang inyong mga pagkapanganay, upang makisanib sa kampon ng Babilonya na iyan. Anong nangyayari sa inyo? Sigurado. Ipinagbibili ang inyong mga pagkapanganay, tulad ng ginawa ni Esau noon, kapalit ng isang palayok ng makakain. Iyan lang ang tanging makukuha n'yo. Iyan lang.

³³³ "Gumawa ng isang larawan ng hayop." Eksakto nga. Huwag ninyong katakutan ang komunismo. Katakutan ninyo ang Katolisismo. "Oh," sinasabi nila, "darating iyon na may mga daya, na para bang isang kordero. Ngunit," sabi, "bantayan ito." Sa likuran nito, isa itong lobo. Isa itong pumapasok nang panakaw. Bantayan ninyo ito. Siyanga, po. Dahil, ito'y salungat sa Salita. Ang sinasabi ng Salita ay kailangang mangyari.

³³⁴ Walang ginagawang anuman ang komunismo kundi gampanan mismo ang papel nito sa ilalim ng mga kamay ng Diyos. Talagang tama iyan. At bakit kailangan nilang gawin iyon? Kinailangang pahintulutan ng Diyos ang komunismo, upang maisagawa ang mga ito, ang Kanyang Salita, na mangyari. Tiyak nga. Iyan ay . . . Napagtanto ba ninyo iyon? Napag-isip-isip ba ninyo iyon? Kailangang gawin ng Diyos na mangyari ang Kanyang Salita.

³³⁵ Tingnan ninyo. Kung saan mayroong apat na raang mga propeta na tumayo doon, noon, para kina Ahab at Josaphat, isang araw. Si Josaphat, isang matuwid na lalaki. Sinabi niya, "Ngunit, bago tayo magtungo sa Ramoth-Gilead," sabi, "hindi ba't dapat tayong sumangguni sa Panginoon?"

³³⁶ Sabi ni Ahab, "Oo. Siyempre." Kita n'yo? Si Jezebel noon ang nasa likuran ng lahat ng iyon, alam n'yo. Sabi, "Ating-ating . . . Mayroon akong apat na raang mga propeta rito. Ipapatawag natin sila."

337 Lahat ng mabubuting tao. Ipinatawag sila. Lahat sila ay nagsipagpropesiya, sabi, “Humayo kayo. Ang Panginoon ay kasama ninyo.”

338 Iyon ay tila ba hindi tama, para sa maka-Diyos na taong ito. Ang hari ng Israel, o ang hari ng Israel doon. . . Hindi talaga tama ang dating niyon para sa kanya. Sinabi niya, “Mayroon pa bang isa?”

339 “Apat na raang mga mangangaral, na nagkakaisa na, sinasabi nang, ‘Humayo kayo. Nangusap na sa amin ang Panginoon at sinabi, “Pumaroon kayo.””

Sinabi niya, “Ngunit mayroon pang isa dapat sa kung saan man.”

340 Sinabi nito, “Mayroon pa akong isa, pero galit ako sa kanya.” Siyempre, sigurado. Oo. Sabi, “Palagi niya akong pinagsasalitaan. Palagi siyang nagsasabi ng masama laban sa akin.” Paano pa ito makagagawa ng iba pa roon, samantalang laban sa kanya ang Salita ng Diyos?

341 Kaya sila ay nagsugo at kinuha si Micaya. Sinabi ni Micaya, “Magsiyaon kayo. Oo. Tama ’yon. Ngunit nakita ko ang Israel na nagsipangalat, na gaya ng mga tupa na walang pastol.”

342 Pagkatapos siya, aba, ang bigating mangangaral na iyon ay lumapit, ang obispo, at sinampal siya sa bibig. Sabi, “Saan na pumaroon ang Espiritu ng Diyos nang Ito ay lumisan sa akin?”

343 Pagkatapos ay sinabi niya, “Wala naman talaga sa iyo, sa simula pa lang.” Kaya sa gayon—kaya sa gayon ay sinabi niya, “Malalaman mo rin, isa sa mga araw na ito.” Sabi niya—sabi niya—sabi niya. . .

344 Sinabi ni Ahab, “Ibalik n’yo siya sa kaloob-loobang kulungan. Pakainin siya ng tinapay ng kapighatian at ng—at ng tubig ng kapighatian.” Sabi, “Kapag ako’y nagbalik nang payapa, ako na ang bahala sa lalaking ito.”

345 Sinabi niya, “Kung makabalik ka pa, kung gayon ang Salita ng Diyos ay hindi nangusap sa akin.” Bakit? Bakit? Siya ay eksaktong nasa Salita, nasa Salita mismo.

346 Anumang propesiya na hindi nananatili diyan sa Salita. . . Talagang ganyan nga. Iyan ang dahilan kaya sinasabi ko ngayon; gaano man ito kaganda tingnan, gaano man karaming mga mangangaral ang nagsasabi *nito*, *niyan*, o ng *iba pa*, “Sasakupin ng komunismo ang mundo at ibabagsak ito.” Huwag ninyong pilingting kalabanin ang komunismo. Kalabanin n’yo ang Romanismo. Sapagkat, iyan ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Sinabi ng Panginoon na Romanismo ang maghahari, hindi komunismo. Ito ay isang kasangkapan lang.

347 Ngunit, nakita ninyo, kinailangan niyang gawin iyon. Sinabi ng Panginoon kay Micaya, “Kailangan Kong madala si Ahab doon. Udyukan ang mga mangangaral na iyon na sabihin iyan,

para madala si Ahab doon, nang sa gayon ay papangyarihin ang mga salita ni Elias.”

³⁴⁸ Kinailangang hayaan ng Diyos na lumitaw ang komunismo. Ano ang ginawa nila? Pinuwersa nila ang mga morgeng ito rito na magsama-sama, at gumawa ng isang kompederasyon ng mga iglesya, upang magsama-sama, upang gumawa ng isang larawan ng hayop, sadyang kung ano nga ang sinabi ng Salita na mangyayari. Huwag kayong mag-alala tungkol diyan. Inyong bantayan ang bagay na iyon na itinatatag nito sa ilalim nito. Tama iyan. Hmm!

³⁴⁹ Ako’y . . . palagay ko’y pinapagod ko na kayo, pero . . . [Sinasabi ng kongregasyon, “Hindi.”—Pat.] Pero totoo iyan. Hindi ko alam kung kailan ako muling makakapangaral sa inyo. Maaaring hindi ko na magagawa pa. Hindi natin alam. Maaaring hindi na tayo magkita-kita pang muli, ngunit gusto kong malaman ninyo kung ano ang Katotohanan.

³⁵⁰ Bantayan ang Salitang ito. Ito ang Katotohanan; hindi ako. Ang Salitang Ito, Ito nga Iyon. Kung ang salita ko ay salungat *Dito*, kung gayon ay huwag n’yo akong paniwalaan. Ang paniwalaan ninyo ay Iyan. Kung gayon, kung sasabihin ninyong, “Aba, taglay namin Iyan, at ikaw ay nangangaral ng salungat *Dito*,” kung gayon ay tungkulin ninyong lumapit sa akin. Tama. Tungkulin ninyong puntahan ako. Kita n’yo? Lumapit lang kayo, at tingnan natin kung ano ba ang Salita, ngayon.

³⁵¹ Ngayon, samakatwid, napag-alaman natin na iyon nga’y . . . iyon ay komunismo na nagsama-sama. Sinabi ng Diyos, “Ang Gog at Magog, doon, ay magkakatipun-tipon,” tiyak nga, “para papangyarihin ang digmaan.” Iyan ay ganap na totoo, dahil pagtatagpuin nito ang dalawang puwersang ito. Tiyak itong darating. Sinabi ng Biblia na darating nga ito.

Itinanim ng Diyos ang Punongkahoy na ito, upang ipamunga ang Kanyang espirituwal na bunga.

³⁵² At dati nang laging sinisikap ng tao na gawin itong isang artipisyal, “May anyo ng kabanalan.” Ang pinakamalalaking mga gusali sa siyudad, talagang, milyun-milyong dolyar! Ay, naku! At ang mga tao nangangaral na si Jesus ay darating na, at gagastog ng anim at walong milyong dolyar sa isang gusali sa kung saan. . . . At, ang mga misyunero, may kakilala akong mga misyunerong naroon sa misyon, na nangangaral ng Ebanghelyo, na walang suot na pares ng sapatos, kumakain nang dalawang kainan lang sa isang linggo. Nakikita n’yo ba kung bakit, kapatid, tayo Ano ba’ng nangyayari sa mga tao? Hindi talaga ako naniniwala na sila ay naniniwalang Siya’y darating na. Ang inyong—inyong—inyong—inyong mga salita ay nagsasalita Buweno, ang inyong—inyong buhay ay mas malakas magsalita kaysa sa inyong mga salita. Kayo Kita n’yo? At Siya’y

³⁵³ Silang hamak na mga misyunero, kung saan nandoon ako sa aking pagtitipon na tulad niyan, wala silang suot na sapatos; kawawang pares ng pantalong paikot na nakatali sa kanya, nang *paganyan*; nabubuhay doon sa pagmimisyon na napaliligiran ng mga pulgas, at ameba, at mga surot, at lahat na ng uri ng mga sakit, at lahat na ang naroroon; mga kawawang kamay na nangulubot na, at kinain na ng ameba at lahat na ng iba pa. Nakatayo doon, sabi, “Ikaw ba si Kapatid na Branham?”

Sabi ko, “Oo.”

Sabi, “Oh, pagpalain ka! Lagi akong nananalangin para sa iyo.”

³⁵⁴ Sa loob-loob ko, “O Diyos, hayaang ipanalangin nga ako ng lalaking iyan. Oo. Iyon ang tunay. Iyon nga siya.”

³⁵⁵ “Ako’y . . . ako—ako—ako binabasa ko ang mga artikulo mo, Kapatid na Branham. Siguradong nagsasabi ka ng Katotohanan. Talagang kasama mo kami.” Oh, kapatid, iyan ang—iyon ang tunay. Iyon siya; ang kawawang munting lalaki.

May narinig akong isang nagsabi, “Kilala mo ba kung sino iyon?”

“Oh,” sabi, “hindi siya kabilang sa aming organisasyon.”

“Ganun ba? Sino ba siya?”

“Aba, hindi namin siya kasama.”

“Buweno, sino siya?”

“Oh, siya’y isang—siya’y isang nagsasarili lang.”

“Oh, talaga? Uh-huh. Buweno, anong ginagawa niya?”

“Oh, mayroon siyang maliit na gawain doon. Siya—ayaw niyang makianib sa amin.”

“Buweno, gusto kong malaman ang tungkol sa kanya.”

³⁵⁶ Alam n’yo, noong munting bata pa ako, sa paghahanap ng mga mansanas sa loob ng mansanasan, hinahanap kong lagi ang punongkahoy na naroon na ang lahat ng mga pamalo sa ibaba nito, alam n’yo. Pag napaliligiran itong mabuti at husto ng mga pamalo, nandiyan ang mga magagandang mansanas.

Sasabihin nila, “Buweno, isa lang naman siyang holy-roller.”

³⁵⁷ Alam n’yo, doon n’yo laging inilalagay ang panakot kung saan naroon ang magandang punongkahoy. Ganoon din ang ginagawa ng diablo, para takutin kayo palayo Dito. Huwag kayong mag-alala. Tuluy-tuloy ka lang pumasok doon sa likuran ng panakot na iyan.

³⁵⁸ Pinanonood ko ang isang groundhog isang araw, na kumakain ng mga butter beans na itinatanim ko. Sa tuwing magtatanim ako ng isang hilera ng butter beans, ang maliit na iyon ay darating, kakainin ang mga iyon. Naisip ko, “Tatakutin ko nga siya nang husto.” Kaya kumuha ako ng isang papel na

supot. At ako ay talagang isang pintor; dapat sana ay nakita ninyo ako. Gumuhit ako ng sa akala ko ay nakakatakot na larawan. Oh, iyon ay nakakatakot, din naman, kung ako ang gumuhit niyon. At inilagay ko iyon sa isang papel na supot, at naglagay ako ng ilang butter beans doon, at isinabit iyon sa isang patpat. At kapag umhip ang hangin, iyon ay gumagalaw nang *ganyan*.

³⁵⁹ Mula sa lunggâ ay lumabas ang isang maliit na groundhog, alam n'yo na. At tatakbo siya papunta doon, na kakainin ang mga butter beans, at natagpuan niya mismo ang supot na ito. Umatras siya. Tiningnan niya iyon, tiningnan iyon nang maigi nang *paganyan*. At gumanito siya, "whew," sinugod ito, at, oh, ang naturang supot ay nakatayo pa rin. Tiningnan niya uli iyon, alam n'yo na, at tiningnan iyon nang maigi, muli. Lumingon siya at nakita niya ang mga butter beans na iyon na nakahilera. At napakainam ng mga iyon, alam n'yo. Kaya tumingin siya sa panakot, na nasa daanan niya. Kaya lumapit siya, at patuloy na lumapit nang husto, nang *ganyan*. [May bagay na tinapik si Kapatid na Branham—Pat.] Sinusubok na takutin iyon, at iyon ay hindi kumikilos. Huwag mag-alala; iyon ay patay naman pala. Ganyan silang lahat na mga panakot. Kaya siya—kaya sadya niyang . . .

³⁶⁰ Ang ginawa niya, iniamba niya ang maliit niyang paa at sinipa ang papel na supot na iyon, na nag-ingay, nang nag-ingay. Bigla siyang umatras at tiningnan iyon, nang paganyan. Sinipa niya uli iyon, nag-ingay, nang nag-ingay. Ganyan lang naman pala iyon, nag-iingay lang. Katulad ng kuwago ng taong Irlandes, puro ingay lang at balahibo, at walang kuwago, alam n'yo. Kaya sadyang sinipa iyon nang *paganyan*, at pinag-ingay nang apat o limang beses nang ganun. Alam ba ninyo kung ano ang ginawa niya? Nagpunta mismo sa likuran ng papel na supot na iyon at kinain tuloy ang mga butter beans ko. Mas marunong pa siya rito, nang labis kaysa sa akin. Kita n'yo? Ano iyon? Nakita n'yo, hindi niya hahayaang pigilan siya ng panakot. May kung anong bagay na mainam sa likuran ng panakot na iyon.

³⁶¹ Kapag sinabi nilang, "Oh, mga holy-roller ang mga iyon," tuloy ka lang sa likuran ng panakot na iyan at dire-diretsong pumasok. Kita n'yo? Magpatuloy lang at sampalatayanan iyon. Kita n'yo? Maaaring mayroong Espiritu Santo doon, din naman, nakita n'yo. Hindi n'yo masasabi. Kita n'yo? Sige.

³⁶² Oh, iyang den- . . . tiningnan natin ang maka-denominasyong kuliglig na ito na kumikilos. Natural na iglesya; espirituwal na Iglesya. Masdan ngayon ang matandang kuliglig na ito, kung paano niya ito ginagawang denominasyon. Nakain na niya ang balat ng kahoy, at kinain na ang mga bunga mula rito, at, oh, kapatid, naubos nang lahat iyon. Ang lahat ng mga kaloob ng Espiritu ay wala na; wala nang Makalangit na pagpapagalang, wala nang pagsasalita sa iba't ibang wika,

wala nang pagpapahayag ng propesiya, wala nang kahit ano, hindi na naniniwala sa—naniniwala na may mga propeta. Hindi na sila naniniwala sa mga bagay na ito. Hindi na nila alam. Lahat, gawang-tao na! Lahat ng mayroon sila ay gawang-tao, artipisyal. Kita n'yo? Buweno. Ang iglesyang natural, hayun ang iglesyang natural. Iyan 'yung gawa-gawa lang ng tao. Ang Iglesyang espirituwal naman. . .

³⁶³ Alam n'yo ba, na sinasabi iyan ng Biblia? Siyanga, po. Ang iglesyang natural; at ang Iglesyang espirituwal. At ang sabi ng Biblia, “Palayasin ang aliping babae at ang kanyang anak.” (si Hagar) “sapagkat hindi siya magmamanang kahati ng malayang babae at ng anak nito.” Kita n'yo?

³⁶⁴ Kaya, ang iglesyang natural, iyan ay magmamana (Ng ano?) ng pagbibigkis ng mga tungkos, ng pagbibigkis ng mga bungkos, para sunugin. “At hindi siya magmamana, magiging tagapagmana, na kahati ng malayang babae.” Kung ang aliping babae ay nasa pagkaalipin na kasama ang kanyang organisasyong mga anak, hindi siya magmamanang kahati ng malayang babae, dahil ang mga anak ng malayang babae ay makakasama doon sa Pag-agaw. At ang mga anak ng aliping babae ay magiging naroon sa Paghatol, kita n'yo, itinakwil. Oo. Ang espirituwal ay malaya. Siyanga, po.

³⁶⁵ Ang kuliglig, ang maka-denominasyong mga Esau. Ngayon, si Esau. Hayun sina Esau at Jacob noon, kambal silang dalawa, pareho silang mga relihiyoso. Si Esau ay isang karnal na tao. Mabait siyang tao. Hindi siya noon masasabing, buweno, ngayon. . .Hindi siya lumabas at nagnakaw, nag-inom, kung ano man noon. Isa siyang relihiyosong tao. Ngunit inakala niya, “Aba, hangga't relihiyoso ako, anong kaibahan naman ang magagawa niyon?”

³⁶⁶ Subalit, ang munting si Jacob, hindi mahalaga sa kanya kung papaano niya makukuha iyon, ang pagkapanganay na iyon ang gusto niya. Kahit na sa papaano mang paraan pa niya makuha iyon, basta makuha lang niya Iyon! Kung kinakailangan niyang lumuhod sa may altar, at sumigaw at umiyak, at humagulgol at mabasa man sa uhog. Pasensya na. O kaya, alam n'yo na, lumuha nang husto. Hindi ko sinasadyang sabihin iyon. At kaya. . . Pasensya na. Kaya, lumuhod doon sa may altar at umiyak nang husto hanggang sa makamtan niya Iyon, aba, nakamtan nga niya Iyon. Kita n'yo? Wala siyang pakialam kung papaano niya Iyon nakamtan, basta nakamtan niya Iyon.

³⁶⁷ Sinasabi ng ilan sa kanila, “Ako. . .Kapatid na Branham, silang mga tao doon, na humahagulgol pa sa may altar na iyon, at umiiyak, nang umiiyak. Hindi ko gusto Iyon sa ganoong paraan.” Buweno, hindi ka nga magkakaroon Niyon.

³⁶⁸ Ang matandang maitim, itim na kapatid na lalaki, doon sa may Timog, minsan, ay palaging masaya. At siya, sinabi ng

kanyang boss, “Ano ba’ng—ano ba’ng labis na nagpapasaya sa iyo palagi, bata?”

Sabi niya, “Mayroon kasi akong relihiyon na damang-dama sa puso.”

Sabi, “Wala namang ganyang bagay.”

³⁶⁹ Sabi niya, “Nagkamali ka ng isa. ‘Sa iyong pagkakaalam, walang ganyang bagay.’” Iba ang nalalaman niya. Sabi, “‘Sa iyong pagkakaalam.’ Ganoon mo dapat sinabi iyon.”

Isang araw, sinabi nito, “Gusto ko ring magkaroon ng kung anong relihiyon na iyan na damang-dama sa puso.”

Sabi niya, “Kailan mo ba gustong magkaroon niyon?”

Sabi, “Ngayon.”

Sabi, “Buweno, halika’t kunin na natin.”

³⁷⁰ Lumabas sila. Sinabi niya, “Heto ang isang kamalig ng tuyong dayami. Maganda dito.” At ang sabi, “Oo nga, hindi ako maririnig ng asawa ko, at ng kahit ano rito,” sabi. Sa ganyang paraan Ito gusto ng mga tao, alam n’yo; ang iabot na lang Ito sa kanila, na nasa isang plato. Sabi, “Luluhod tayo dito.”

Sinabi ng matandang kapatid, “Hindi mo iyon makukuha dito.”

³⁷¹ Buweno, ginoo, nagpunta ang lalaki doon sa kuwadra. Sinabi nito, “Makukuha ba natin Iyon dito?”

Sabi, “Hindi.”

Sinabi nito, “Pupunta tayo doon sa may bodega ng mga mais.”

Sabi, “Hindi.”

Sabi, “Saan mo makukuha Iyon?”

³⁷² Sabi, “Sundan mo ako.” Inililís niya ang pantalon niya, naglakad patungo doon sa kural ng baboy, nang buong tiyaga, doon sa putik, sabi, “Halika rito mismo. Dito mo makukuha Iyon.”

Sinabi nito, “Ayaw kong magpunta diyan.”

Sabi niya, “Hindi mo pa gustong makuha Ito, boss. Hindi mo pa gusto Ito.”

³⁷³ Alam n’yo, inakala ni Naaman iyan, din naman. Si Naaman, sinabi ni Naaman, “Ngayon, gusto kong mawala na ang aking ketong.”

³⁷⁴ Sinabi ni Elias, “Magpunta ka diyan sa maputik na Jordan, kung saan umaagos ito doon sa Mediteráneo.” At sabi, “Ito ay talagang napakaputik. Lumubog ka diyan nang pitong beses.”

³⁷⁵ “Oh,” sabi ni Naaman, “naku, pambihira! Hindi ba’t mas maganda ang mga tubig, doon sa may paligid ng Damasco at sa dako roon? Oooh, magaganda ang mga iyon at malinaw sa banda

roon.” Naku, nakita natin dito noong isang gabi, sa pelikula, rito, alam n’yo. Sabi, “Oh,” sabi, “aba, aba, ayaw naming pumunta diyan. Hindi ako makakalusong diyan. At kilala mo ba kung sino ako? Ako ang kapitan ng mga bantay. Ako ang heneral ng hukbo.”

³⁷⁶ “Buweno, kung gusto mong mawala na ang iyong ketong, sige na lumusong ka na diyan. Pero kung gusto mong panatilihin iyan, sige magpunta ka doon. Ang sabi niya, ‘Lusong na.’”

³⁷⁷ At nakikini-kinita ko siyang patungo na doon sa tubig na iyon. Maiisip mo ba iyon? Oh, sinisira niyon ang pagka-marangal niya. Nakikini-kinita ko siya, alam n’yo, nagpapatingkayad nang *paganito*; pinipisil ang ilong, alam n’yo na.

³⁷⁸ Sa ganyang paraan sinisikap lumapit ng ilang mga tao kay Cristo. “Gusto kong gumaling. Gusto ko sana, alam n’yo, na makapunta sa Langit, pero, oh, naku, paano kung pagtinginan ako nung iba pa.” Uh-huh. Ikaw na ipokrito. Hinding-hindi mo rin naman makukuha Iyon, ano’t ano man. Tama ’yon. Kita n’yo? Hinding-hindi mo rin naman makukuha iyon, ano’t ano man. Huwag kang mag-alala. Hindi mo pa talagang gusto Iyon. Tama ’yon. Hindi mo pa talagang gusto Iyon. Ganoon nga. Kapag handa ka nang makuha Iyon, makukuha mo Iyon, sigurado. Ibibigay Iyon ng Diyos sa iyo kapag handa ka na. Buweno.

³⁷⁹ Ngayon, ang lahat, ang maka-denominasyong mga kuliglig, ay kinain nang lubos ang buong bagay na iyon. Pansinin ang bawat insekto, ang bawat isa sa mga insektong ito, noong ito ay kumikilos sa Punongkahoy na iyon, nagbigay-daan siya sa isa pa na susunod sa kanya. Oh, isa siyang matalino. Siyanga, po. Kita n’yo? Inalis niya ang mga bunga, kita n’yo, ng Espiritu, para (Ano?) maalis niya ang pakikisama, kita n’yo, ang mga dahon.

³⁸⁰ Kaya dumating ang isa pa at gumawa siya ng sarili niyang ikabubuhay, inalis ang mga dahon. Ano ang dahilan kaya inalis niya, iyon? Inalis niya ang mga dahon para hindi magkaroon ng lilim at kasariwaan, para makita ng ibang tao, nang sa gayon ay mapasok niya ang balat ng kahoy. Kita n’yo?

³⁸¹ Papasok siya sa loob ng balat ng kahoy, at magbubutas papasok sa gulugod, at aalisin ang Doktrina palayo sa mga ito, kita n’yo, ang mismong nagpapadaloy sa Buhay.

³⁸² At pagkatapos, pagkabutas na pagkabutas niya papasok doon, nagkaroon siya, nang sumunod na, ay dumating naman ang matandang maninipsip na kuliglig, na nagdala ng denominasyon, at sinipsip iyon at inorganisa iyon para hindi mo makuha Ito.

³⁸³ At ano ang ginawa ng Buhay? Bumaba na tuloy sa mga ugat. Iyan ay talagang tama. Dali-dali Ito mismong bumaba doon sa mga ugat. Hayan.

384 Ngayon, ang siya ring insektong iyon ay bumutas papunta sa pinakagitna, hanggang sa iyon ay makarating sa Buhay. Patuloy itong nanira mula sa bunga, papunta sa mga dahon, direktso sa balat ng kahoy, hanggang sa makarating iyon doon mismo sa pinakagitna, sa daluyan ng Buhay. Buweno.

385 Ngayon tingnan natin ang naturang maninira na kumikilos, ang una. Lalaktawan ko na ang ilan sa mga ito rito, palagay ko; hindi, hindi pala. Ang—ang unang bagay na ginawa ng insektong ito, pagdating na pagdating niya doon sa pinakagitna ng Punongkahoy. Pagmasdan natin siya, doon sa kanyang unang yugto, bago pa siya nakapagsimula nang husto. Pagmasdan natin siya. Ngayon pagmasdan natin siyang kumikilos. Ang unang bagay na kinondena niya, ay ang sirain ang unang tunay, na mahalagang Punong namumunga na mayroon noon ang Diyos sa ibabaw ng lupa.

386 Ngayon kung makapagtitiis kayo sa akin nang ilang minuto pa. Gusto ko kayong—gusto kong makuha n'yo ito ngayon. Huwag . . . Ito ang inyong Mensaheng Pang-Pasko Ng Pagkabuhay, na dumarating na mismo ngayon. Uh-huh, uh-huh, uh-huh.

387 Ang unang bagay na ginawa niya, ay sinira niya ang unang pinakamamahal na namumungang Punongkahoy ng Diyos, si Cristo. Siya yaong Puno na iyon na naroon sa halamanan ng Eden. Tama 'yon. Ang unang namumungang Punongkahoy, sinira niya Ito. Ang Siyang Unang itinanim ng Diyos dito sa lupa, ay si Cristo. Sinira niya ang Punongkahoy na iyan na ibinubunga ang Kanyang bunga. Ngayon, mayroon sila ng lahat ng uri ng mga organisasyon, at sadyang hawak na niya iyan sa kanyang mga kamay. Subalit nang dumating siya sa isang Puno na ibinubunga ang tunay na bunga, pinasok Iyan ng Romanong insektong iyon, kita n'yo, sinira ang naturang Punongkahoy.

388 Ang Punongkahoy? Oo. Sinabi ni Jesus, “Kung ginagawa Ko . . .” Sa San Juan, “Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, o hindi taglay ang mga bunga ng Aking Ama, huwag kayong magsisampalataya sa Akin.” Ibinubunga nga Niya ang bunga ng Diyos. Anong uri ba ng bunga ang ibinunga Niya? Anong uri ng bunga?

389 Pagmasdan natin Siya sa ilang sandali. Tinalakay na natin ito nang maraming beses na. Kumuha na lang tayo ng kaunting pang-panimula, para sa mga taong nangakaupo rito, na naghihintay sandali, para maipanalangin.

390 Ano ang unang bagay na nalaman nila, na magagawa niya, na makilala Siya bilang siyang Mesiyas? Noong unang lumapit si Pedro sa Kanya, at dinala siya ni Andres, at tumingin Siya kay Pedro at sinabing, “Ang pangalan mo ay Simon, at ikaw ay anak ni Jonas.” Nalaman niya kaagad nun, ayon sa Kasulatan, na iyon ay ang Mesiyas. Nagkaroon na noon . . .

391 Alam ba ninyo na nagkaroon na noon ng maraming mga naglitawan bago iyon, ayon sa kasaysayan, at tinawag ang kanilang mga sarili na mga Mesiyas? Ngunit wala sa kanila ang nakagagawa *nito*. Uh-huh. Dahil, “Ang Mesiyas,” sabi ni Moises (Ang Salita ng Diyos, na hindi mabibigo, ay sinalita na ni Moises.), sabi niya, “Ang inyong Mesiyas ay magiging isang Propeta na tulad ko.”

392 At kaya nang ang estrangherong ito ay lumapit sa harapan ni Jesus, at sinabi ni Jesus, “Narito, ang pangalan mo ay Simon, at ikaw ay anak ni Jonas,” nalaman ni Pedro kaagad nun kung Sino Siya. Nalaman niya na Siya iyon.

393 Noong si Nathanael ay pumaroon at isinama si Felipe, o . . . si Felipe ay pumaroon, isinama si Nathanael, pala, at dinala siya doon. At si Nathanael, na isang dakilang lalaki, kita n’yo, dakilang lalaki, relihiyosong lalaki. At—at sinabi sa kanya ni Felipe ang tungkol doon, habang nasa daan sila papunta doon, kung ano ang ginawa Niya kay Simon. At nang si Nathanael ay lumapit na sa Presensiya ni Jesus, anong sinabi ni Jesus? Sinabi Niya, “Narito ang isang Israelita, na sa kanya’y walang daya.”

Sinabi niya, “Rabí, kailan Mo ako nakilala?”

394 Sinabi Niya, “Bago ka tawagin ni Felipe, noong ikaw ay nasa ilalim ng punongkahoy, ay nakita Kita.”

395 Sinabi niya, “Rabí! Rabí, Ikaw ang Anak ng Diyos; Ikaw ang Hari ng Israel.” Kita n’yo?

396 Bakit? Iyon ang bunga. “Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama . . .” Alam Niya ang mga pag-iisip mismo na nasa mga puso nila.

397 May isang babae na hinipo ang Kanyang damit, minsan, at lumayo kaagad at naupo na sa kongregasyon. Tumingin sa paligid si Jesus at sinabing, “Sino ang humipo sa Akin?” Lahat sila ay itinanggi iyon. Tumingin Siya sa paligid, at nakita siya. Mayroon siyang pag-agas ng dugo. Sinabi Niya, “Iniligtas ka ng iyong pananampalataya.” Oh, naku!

Ang munting babaeng iyon na Samaritana . . .

398 Ngayon tandaan, hindi Siya kailanman nagpunta sa mga Gentil, katulad ninyan. Hindi, po. Sinabi Niya sa Kanyang mga alagad na huwag pumaroon sa kanila. Tayo ’yun. Ito ang panahon natin. Pumarito Siya sa anyong Espiritu Santo, sa atin, gaya ng sinabi Niya na gagawin Niya.

399 Ngunit nang pumaroon Siya sa kanila, anong nangyari? Nang lumapit Siya sa babaeng Samaritana, sinabi ng babaeng iyon . . . Sinabi Niya sa kanya, “Bigyan mo Ako ng maiinom.”

400 At sinabi niya, “Hindi kaugalian para sa Iyo, bilang isang Judio, na humingi sa akin, na isang Samaritana.”

401 Mayroong paghihiwalay noon sa pamamagitan ng kanilang mga kulay at iba pa. Ipinaalam Niya sa kanila mismo noon, na walang mga pagkakaiba-iba, ang lahat ay nagmula sa iisang punongkahoy. Lahat tayo ay mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos. Lahat tayo, kita n'yo. At sinabi Niya . . .

402 Sinabi niya, "Buweno, sumasamba kami. Ang aming ama, si Jacob. . ." Kita n'yo, at iyon ay ama ng mga Judio, rin naman. Kita n'yo? "Ang aming ama, si Jacob, ay hinukay ang balon na ito, at sinasabi Mong Ikaw ay mas dakila kaysa sa kanya?"

403 At sinabi Niya, "Ang Mga Tubig na ibibigay Ko sa iyo ay walang hanggang Buhay." Kita n'yo? Sinabi Niya . . .

"Kami, buweno, sumasamba kami sa bundok na ito, at Kayo naman sa Jerusalem."

Sinabi Niya, "Tawagin mo ang iyong asawa at pumarito ka. Ito ang tatapos nito."

Sinabi niya, "Wala akong asawa."

404 Sabi, "Tama ang sinabi mo." Sabi, "Nagkaroon ka ng lima; at ang isa na kinakasama mo ngayon ay hindi mo asawa."

405 Sinabi niya, "Ginoo, alam Mo, apat na raang taon na ang nakakalipas mula nang magkaroon kami ng isang propeta, ngunit Ikaw ay isa ngang propeta. Papaano Mo nalaman na nagkaroon ako ng limang asawa?" Sinabi niya, "Ngayon, nalalaman namin na ang . . . Panahon na para sa Mesiyas na maparito, na tinatawag na, 'ang Cristo.' At kapag Siya ay dumating, sasabihin Niya sa amin ang ganitong mga bagay." Oh, hayun ang Kanyang mga bunga.

Sinabi Niya, "Ako nga Siya."

406 Iniwan niya ang banga, ang lumang tubig banga ng organisasyon. Sa loob ng bayan ay nagpunta siya. Gaano man kapuno ang balon, na mayroon si Jacob, nakasumpong siya ng isang bagong Bukal. Sa loob ng bayan ay nagpunta siya, sinabing, "Halikayo, tingnan ninyo ang Lalaki Na nagsabi sa akin ng bagay na ginawa ko: hindi ba't Ito ang mismong Mesiyas? Hindi ba't Ito ang bunga? Hindi ba't Ito ang katibayan na Iyon nga ang Mesiyas?"

407 Hindi Iyon maunawaan ng mga Judio. Sinabi nila, "Siya'y isang manghuhula, Beelzebub."

408 Sinabi ni Jesus, "Pinapatawad Ko kayo, kayo. Ngunit, balang araw, darating ang Espiritu Santo upang gawin ang gayon ding bagay; at, magsalita kayo ng laban Diyan, kailanman ay hindi na kayo mapapatawad pa." Kita n'yo?

409 Ngayon, "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, sampalatayanan. . . huwag kayong magsisampalataya sa Akin." Ngunit ang namumungang Puno na iyon ay ibinubunga ang naturang mga bunga.

410 Ngayon ano? Ano ang sinabi Niya? Kung gayon anong— anong uri ng Iglesya ang itinatag Niya? Ngayon, kayong mga Katoliko na gustong magsabi na si Jesus ay nagtatag ng isang iglesya, ano bang uri ng Iglesya ang itinatag Niya?

411 Bumanggit ba Siya ng isang denominasyon, isang kredo? [Sinababi ng kongregasyon, “Hindi.”—Pat.] Noon pa Siya laging laban diyan. Ang sabi, “Kayong mga pinaputing pader. Kayong mga buto ng mga patay na tao.” Tinawag Niya sila ng lahat na ng maitatawag Niya sa kanila. Tama ’yon. Siya ay laban diyan. Iyon ang bunga ng Diyos. Ngayon, maaari ninyong gawin ang dalawa at dalawa, apat, kung gusto ninyo. Buweno. Siya ay laban sa bagay na iyan, sa organisasyon, laban sa kanilang mga teorya. Tinawag silang, “Mga mapagpaimbabaw, mga ulupong sa damuhan,” at sinabing sila ay “mga diablo.” Sinabi Niya, “Kayo ay sa inyong amang diablo, at ginagawa ninyo ang kanyang mga gawa. Sino sa inyong mga magulang ang hindi umusig sa mga propeta na isinugo Kong una sa Akin?” Kita n’yo? Sabi, “Pagkatapos ay ginawan ninyo sila ng mga libingan.” Sabi, “Kayo nga ang mga naglagay sa kanila doon.” Oh, kapatid, deretsahan Siyang nagsalita sa kanila. Tama ’yon.

412 Iyon ang bunga ng Diyos. Ano nga iyon? Ang manatili sa Salita ng Diyos, gawing hayag ang Salita ng Diyos.

413 Sinabi Niya, sa ibang paraan, “Ano ba ang sinabi ng Kasulatan na gagawin Ko na Mesiyas kapag Ako ay dumating na? Ngayon, kung hindi Ko ibinubunga ang bungang iyon ng Salitang iyan, kung gayon ay hindi Ako ang Mesiyas. Ngunit kung ibinubunga Ko ang bunga ng Salitang iyan na dapat gawin ng Mesiyas, kung gayon ay Ako nga Siya.” Amen. “Ngayon, sino sa inyo ang makapaghahatol sa Akin ng kasalanan?” sabi Niya. Hayan na. “Alin ba sa inyong mga organisasyon ang gumagawa ng gayon ding bagay na ito?” Hayan na. “Ito nga ang dapat gawin ng Mesiyas. Ang Mesiyas ay dapat na isang propeta. Ngayon tingnan nga natin ang ilan sa inyong lahat,” sinabi Niya, “na gamit ang lahat ng inyong mga ideyang napakatayog, tingnan natin kung magagawa ninyo ito.” Ngayon, tahimik nga sila. Buweno. Ano nga iyon? Ibinunga Niya ang bunga ng Diyos. Nasa Kanya ang Espiritu Santo. Ibinunga Niya ang bunga ng Diyos. Ano nga Siya? Siya . . .

414 Ngayon makinig nang mabuti. Mamadaliin ko sa abot ng aking makakaya, para hindi ko kayo maabala sa inyong pang-Pasko ng Pagkabuhay na hapunan. Tingnan. Ngunit, ang inyong—inyong pang-Pasko ng Pagkabuhay na hapunan ay dapat na ang pagkabuhay na mag-uli. Kita n’yo?

415 Ngunit ano? Siya ang sakdal na Propetang Punongkahoy ng Diyos, ang huwaran na Puno, ang Punongkahoy na Nobyo. Amen. Luwalhati! May isa akong bagay na sasabihin, nang tahasan: Kung Siya ang Punongkahoy na Nobyo (Naniniwala

ba kayo dito? Mula sa halamanan ng Eden?) [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] kung gayon, ang Punongkahoy na Nobyo, kung wala ang Babae, ay hindi magbubunga, kaya dapat Siyang magkaroon ng isang Punongkahoy na Nobya. Ang babaeng iyon ay dapat na binuo mula sa gayon ding materyal, ang Salita na nagkatawang-tao sa naturang Punongkahoy. Umaasa akong nakuha ninyo iyon. Ito’y ang gayon ding Buhay na nasa babaeng Punongkahoy na ito, ang Nobyo, kung paanong ganoon din Ito na nasa Nobya. “Ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo.” Tama ba? [“Amen.”] Siya ang Nobyo, tandaan.

⁴¹⁶ Sasabihin ninyo, “Iyan ay hindi ayon sa Kasulatan.” Oh, ito nga. Nahuli ko iyan ngayon. Kita n’yo? Naghahanda na tayong magkaroon ng gawaing ukol sa pagpapagaling maya-maya lang. Nahuli ko iyan. Siya nga.

⁴¹⁷ Gusto n’yo ng katibayan nito? Sinabi Niya, “Ako ang Puno ng ubas, kayo ang mga sanga.” Sa San Juan sinasabi iyon: “Ako ang Puno ng ubas, kayo ang mga sanga; kayo ang magsisipagbunga.” Kita n’yo? At ang lalaking punongkahoy at ang babaeng punongkahoy ay naglalabas ng polen, tungo sa isa’t isa, na siyang nakapagpapabunga. At ang sanga at ang puno ng ubas ay ginagawa ang gayon ding bagay. Kita n’yo? Talagang tama ’yan. Kaya sinabi Niya, ngayon.

⁴¹⁸ Ang unang Punongkahoy na ito ay isang Propetang Punongkahoy, isang sakdal na Punongkahoy, ang Diyos ng mga propeta. Isa siyang pangunahing Punongkahoy. Siya ang sakdal na proper. . . Propetang Punongkahoy. Bakit? Siya ang Salita. Ngayon, ang iba ay maliliit na lang na mga propeta. “Ang Salita ay dumating sa mga propeta.” Ngunit Siya ang Salita, Siya Mismo, sa anyo ng isang Propeta. Amen.

⁴¹⁹ Ngayon tayo’y may pinatutunguhan na. Ngayon makinig nang totoong maigi. At huwag n’yong palampasin ito ngayon. Napakaganda nito, kakasulat ko lang nito rito. Uh-hum. Amen.

⁴²⁰ [Isang busina ng sasakyan ang narinig—Pat.] Mayroong sumisigaw, pinasisigaw ang kanilang busina, doon sa labas. Uh-huh, sadyang, oh, umaasa akong nasisiyahan kayong mga nandiyan sa labas. Kami ay gayon din, dito sa loob. Sige.

⁴²¹ Ngayon, Siya ang Propetang Punongkahoy ng Diyos. Bakit? Ipinangaral Niya ang buong sakdal na Salita ng Diyos, sapagkat Siya ang nahayag na Salita ng Diyos. Siya ang sakdal na Propetang Punongkahoy na nangaral ng sakdal na Propetang Salita, na nagdala ng sakdal na Propetang bunga sa pamamagitan ng sakdal na Salita ng Diyos. Oh, kapatid, isang napakainam na Punongkahoy! Isang Punongkahoy, Siya yaong Punongkahoy ng Buhay na inilayo ng Anghel mula kina Eba at Adan, na may nagbabantay na mga Kerubin, palayo sa Punongkahoy na iyan. Ngayon ang siya ring mga Kerubin na

iyon ay nagsisikap na akayin sila patungo Dito, dahil mayroon nang daan na ginawa para sa kanila. Kita n'yo? Ngayon sila ay umaatras naman palayo; oh, mga taong nilalang. Hmm!

Ngayon, ipinangaral nga ang buong Salita, hindi Siya nagbawas *rito* o *doon*.

⁴²² Noong lumapit sa Kanya si satanas, ang bigating teologong iyon, at sinabing, “Nasusulat . . .”

Sinabi ni Jesus, “Oo, at nasusulat din naman . . .” Uh-huh.

“Ngunit nasusulat . . .”

At sinabi Niya, “At nasusulat din naman . . .”

⁴²³ Sakdal na Propetang Punongkahoy na ipinapangaral ang sakdal na Salita ng Propeta, na may sakdal na mga tanda ng Propeta, sakdal na mga resulta ng Propeta, sakdal na mga bunga ng Espiritu.

⁴²⁴ At bilang isang pagkutya . . . Ako’y—tatalakayin ko na ito nang talagang mabilis na ngayon. Dahil, bilang pagkutya, ibinitin nila Siya sa . . . Siya ang Salita, alam n’yo. Ibinitin nila Siya, ang Punongkahoy na Salita; ang Punongkahoy na Salita, ibinitin Siya sa isang gawang-tao na Romanong punongkahoy. Hum! Kapatid, umaasa akong tumimo iyan. Siya, bilang sakdal na espirituwal na Punongkahoy ng Diyos, ibinitin nila Siya sa isang gawang-tao na Romanong punongkahoy. Amen.

⁴²⁵ Gayon din ngayon. Sinisikap nilang kunin ang sakdal na Punongkahoy ng Diyos, ang Salita, at haluan Ito, at ibitin Ito doon sa isang kung anong uri ng kredo. Ang kamatayan at Buhay ay hindi maghahalo. Hindi kailanman nagpunta si Jesus sa isang gawaing paglilibing; bubuhayin Niya ang patay. Bakit? Ang kamatayan at Buhay ay hindi maaaring magsama. Sila’y salungat, sa isa’t isa. Hindi Siya nangaral sa mga paglilibing. Binuhay lamang Niya sila. Amen. Oo. Bakit? Buhay; at kamatayan.

⁴²⁶ Ngayon tingnan. Ibinitin nila Siya sa isang punongkahoy. Tama ba? [Sinabing ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] “Isinumpa ang bawat ibinitin sa punongkahoy.” Tama ba? [“Amen.”] Sinabi ng Biblia, “Isinumpa ang bawat ibinitin sa punongkahoy na gawang-tao.”

⁴²⁷ Kaya kung, sa ngayon, ay sinisikap ninyong maglambitin sa isang uri ng punongkahoy na gawang-tao, bitawan n’yo na ito. At huwag n’yo rin itong hayaan na ibitin kayo doon. Dahil, iyan ang lugar para sa mga patay na, isang gawang-tao na Luther, Baptist, Presbyterian, Pentecostal na organisasyon, tama ’yon, isang gawang-tao na punongkahoy. Huwag bumitin doon. Huwag n’yo ring hayaan na ibitin kayo nito doon. Ibibitin nila kayo doon kung magagawa nila, hanggang sa ang lahat ng Buhay ay mawala na sa inyo, hanggang sa kilalanin na ninyo ang kanilang doktrina. Tama ’yon.

428 Ngunit doon nila binitay ang sakdal na Punongkahoy na ito. Ang sakdal na namumungang Punongkahoy ng Diyos ay binitay sa isang gawang-tao na Romanong punongkahoy. Iyan nga. Isang sumpa ang mabitay sa anumang punongkahoy na gawang-tao. Ano iyon? Para alisin Siya sa kanilang paningin, matapos Niyang ibunga ang lahat ng mga bunga.

429 Matapos na si Maria Magdalena, sabi ng kasaysayan, ay tumakbo sa harapan nila at sinabing, “Ano bang nagawa Niya? Ano bang kasamaan ang ginawa Niya?” Pinigil niya ang prusisyon, sabi, “Ano bang ginawa Niya na masama? Di ba’t wala Siyang ginawang anuman kundi ipangaral lamang ang Ebanghelyo sa mga mahihirap? Di ba’t wala Siyang ginawang anuman kundi pagalingin lamang ang mga maysakit, buhayin ang mga patay? At ang mga pinaka tanda ng buháy na Diyos ay nasa Kanya. Papanong nagagawa n’yong hatulan Siya?”

430 At sinampal nila siya sa bibig, at sinabing, “Makikinig ba kayo sa masamang babae na iyan sa halip na sa inyong saserdote,” hayan na nga, “sa inyong obispo?” Uh-huh. Hayan na. Ganyan din ngayon. Tama ’yon. Uh-huh. Oo.

431 Ngayon, nang magawa Niya ang lahat ng ito, at pinatunayan ang Kanyang Sarili, kung ano Siya noon, at ibinaling iyon sa kanila at sinabing, “Kung Ako’y hindi Siya, kung gayon sino kayo? Uh-hum, uh-hum. Kung masusumbatan ninyo Ako ng tungkol sa kasalanan, kung Ako ay mali sa saan mang dako ng Salita, ipakita ninyo sa Akin. Ngayon hayaang ipakita Ko sa inyo kung saan kayo mali.” Kita n’yo? Ang *kasalanan* ay “di-pagsampalataya.” Alam natin iyon.

432 Ngayon, para mawala na Siya sa kanilang paningin! Kinapopootan nila Siya nang labis, dahil niligalig Niya ang lahat ng kanilang mga organisasyon. Para mawala na Siya sa paningin nila, inilibing nila Siya. At nagpagulong ng isang napakalaking batong denominasyonal sa may pintuan, para matiyak na hindi Siya babangon muli. Kita n’yo? Oh, naku!

433 Pakaisipin ang sakdal na Punongkahoy na iyon! Tumingin noon si David at nakita niya Ito. Sinabi niya, “Iyon ay nakatayo sa siping ng mga agos ng Tubig. Nagdadahon Siya sa Kanyang kapanahunan. At ang Kanyang bunga, iyon ay hindi malalaglag. Iyon, hindi iyon malalanta. Anomang Kanyang gawin ay sasagana.” Siya ang Anak ng kasaganaan.

434 Si Joseph ay isang tipo Niya. Siya ang Antitipo ni Joseph. Saan man pumaroon si Joseph, ay nagiging masagana iyon.

435 Ganoon din naman kay Jesus, ang Kanyang Salita. “Ang Aking Salita ay giginhawa, at hindi Ito babalik sa Akin na walang bunga. Gaganapin Nito yaong Aking layunin para Dito.” Kita n’yo? Siya ang Salita. Ang Salita ay isinugo sa lupa, ng Diyos, at gaganapin Nito nang eksakto ang layunin ng pagkasugo Rito ng Diyos.

436 Ngayon, makinig nang mabuti ngayon. Ito ay nagiging malaman na, na may krema sa ibabaw nito. Ngayon pansinin.

437 Heto na Siyang dumarating, ngayon, at sila...para sa mismong mga gawa ng Diyos, nang Siya ay tumayo doon at tinanong sila. Sabi Niya, “Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa na sinabi ng Diyos na dapat Kong gawin, kung gayon Ako ay hindi Siya; huwag ninyo Akong sampalatayanan. Ngunit kung ginagawa Ko iyon, kung gayon ay sampalatayanan ninyo ang mga gawang iyon. Kung hindi ninyo Ako masampalatayanan, bilang isang Tao na ginagawa ito, kung gayon ay sampalatayanan ang mga gawa na Aking ginagawa. Ang mga ito ang nagpapatotoo sa Akin. Nagsasalita ang mga ito ng mas malakas kaysa sa masasabi ng Aking tinig.” Tama 'yon.

At ang siya ring bagay ay magagamit sa anumang panahon. Siyanga, po. Totoong magagamit.

438 Ngayon pansinin. “Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung gayon ay huwag...huwag ninyo Akong sampalatayanan, huwag ninyo Akong sampalatayanan. Kung gayon, kung ginagawa Ko ang mga gawa, ay sampalatayanan ninyo Ako.”

439 Pagkatapos ay anong ginawa nila? Kinuha ang mahalagang Punongkahoy na Iyon, pinutol Iyon, binitay Iyon sa isang punongkahoy na gawa ng tao. Tama 'yon, pinutol ang Buhay mula Dito, at binitay sa isang punongkahoy na gawa ng tao, bilang pagkutya.

440 Pagkatapos, hindi nila nagustuhan iyon. Napakaraming mga tao ang nakatayo doon, na umiiyak tungkol Dito, kaya inalis nila Siya. Sinabi nila, “Hihigpitan namin nang husto ang aming denominasyon para hindi makapasok silang mga holy-roller dito.” Kaya kinuha nila Siya agad at dinala doon sa isang hukay ni Jose na taga-Arimatea, at nagpagulong sila ng isang napakalaking bato. Kinailangan ng isandaang kalalakihan para maipagulong iyon doon.

441 Nakita na ba ninyo—nakita n'yo ba, noong isang gabi, doon sa larawan, ang malaking bakas kung saan nila ipinagulong ang batong iyon? Tumitimbang ng tone-tonelada.

442 Ipinagulong doon ang kanilang malaking bato ng organisasyon, para hindi Siya makabangon. Subalit napigilan ba Siya ninyo? Hindi.

443 “Datapuwa't Aking isasauli, sabi ng Panginoon.” Tumbukin na natin ang paksang iyan ngayon, at tukuyin ito. “Aking isasauli, sabi ng Panginoon. Isasauli Ko Siya sa loob ng tatlong araw. Ibabangon Ko Siyang muli.” Hindi nila Siya maitago sa batong iyon. Hindi nila Siya maitago mula sa kanilang paningin. Hindi nila Siya maalis sa kamay. “Isasauli Ko Siya, sabi ng Panginoon.” At sa loob ng tatlong araw ay nagbangon Siya, naipanumbalik.

444 Pagkatapos ng Pasko ng Pagkabuhay, sa Kanyang pagbangon, sinabi Niya, “Humayo kayo sa buong sanlibutan, at Ako’y makakasama ninyo. Gaya ng pagkakasugo sa Akin ng Ama, at Siya’y nasa Akin, ay isusugo Ko rin kayo at sasainyo. Ako’y kasama ninyo, hanggang sa wakas ng sanlibutan. Ang mga gawa, ang gayon ding bagay na ginawa Ko, upang patunayan na Ako nga, gagawin din ninyo ang gayon ding mga bagay upang patunayan na kayo nga ay gayon.” Gusto ko iyan.

445 “Ang mga tandang ito ay lalaki sa kanila na mga mananampalataya,” hindi mga kunwang-mananampalataya, kundi mga mananampalataya. Kita n’yo? “Ang mga bagay na ito na ginagawa Ko, gagawin ninyo iyon at pagtitibayin na kayo ay isang mananampalataya. Kagaya lamang ng gawa na ginawa Ko, dahil ang buháy na Ama ay nananahan sa Akin. Hindi Ako ang gumagawa ng naturang gawa; ang Aking Ama iyon. At hindi kayo ang gagawa ng mga gawa; Ako iyon na nasa inyo, na ginagawa ang mga gawang iyon.” Kita n’yo? “Ngayon, humayo kayo sa buong sanlibutan.”

446 Sa ibang salita, “Bubuin ninyo ang siyang kilala na, sa Akin, bilang isang Nobya.” Kita n’yo? Buweno. “Pasasa inyo Ako. At Ako. . . Magiging bahagi Ko kayo. Magiging Nobya Ko kayo. Ang Buhay Ko ay pasasa inyong Katawan. Katulad lamang ng ang isang mag-asawang lalaki at babae ay iisang persona, kayo at Ako ay magiging Isa. Sa araw na iyon ay malalaman ninyo na Ako ay nasa Ama, ang Ama ay nasa Akin, at Ako ay nasa inyo, at kayo ay nasa Akin.” Hmm! Gustung-gusto ko talaga iyan. Sadyang nagagalit nang husto diyan si satanas. Nakita ninyo ang Kaisahan ng Diyos? Ang lahat ng kung ano ang Diyos, ay ibinuhos Niya kay Cristo; at ang lahat ng kung ano si Cristo, ay ibinuhos Niya sa Iglesya. Hayan na. Ginagawa silang lahat na Iisa.

447 Ngayon tingnan. Ngayon, ang Nobya ay isang Punongkahoy ng Buhay. Sa ibang salita, tulad ng ang mag-asawang lalaki at babae ay iisa, si Cristo at ang Kanyang Nobya ay Iisa: ang siya ring bagay, ang siya ring Espiritu, ang siya ring mga gawa, ang siya ring mga tanda, lahat na ng iba pa. “Sapagkat ang mga gawa na ginagawa Ko ay gagawin din naman ninyo.” Gaano katagal? “Buong sanlibutan.” Gaano karami? “Sa lahat ng nilalang.” Tama ba? [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

Oh, makinig nang maigi ngayon, magpapaputok na ako ng isang magnum.

448 Ang Romanong kuliglig na iyon ay nagsimulang kumain sa Punongkahoy na Nobya na iyan hanggang sa makarating iyon doon sa mga ugat Nito. Ang siya ring Romanong punongkahoy na. . . Ano bang uri ng punongkahoy ang pumutol kay Cristo? [Sinabi ng kongregasyon, “Romano.”—Pat.] Ano bang uri ng punongkahoy ang pumutol sa Punongkahoy na Nobya ni Cristo? [“Romano.”] Papaano? Sa pamamagitan ng pagpapalit ng isang

bagay na liban sa Salita. Kaya, nakita n'yo, ang iglesyang Protestante na hindi tinatanggap ang Salita ng Diyos ay isang anak ng iglesyang Romano. Ang Diyos ay hindi kailanman, sa anumang panahon, nag-organisa ng iglesya. Ang iglesyang Romano Katoliko ang siyang unang organisasyon. At ang bawat isa sa kanila ay mga anak, sa kanya, na nag-organisa.

⁴⁴⁹ Mamamatay silang kasama niya. Sinabi ng Biblia, na, "Susunugin Niya ang kanyang mga anak sa apoy." Ilan ang nakakaalam niyan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Gayon ang sabi ng Biblia. Buweno, sinabi ng Biblia na ang trigo at ang mga panirang-damo ay tutubong magkasama hanggang sa huling araw, pagkatapos ay bibigkisin Niya ang mga panirang-damo (tama ba?), muna, at susunugin ang mga iyon. ["Amen."] At dadalhin ang trigo sa bangan. Tama ba? ["Amen."] Ang mga panirang-damo ay nagbibigkis-bigkis nang sama-sama sa organisasyon, Kompederasyon ng mga Iglesya, para sa pagsusunog na atomika. Tama talaga. Ngunit ang Iglesya ay naghahanda na upang pumaroon sa bangan, na sadyang kasing sigurado na may mundo, doon sa Pag-agaw, sapagkat ang malayang babae ay hindi magmamanang kahati ang aliping babae. Oooh, Kapatid na Anthony!

Oh, tayo'y naghihintay sa pagdating ng
masayang araw ng Milenyong iyon,
Kapag dumating ang ating mapagpalang
Panginoon at agawin na ang naghihintay
Niyang Nobya;
Oh! Ang kaluluwa ko'y puno ng labis na
kagalakan habang ako ay nagpapagal,
naghihintay at nananalangin,
Sapagkat ang ating Panginoo'y babalik muli sa
lupa.

⁴⁵⁰ Hallelujah! Siyanga, po. Oh, susunugin Niya ang mga panirang-damo. At ang trigo, ay dadalhin Niya sa bangan.

⁴⁵¹ Ang Romanong kuliglig na iyon ay nagsimulang kumain sa Punongkahoy na iyan, noong panahon ni Pablo. Sinabi niya, "Ako ay lubos na naniniwala," narito ang Kasulatan, "na, pag-alis ko, ay may magsisilitaw na mga kalalakihan sa inyong kalagitnaan, mga kapatid, na parang nakademit ng balat ng tupa, lobo naman ang nasa loob, at aakitin ang marami na sumunod sa kanila. Sapagkat ang espiritu ng anticristo, na inyong narinig na darating sa sanlibutan, ay nasa sanlibutan na ngayon, kumikilos sa mga anak ng" (ano?) "pagsuway." Masuwayin sa (ano?) sa Salita. Hayan na. Ang pag-oorganisasyon ay nagsimula nang mag-umpisa.

⁴⁵² Nauunawaan ba ninyo ang ibig kong sabihin, mga kaibigan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Lahat ng nakakaunawa niyan, magsabi ng, "Amen." ["Amen."]

453 Nagpasimula nang kumain! Anong ginawa niyon? Nagsimula na noon ang matandang kuliglig na iyon, ang matandang uod na iyon. Iyon . . . Nakita iyon ni Joel.

Makinig ngayon. Papalapit na tayo sa pagtatapos.

454 Nakita iyon ni Joel. At sinabi niya, “Ang iniwan ng tipaklong, ay kinain ng balang; ang iniwan ng balang, ay saka naman kinain ng uod; ang iniwan ng uod, aba, kinain iyon ng kuliglig.” Iyan ang sinabi niya. At eksakto ngang iyan. Iyon ang Punongkahoy ng Diyos. Ang naturang Puno, pinutol niya Iyon, ng uod na iyon. Buweno.

455 Nagsimula ang Romanong kuliglig na kumain sa Punongkahoy na Nobya na iyan at kinain Ito patungo doon sa mga ugat. Pinutol lahat Ito nang lubusan, lahat-lahat! Pinutol mismo ang Puno, katulad ng ginawa niya kay Cristo Jesus, ang Nobyo. Pinutol nang dire-diretso ang Nobya, at sinimulan ang mga pagki-kredo at mga pagdedenominasyon. Ang siya ring matandang insekto na iyon! Ngunit ano? Oh, luwalhati! Ngunit sa mga ugat Nito ay naroon ang itinalagang Binhi, ang Maharlikang Binhi ni Abraham. Hindi Iyon mamamatay. Ang Salita ay nasa mga ugat na taglay itong pangako, “Aking isasauli, sabi ng Panginoon.” Ang ano? “Ang lahat ng mga taon na sinira ng kuliglig, ang lahat ng kinain ng balang, ang lahat ng kinain ng lahat ng iba pang mga insektong iyon, muli Kong isasauli Iyon, sabi ng Panginoon.”

456 Ngayon ikumpara ito doon sa nakaraang Linggo, at nang Linggo bago pa, ang mga Mensaheng ito ngayon. Makinig nang maigi ngayon, habang nalalapit na kayo sa pagtatapos. Masdan.

457 “Aking isasauli, sabi ng Panginoon, ang lahat ng kinain ng naturang mga insekto. Muli Kong ibabalik ang lahat Nito.”

458 Ngayon maupo nang tahimik kung magagawa ninyo, sa ilang sandali, at makinig nang maigi. Magsipaghanda na kayo. At manalangin nang buong puso n’yo, na ipahayag nawa Ito ng Diyos sa inyo.

459 Kaya, nagsimula na ang pangako ng Diyos na isauli, sapagkat sinabi ng Diyos na isasauli Niya Iyon. Kung papaanong ibinangon Niya ang Punongkahoy na Nobya na iyon . . . Punongkahoy na Nobyo, ay gayon din naman na ibabangon Niya ang Punongkahoy na Nobya, dahil magkakaroon ng Isa doon mismo sa ibayo, na kasing tiyak na may mundo. Ano na ngayon? Buweno. Kaya nagsimula ang pangako ng Diyos, “Aking isasauli, sabi ng Panginoon, ang lahat ng kinain ng balang, ng kuliglig.”

Katulad ng sa unang pagkakataon, noong itatag Niya ang unang Iglesya.

460 Dadako na ako sa ilang Doktrina ngayon. Kung ayaw ninyong paniwalaan Ito, ayos lang. Ngunit inyo lamang. . . Mas mabuting saliksikin n'yo Ito, muna. Kita n'yo? Pansinin.

Papaano Niya pinalaki ang Puno na Iyon, sa pasimula? Oh, naku!

461 Pinasasaya talaga ako nito nang husto. Alam kong hindi ako nangungusap na katulad ng isang ministro, na nakatayo rito na gaya nito, ngunit ako—ako—ako—ako gustung-gusto ko ang bagay na sinasabi ko. Kita n'yo, ang ibig kong sabihin?

462 At ngayon pansinin. Katulad ng unang pagkakataon, noong pasimulan Niya ang unang Iglesia na iyon na kinain ng Romanong kuliglig, at ng uod, at iba pa, nagsimula Siya sa pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya. Kay Juan Bautista.

463 Sa San Juan, sa ika-13, o, sa ika-17 kabanata, ika-17 talata, sinabi ni Jesus, "Pabanalin Mo sila, Ama, sa pamamagitan ng Katotohanan: Ang Salita Mo ay Katotohanan." Ang ikalawang gawa ay pagpapabanal, sa Iglesia. Pagkatapos ng pag-aaring-ganap ay pagpapabanal.

464 At matapos na sila ay mapaging-banal, sinabi Niya sa kanila na maghintay sa bayan ng Jerusalem, Lucas 24:49, hanggang sa sila ay mangapuspos ng kapangyarihan na mula sa Itaas. At doon isinilang Niya ang Punongkahoy na iyon, ang Banal na Espiritu, Pentecostes; pag-aaring-ganap, pagpapabanal, bautismo ng Banal na Espiritu.

465 At pagkatapos ay dumating si Cristo upang manahan Dito, upang ipamunga ang mga bunga. Amen. Tama ba? [Sinababi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

Ipinangaral ni Juan ang pag-aaring-ganap.

466 Ngayon tingnan. Doon sa. . . Iyan ang bumubuo sa kapanganakang natural. Kapag ang isang babae ay nagluluwal ng isang sanggol (Pakinggan n'yo ito.), anong unang nangyayari sa isang babae, anong unang lumalabas? Ay, una, ay tubig. "Magsisi, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo," pag-aaring-ganap. Ano ang pangalawang bagay na nangyayari sa babaeng iyon? Dugo. Tama ba? [Sinababi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Dugo; pagpapabanal. Pagkatapos anong sumunod? Buhay. Tubig, dugo, espiritu.

467 San Juan, o Unang Juan 5:7, 7:5, pala, sa palagay ko iyon. Sabi:

. . . may tatlong nagpapatotoo sa langit, ang Ama, ang Salita (na siyang Anak), at ang Espiritu Santo: . . . ang tatlong ito ay iisa.

At may tatlong nagpapatunay sa lupa, ang tubig, ang dugo, at ang Espiritu; at hindi sila iisa, kundi nagkakaisa.

468 Hindi mo matataglay ang Ama nang hindi kasamang taglay ang Anak; hindi mo matataglay ang Anak nang hindi kasamang taglay ang Banal na Espiritu. Ngunit maaari kang ariing-ganap nang hindi napapaging-banal; maaari kang mapaging-banal nang hindi nakakatanggap ng Banal na Espiritu.

469 Papaano iyan, kapatid na Narazene? Sila ay pinaging-banal na ni Jesus Cristo, isang taon at anim na buwan bago pa dumating ang Banal na Espiritu. Tama ba? Pinaging-banal sila ni Jesus Cristo.

470 Ngayon, kung paanong pinasibol Niya ang unang Punongkahoy na Nobya na kinain ng balang at tipaklong, gayun din naman na ipinapanauli Niya ang ikalawang Punongkahoy, ibinabangon Niya Ito mula sa itinalagang mga ugat na iyon na hindi mamamatay. Sila ay nakatanim sa siping ng mga agos. Nabubuhay Ito sa mga tubig na ito. Hindi Nito maipakita ang Sarili Nito, ngunit Ito'y naroroon, gayon pa man.

471 Ngayon ito'y nagsisimula na, pansinin, ang siya ring insektong iyon; habang ipinapanauli Niya ang siya ring bagay sa pamamagitan ng gayon pa ring paraan.

472 Ang una, nang ang Punongkahoy na Iyan ay nagsimulang lumabas mula sa Katolisismo, ay si Martin Luther, na nangaral ng pag-aaring-ganap. Ang ikalawang anghel ay si John Wesley, na nangaral ng pagpapabanal. Nangaral si Luther ng pag-aaring-ganap, "Ang taong matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya." Nangaral si Wesley ng pagpapabanal, ang ikalawang tiyak na gawa ng biyaya. At pagkatapos ay dumating ang Banal na Espiritu. Kung paanong binuo Niya ang Punongkahoy na iyon, sa unang pagkakataon, gayon din naman na narito Siyang nagpapanauli muli, sa gayon ding paraan, sa ikalawang pagkakataon. [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Nauunawaan n'yo ba iyon?

473 Pansinin. Ang siya ring insekto, ang maliit na tampalasang iyon, ang siya ring insekto na nagsimula at pumatay sa naturang Punongkahoy sa pasimula, na sinimulan muli silang mga sangang Lutheran, subalit (ano?) hindi nito mapapatay Ito. Hindi nito mapapatay Ito, dahil sinabi na ng Diyos, "Aking isasauli." Ang insektong iyon ay nagsimula kay Luther, upang patayin ang lahat ng mga sangang Lutheran. Nagtuloy iyon mismo kay Wesley, at pinatay ang lahat ng mga sangang Wesley. Subalit ang pinaka katawang bahagi ng Punongkahoy na iyon ay patuloy na tumutubo.

474 Ngayon pansinin. Noong sinaunang panahon, nang mapatay ang naturang Puno, Iyon ay pinatay, umabot hanggang sa mga ugat noong patayin nito Iyon noon. Ngunit sa pagkakataong ito, dahil sa ang Salita ay nakatalaga na, wala nang anumang makakapigil Dito. Sinabi ng Diyos, "Aking isasauli. Gaano pa man nila sikaping mag-organisa, gaano pa man nila gawin *ito*,

iyon, o ang iba pa, Aking isasauli Ito.” Iyon na ’yon. Ang lahat ng mga pagtatawa, pagkakatuwaan, panlibak, pagtawag na “holy-rollers, walang kabuluhan,” lahat na ng gusto n’yo. Sinabi pa rin ng Diyos, “Aking isasauli, sabi ng Panginoon.” Sadyang kasing tiyak ng ibinangon Niya si Jesus mula sa libingan, sa loob ng tatlong araw, sa ilalim ng tatlong dispensasyon, o tatlong bahagi, ay ibabangon Niya ang Iglesya tungo sa kapuspusan at kapangyarihan Nito muli. “Aking isasauli, sabi ng Panginoon.”

⁴⁷⁵ Anong nangyari? Ang matandang kuliglig na iyon ay nagsimulang kumain at nakagawa ng gayon ding uri ng mga pinsala na ginawa niya noon, ngunit (anong ginawa niya?) nakuha lamang niya ang mga sangang Lutheran. Hindi niya nakuha ang Espiritu na nasa likod niyon, na taglay noon ni Luther, sapagkat nagpatuloy na buháy pa rin Ito. Pagkatapos, ay dumating si Wesley. At pagkamatay ni Wesley, ang dakilang propetang iyon, pagkamatay ni Wesley (anong ginawa nila?), nag-organisa sila, at lahat ng mga sanga ay namatay, subalit (anong ginawa Niya?) ang Iglesya ay nanatiling buháy pa rin, nagtuluy-tuloy hanggang sa Pentecostal na. Nang mag-organisa naman sila (anong nangyari?), ang mga sanga ay namatay, ngunit (ano?) ang Iglesya ay nagpatuloy pa rin.

⁴⁷⁶ Ano nga? Ang gayon ding bagay na ginawa ng Pentecostal, ang gayon pa ring dati nang pakana, na maka-denominasyong kredo na puminsala Dito sa pasimula, upang sirain ang naturang Punongkahoy sa—ang Punongkahoy na Nobya, sa pasimula, ay ang siya ring dati nang mga pakana na ginawa ng diablo sa ikalawang Puno na ito, ngunit (ano?) itinalaga na Ito ng Diyos. Siya ay tiyak na magpapatuloy, kahit na ano pa man. Kung ito lang. . . Kung hindi gayon iyon, nang mag-organisa ang Luther, iyon na sana ang tumapos nito doon mismo; nagbalik lahat iyon na talagang parang isa pa; iyon sana ay naging ikalawang iglesyang Katoliko, iglesyang Romano Katoliko. Kita n’yo?

⁴⁷⁷ Ngunit, determinado ang Diyos. Binigkas na Niya ang Kanyang Salita. Sisiguruhin ng Kanyang batas na Ito ay mangyayari. Gaano man karami ang pagdaanan Nito na bandang huli nang mga nagyeyelong hamog, mabubuhay pa rin Ito, gayon pa man. Maaaring magkaroon tayo ng panahon ng kalamigan at pang-denominasyong pagkakaiba, at lahat na, subalit ang Puno na Iyan ay mabubuhay na sadyang kasing tiyak na mayroong isang buháy na Diyos upang buhayin Ito. Siyanga, po. Sinabi Niya, “Aking isasauli.”

⁴⁷⁸ Alam kong mayroon tayong bandang huli nang tagsibol, bandang huli nang panahon ng Pasko ng Pagkabuhay na darating. “Binabalam ng Panginoon ang Kanyang Pagdating,” sinasabi nila, at lahat na na katulad niyan. At ang mga hanging malamig ay pumatay ng marami sa mga sangang maka-denominasyon na iyon, ngunit hindi nito mapapatay ang Buhay na iyan na itinalaga.

479 “Ang mga langit at ang lupa ay lilipas, ngunit ang Aking Salita ay hindi.” “Ang lahat ng Kanyang mga nakilala nang una pa, ay Kanyang tinawag: yaong mga tinawag Niya, ay inaring-ganap Niya: yaong mga inaring-ganap Niya, ay niluwalhati na Niya.” Hallelujah! Nakasulat iyon sa Aklat na iyon, sa Aklat ng Buhay ng Kordero, at hindi maaaring mamatay.

480 Lahat ng—lahat ng mga insekto na mapapakawalan ng impiyerno sa Kanya ay hindi kailanman makapipigil sa Kanya. Walang komunismo, Katolisismo, walang kahit ano na makapipigil Dito. “Aking isasauli, sabi ng Panginoon.” Lahat ng mga Romanong punongkahoy na gawang-tao ay hindi kailanman makakabitin doon. Lahat ng mga libingan ay hindi magagawa kailanman na panatilihin Ito doon. Lahat ng mga malalaking batong maka-denominasyon na nakaharang sa may pintuan ay hindi magagawa kailanman na panatilihin Ito doon sa loob. “Aking isasauli, sabi ng Panginoon. Magkakaroon ng isang Pasko ng Pagkabuhay. Ibabangon Ko ang siya ring Iglesya na iyan sa gayon pa ring kapangyarihan Nito. Ibabangon Ko ang Nobya na iyan na katulad lamang kung ano Siya noon, na may gayon pa ring mga tanda, gayon pa ring bunga, gayon pa ring bagay na ginawa nila noon. Ibabangon Ko Siya pabalik muli. Aking isasauli, sabi ng Panginoon,” (ano nga?) “isasauli ang lahat ng kinain ng mga denominasyon, isasauli ang lahat ng kinain ng organisasyon. Aking isasauli, sabi ng Panginoon, ang lahat ng ito.”

481 Ngayon sasabihin ninyo, “Papaano naman yaong mga napunta, sa denominasyon?”

482 Ang Diyos ang mabuting Tagapag-alaga. Pinungusan Niya ang Punongkahoy na iyon, iyon lang, pinutol ang lahat ng mga patay na sanga. Anong gagawin Niya? Susunugin sila, doon. Eksakto. Ang Diyos ang Tagapag-alaga ng—ng Puno na ito. Pinangangalagaan Niya Ito. Binabantayan Niya ang Kanyang Pag-aari. Siya. . . Ano ba ang Kanyang Pag-aari? Ang Sarili Niyang Salita. Binabantayan Niya ang Kanyang Salita, upang pagtibayin Ito; upang bantayan Ito; tiyakin kung saan Siya makakakilos. Isasauli Niya. Kaya kapag ang mga iglesyang ito ay nagsimulang mag-organisa, at mga bagay na katulad niyan, pinuputol lang Niya ang mga iyon, at ang Iglesya ay magpapatuloy.

483 Nang—nang sabihin ng Lutheran, “Tayo ay magiging isang organisasyon. Magiging kasing laki tayo ng Katoliko.” Sige. Pinutol lamang Niya ang naturang sanga. At ipinagpatuloy Ito ni Wesley, nagpalitaw ng panibagong propeta. Pagkatapos, pagkagawa na pagkagawa ni Wesley niyon. . . Buweno, namatay si Wesley, ang dakilang propetang iyon. Anong ginawa nila? Inorganisa ito. Dumating naman ang Pentecostal. Pagkamatay na pagkamatay nito, ay pinutol Niya iyon. Ito’y patuloy na tumutubo. Kita n’yo? Siya ay magpapanauli.

484 Saan ba nagsisitubo ang mga bunga? Hindi iyon nagsisimula dito sa ibaba. Nagsisimula iyon sa itaas. Saan ba unang sinisikatan ng araw ang Puno? Ah, luwalhati! Sa panggabing Liwanag, sa itaas ng Puno. Amen. Hindi doon sa mga sanga na nasa ibaba, kundi doon sa itaas ng Punongkahoy kung saan ang bunga ay nahihinog.

Amen.

Mahal mo ba Siya? Amen!

Paglilingkuran mo ba Siya? Amen!

Sinasampalatayanan mo ba Siya? Amen!

Totoong sumasampalataya ako sa Kanya, nang buong puso ko.

485 Ngayon, ano nga ba ito? Puputulin Niya ang matatandang mga sangang iyon habang ito ay tumataas, lahat ng mga sangang iyon na organisasyon, hanggang sa Ito ay makarating sa itaas ng naturang Puno. Doon Niya kukunin ang Kanyang bunga. Ngayon pansinin. Pinuputol iyon ng Diyos. Buweno. Sila ay mga patay na, at hindi makakapasok sa—sa Presensiya ng Diyos, hindi makakasama sa unang pagkabuhay na mag-uli. Kundi kasama sa . . . Ang bunga ng Puno ng orihinal na organisa- . . . Puno ng Diyos. Hahantong sila sa grupong organisasyon, subalit hindi sila makakasama sa bunga ng naturang Puno.

486 Ngayon tingnan. Hindi kailanman naglagay ang Diyos ng isang organisasyon. Ang iglesya ang naglalagay ng mga hugpong, isang organisasyon, at pinuputol iyon ng Diyos, pinuputol ang daluyan ng buhay nito. Ibinubunga nito ang bungang organisasyon.

487 Ngunit kung ang Puno na iyan ay magkakaroon ng isang sanga na magmumula sa naturang Puno, ipamumunga Nito ang gayun ding ipinamunga Nito noon. Kaya, nakita n'yo na, ang isang nauna. At isinugo ng Roma ang kanilang mga uwang papunta doon at kinain Iyon, subalit ang Diyos ay magpapatubo ng Isa na napakataas na hindi nito magagalaw Iyon. Iyon ay tuluy-tuloy na tutubo. Amen. Ako. . . Magpatuloy tayo. Ang Puno na iyon ay nagpalipat-lipat ng lugar, mula sa isang dispensasyon patungo sa isa pang dispensasyon. Mula kay Luther, pumaroon Ito kay Wesley; mula kay Wesley, pumaroon sa Pentecostal; mula sa Pentecostal, pumaroon Ito sa Salita.

488 Pasko na naman ng Pagkabuhay para sa mga tunay na mananampalataya ng Kanyang kailanma'y di-nagmamaliw na Salita. Ito'y Pasko ng Pagkabuhay. Isa itong pagkabuhay na mag-uli. Mayroong mga tao ang Diyos sa lahat ng dako. Ito'y Pasko ng Pagkabuhay para sa kanila. Bakit? Nagsipagbangon sila, amen, nagsipagbangon mula sa mga kredo at pagdedenominasyong iyon. Bumangon mismo mula sa mga iyon. Ito'y Pasko muli ng Pagkabuhay. Ang Maharlikang Binhi ay matagal nang naitago doon sa mga ugat, ang Salita, naitago

rito sa Salitang ito, sa loob ng maraming taon, at mga taon, at mga taon, at nagsisimula lamang ngayon na maipahayag. Ito'y panahon na ng Pasko ng Pagkabuhay. Itinalaga mula pa sa pagkatatag ng sanlibutan, ang Iglesyang ito ay nagsimula nang tumindig. Pansinin kung papaano na itinalaga ito ng Diyos, sa pasimula. Mayroon akong . . .

Buweno, sasabihin ko na rin ito, gayon pa man. Sige.

⁴⁸⁹ Pansinin dito, na, upang isauli ang unang sakdal na Punongkahoy sa loob ng tatlong araw pagkatapos ng kamatayan Nito. Pagkatapos ng kamatayan ng unang Punong ito, isinauli Niya ito sa loob ng tatlong araw. Tama ba? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Isinauli ito! Ngayon ang Punongkahoy na Nobya ay ipapanauli rin naman sa loob ng tatlong kapanahunan, tatlong yugto, pala. Sa tatlong yugto, ay ipapanauli Ito. Ngayon tingnan. Sa ano? Pag-aaring-ganap, pagpapabanal, bautismo ng Banal na Espiritu; isa, dalawa, tatlo.

⁴⁹⁰ Ngayon pansinin. Pagkatapos ng tatlong araw, ang unang Punongkahoy ay naipapanauli na gaya ng sa pasimula, na taglay ang gayon ding mga tanda, ang gayon ding mga kababalaghan. Bumalik si Jesus, ang siya ring Jesus, na ginagawa ang gayon ding bagay. Sa pagtatapos ng ikatlong araw, nagpakita ang mga tanda, hindi sa pagtatapos ng unang araw. Oh, kapatid! Umaasa akong nauunawaan na ninyo ito. Sa ikatlong araw ay doon kung kailan ang tunay na kahayagan ni Cristo ay naipakilala, sa *pagtatapos* ng ikatlong araw. Kita n'yo? Pansinin. Nauunawaan na ba ninyo ito? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

⁴⁹¹ Hindi sa unang araw, patay na anyo; ikalawang araw, mayroon nang usap-usapan, kita n'yo, o, nang ikalawang araw, patay pa rin iyon; si Luther, si Wesley. Sa simula ng ikatlong araw, mayroon nang usap-usapan sa paligid. Buweno. Wala sa unang araw, kay Luther; wala sa ikalawang araw. At sa ikatlong araw, ang dispensasyon ng Espiritu Santo, mayroon nang usap-usapan sa paligid, na, "Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

⁴⁹² Subalit sa *pagtatapos* ng ikatlong araw, doon kung saan Kanya nang ipinakilala ang Kanyang Sarili, dumating sa kalagitnaan nila mismo, pumaroon sa kalagitnaan ng Kanyang mga tao at sinabing, "Tingnan ninyo Ako. Ako pa rin Siya."

⁴⁹³ Nagpatuloy ang patay na mga anyo hanggang sa makarating sila sa Pentecostes, pagkatapos ay nagsimula na ang usap-usapan sa paligid, na, "Siya nga."

⁴⁹⁴ Ngayon, dito sa huling panahong ito, narito Siya mismo sa ating kalagitnaan, na kumikilos mismo sa ating kalagitnaan. Sa *pagtatapos* ng ikatlong araw, nagpakita Siya at ipinakita sa kanilang lahat ang Kanyang tanda ng pagkabuhay na mag-uli, na Siya ay buháy, ang siya ring kahapon, ngayon, at

magpakailanman, buháy na mga bunga ng Kanyang Presensiya. Buháy na mga bunga ng Kanyang Presensiya! Nauunawaan na ba ninyo ito? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Nahayag sa pinaka pagtatapos ng araw, noong Siya ay nagpakita sa kanilang lahat, sa Kanyang Iglesya. Amen. Bakit? Nagkasama-sama silang lahat, oh, amen, sa pagtatapos na ng ikatlong araw.

⁴⁹⁵ “Ang mga panggabing Liwanag,” sabi ng Biblia, “ay magliliwanag sa mga huling araw.” Ang panggabing Liwanag ay ang siya ring Liwanag sa Kanluran, na siya ring Liwanag noon na nasa Silangan. At ang siya ring Liwanag na nagliwanag doon sa Silangan, na nagpatubo sa unang Iglesya na pinutol ng mga Romano sa pamamagitan ng kanilang—kanilang pagsambang pagano at iba pa, sa panggabing Liwanag na iyan ay ang siya ring Liwanag noon. Ngayon pansinin, ang siya ring Liwanag!

⁴⁹⁶ At ano ang dahilan ng pagdating ng panggabing Liwanag? Para saan ang panggabing Liwanag? Upang magpanauli. Whew! Nakuha n’yo? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ang panggabing Liwanag ay para sa gayon din na layunin para sa pang-umagang Liwanag, ang ipanauli ang kung ano ang pinutol noon ng Madilim Na Mga Kapanahunan, sa pamamagitan ng Roma. Isasauli ng Diyos, sa pamamagitan ng paglalabas ng sikat ng panggabing Liwanag, (ang ano?) isasauli ang buong Salita ng Diyos muli, ang ganap na pagiging hayag ni Cristo sa Kanyang Iglesya. Lahat ng bagay na ginawa Niya, sa talagang ganoon na ganoong paraan na ginawa Niya noon, mangyayaring muli iyon sa panggabing Liwanag. Nakita n’yo ba ang ibig kong sabihin? Oh, di ba’t kahanga-hanga iyan? [“Amen.”] At ang malaman na tayo’y nabubuhay na rito mismo upang makita Ito ngayon, ang panggabing Liwanag, nang hustong-husto ayon sa propesiya. Ang panggabing Liwanag ay dumating upang ipanauli ba ang ano? Upang ipanauli ang kinain ng naturang mga insekto.

⁴⁹⁷ Nagsimula Itong lumaki, at pagkatapos anong ginawa nito? Naging denominasyon ito, kaya pinutol sila ng Diyos, binigkis sila, isinantabi sila, hinayaan silang magpatuloy at mag-organisa. Pagkatapos ay dumating ang isa pang kasunod; binigkis Niya sila, isinantabi sila. Nagpatuloy naman ang Punongkahoy na iyon. Pagkatapos ay binigkis Niya sila, isinantabi sila, sabi, “Ngayon, isa sa mga araw na ito ay susunugin sila.” Ibigkis sila sa kanilang organisasyon.

⁴⁹⁸ Ngunit pagkatapos ay ano? Doon mismo sa itaas ng Puno ay kung saan ang bunga ay unang nahihinog, tama iyon, sa itaas mismo ng Puno. Kaya iyon ay sa itaas ng Puno, rito, na siyang nakakakita ng panggabing Liwanag.

⁴⁹⁹ Ngayon, si Noe ay mayroong tatlong silid noon sa kanyang daong. Ang isang silid ay para sa mga bagay na gumagapang. Kita n’yo? Ang ikalawang silid ay para sa mga ibon. Ngunit ang

itaas na silid ay kung saan naroon ang liwanag. Ang liwanag na sumikat, una, ay hindi kailanman dumating sa unang palapag, ikalawang palapag, kundi sa itaas na palapag.

⁵⁰⁰ Ang punongkahoy ay hindi ibinubunga muna ang bunga nito sa ibaba nito, sa ikalawa, na katulad niyan. Lahat ng iyon ay pinutol na, dahil sa pag-oorganisasyon.

⁵⁰¹ Kundi iyon ay sa itaas na bahagi, kung saan, “Aking isasauli, sabi ng Panginoon. Aking isusugo ang panggabing Liwanag. Ibabalik nito, ibabalik ang Salita, na inihahayag Ito. Aking ipapanauli ang lahat ng ipinangako Ko. Lahat ng ipinangako Ko, ihahatid ng siya ring Espiritu Santo, ibubunga ang gayon ding mga tanda. Magkakaroon Ako ng Pasko ng Pagkabuhay, isang pagkabuhay na mag-uli para sa Nobya, na katulad din ng sa ginawa Ko noon para sa Nobyo.” Kita n’yo? Ang mga panggabing Liwanag ay lumalabas upang magliwanag, kagaya rin ng sa umaga, na may gayon ding mga tanda, gayon ding mga bagay. Ang siya ring Liwanag ay magbubunga ng gayon ding bunga na mayroon sila noon, kung Ito’y nagliliwanag sa siya ring Punongkahoy. Amen. Pinatutunayan na ang Kanyang Salita ay natupad na ngayon, “Aking isasauli, sabi ng Panginoon.”

⁵⁰² Ngayon makinig nang mabuti. Ngayon, mayroon noon . . . Makinig ngayon. Huwag palampasin Ito ngayon. Mayroon noong apat na mensahero ng kamatayan.

⁵⁰³ O, mas gusto ba ninyong magtapos na lamang tayo? Mas—mas gusto ba ninyong umuwi na lang tayo nang maaga? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Hindi.”—Pat.]

⁵⁰⁴ Talagang makinig na nang mabuti ngayon. Tingnan. Mayroong apat. Apat na mensahero ng kamatayan ang pumatay sa Punongkahoy na Iyon. Tama ba? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ano nga iyon? Tipaklong, balang, uod, kuliglig. Tama ba? [“Amen.”] Apat na mensahero ng mga Romanong diablo, mga dogma, ang pumatay sa Puno na iyon. Kinain ng isa ang bunga Nito; kinain ng isa ang balat ng kahoy Nito . . . o kinain ang mga dahon Nito; kinain naman ng isa ang balat ng kahoy Nito; kinain ng isa pa ang Buhay. Tama ba? [“Amen.”] Apat na mensahero ng mga dogma ang pumatay sa Puno, lahat maliban sa mga ugat.

⁵⁰⁵ At kung apat na mensahero ng kamatayan ang pumatay sa Punongkahoy na iyon, apat na mensahero rin ng Buhay ang magpapanauli sa naturang Puno. Nakuha n’yo ba iyon? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Amen. Sapagkat sinabi ng Diyos, “Aking isasauli Ito.” Ipapanauli Niya Ito. Papaano? Sa pamamagitan ng apat na mensahero ng kamatayan, ay pinatay Ito, kung gayon apat na mensahero ng Buhay naman ang magpapanauli Nito. Ano nga ba ang una? Si Martin Luther, pag-aaring-ganap. Ano naman ang ikalawa? Si John Wesley, sa pamamagitan ng pagpapabanal. Ano naman ang ikatlo?

Pentecostal, na may pagpapanauli ng mga kaloob, ang Banal na Espiritu, bautismo ng Banal na Espiritu. Ano naman ang ikaapat? Ang Salita. Ano nga? Ang Salita. Mayroong apat na dakilang propeta.

⁵⁰⁶ Ang isa sa kanila, si Martin Luther, nagsimula siyang magbigay ng isang Liwanag. Mayroon noong isang maliit na Liwanag, napakaliit pa lamang na lakas, ng pag-aaring-ganap.

Sumunod na dumating si Wesley, mas malakas na, pagpapabanal.

⁵⁰⁷ Pagkatapos ni Wesley, dumating ang mas malakas kaysa sa kanya, ang Pentecostal, ang bautismo ng Banal na Espiritu, sa panibagong dakilang propeta. Kita n'yo?

⁵⁰⁸ Ngunit sa mga huling araw, ng Malakias 4, si Elias ay darating na taglay ang mismong Salita. "Ang Salita ng Panginoon ay dumating sa propeta." Sa panggabing mga Liwanag, ay darating, upang magpanauli at magpanumbalik. Ng ano? "Papagbabaliking-loob ang mga puso ng mga anak pabalik sa Pananampalataya ng Diyos." Ikaapat na Liwanag!

⁵⁰⁹ Kinain Ito ng apat na mámamatay. Sinira Ito ng apat na mensahero. Kinuha Ito ng apat na mensahero ng kamatayan, sa pamamagitan ng mga dogma.

Apat na mensahero ng katuwiran naman ang muling nagpanauli sa Kanya.

⁵¹⁰ "Magsalita ka ng propesiya, anak ng tao. Maaari bang mabuhay ang mga butong ito?" Sana ay may oras pa tayo. Naisulat ko iyon dito, pero kailangan ko nang lampasan iyon. "Magsalita ka ng propesiya. Maaari bang mabuhay ang mga butong ito?" Ano ba ang apat na yugto ng pagsibol na iyon ng Iglesyang iyan? Ano ang apat na yugto ng pagdating ng mga tuyong buto ni Ezekiel? Ngunit dumating lamang ang Buhay, hindi noong nagkaroon ang mga iyon ng litid at balat, kundi noong umihip ang hangin sa mga iyon. Diyan noon bumalik ang ikaapat na Mensahe ng Buhay.

⁵¹¹ "Aking isasauli, sabi ng Panginoon." Hallelujah! Luwalhati! Papuri sa Diyos. Darating na ang ikaapat na Liwanag, na magdadala ng gayon ding mga tanda. Masdan. Ibinalik noon ng pag-aaring-ganap ang lamukot.

Ibinalik naman ng pagpapabanal ang balat ng kahoy, ang doktrina ng kabanalan.

⁵¹² Ano naman ang nagpabalik sa dahon? Mga Pentecostal. Ano nga iyon? Mga Pentecostal, mga dahon, ipinapalakpak ang kanilang kamay, galak, kagalakan, Pentecostal.

⁵¹³ Ano? Ang ikaapat ay ang Salita, Mismo. Ang Salita na nagkatawang-tao, mga bunga ng katibayan ng tanda ng pagkabuhay na mag-uli na sa wakas si Cristo, matapos na maitanim na ang pag-aaring-ganap, naitanim na ang

pagpapabanal, bautismo ng Banal na Espiritu. Namatay ang mga pag-oorganisasyon. At si Cristo ay muling ipinagitna ang Kanyang Sarili katulad ng panakip na iyon ng piramide. Unang hanay, pag-aaring-ganap; pagpapabanal; bautismo ng Banal na Espiritu; pagkatapos ay ang pagdating na ng Panakip.

⁵¹⁴ Ano iyon? Ang maka-Banal na Espiritung pangkat na iyan na hinahasa upang ito ay lumapat sa gayon ding uri ng ministryo na mayroon Siya noong Siya ay lumisan, nang sa gayon, kapag Siya ay bumalik, ay aagawin nito ang buong bagay sa Pag-agaw, kung saan mga inaring-ganap na, mga pinaging-banal na, at may bautismo ng Banal na Espiritu. Ang piramideng iyan ay tatayong muli. Ang Tahanan ng Diyos ay mabubuhay muli. Ang Punongkahoy ng Buhay ay tutubo muli.

Mga bansa'y naghihidwaan, ang Israel
gumigising na,
Mga tanda na iprinopesiya na ng mga propeta;
Bilang na ang mga araw ng Gentil, na may
hilakbot na pasanin;
“Magbalik, O nangalat, sa inyong sariling
lupain.”

Malapit na ang araw ng katubusan,
Mga puso ng mga tao'y nanlulupaypay na sa
sindak;
Mangapuspos ng Espiritu, isaayos ang inyong
mga ilawan at nang maliwanag,
Magsitingala kayo! Malapit na ang inyong
katubusan.

Mga bulaang propeta'y nagsisinungaling,
itinatakwil nila ang Katotohanan ng Diyos,
Na si Jesus na Cristo ay ating Diyos. (Amen.)
Ngunit lalakad tayo kung saan nagsilakad ang
mga apostol.

Pangkat malapit na ang araw ng katubusan,
Mga puso ng mga tao'y nanlulupaypay na sa
sindak (mga atomika at lahat na ng iba pa);
Ngunit mangapuspos ng Espiritu, na isaayos
ang inyong mga ilawan at nang maliwanag,
Magsitingala kayo! Malapit na ang inyong
katubusan.

⁵¹⁵ Amen. Ipinapanauli na ang lahat ng mga tanda! Ang tanda ni Lot sa huling panahon. Tinalakay na natin iyon. Kung papaanong si Lot...Ang Anghel na ito, ni Jehovah na nagkatawang-tao sa gitna ng mga tao, nakaupo Siyang nakatalikod sa tolda at sinabi, “Nasaan ang iyong asawang si Sarah?”

“Nasa loob po ng tolda sa likuran Mo.”

⁵¹⁶ Sinabi Niya, “Dadalawin Ko kayo.” At tumawa si Sarah. Sabi naman Niya, “Bakit tumawa si Sarah?” Nasa loob ito noon ng tolda. Amen.

⁵¹⁷ Sinabi ni Jesus na magiging ganoon din sa Pagdating na. Oh, kung gayon ang panggabing Liwanag, ng Malakias 4, ay darating na nagliliwanag sa buong kadiliman, amen, upang ihatid ang panggabing Liwanag sa itinalagang Salita. Hallelujah! Magiging ano ba yaong ikaapat na Mensahe? Ano ba ang ikaapat na mensaherong iyan? Upang papagliwanagin ang Liwanag sa Salita. Ang Salita ay itinalaga. Kailangan Itong dumating. Mayroong dapat na gumawa nito, sapagkat sinabi ng Diyos, “Aking isasauli, sabi ng Panginoon. Aking isasauli.” Tama. Ang panggabing mga Liwanag ay darating na nagliliwanag nang lubos, sa itinalagang Salita na iyan. Siyanga, po.

Oh, it shall be Light in the evening time,
The path to Glory you will surely find;
In the water way, is the Light today,
Buried in the precious Name of Jesus.

Young and old, repent of all your sins;
The Holy Ghost will surely enter in;
For the evening Lights have come,
It is a fact that God and Christ are One.

⁵¹⁸ Hayun Sila, na Iisa, magkasama; Iisa, na nasa atin. Ang gayon ding mga tanda na hindi magagawa ng mga tao, ay nagiging hayag na mismo, nahahayag na, ang Salita, upang pasibulin ang itinalagang Salita ng Diyos, mula sa mga ugat ng naturang Punongkahoy noon pa, na ang lahat ng mga denominasyon ay tinanggihan, nang tinanggihan, nang tinanggihan. Ngunit may darating na isang Liwanag. May darating na isang Liwanag, na sisikat.

⁵¹⁹ Saan ba, doon sa Jerusalem? Hindi, po. Ang mga panggabing Liwanag ay hindi sisikat sa Jerusalem. Ang mga panggabing Liwanag ay paroroon (saan?) sa Kanluran. Nagkaroon na sila ng araw nila noon at tinanggihan nila Ito.

⁵²⁰ Ngunit ang panggabing Liwanag ay sisikat sa Kanluran (para ano?), upang magliwanag sa Salita (ano nga?), upang pahinugin ang bunga, pasibulin ang Punongkahoy na Nobya na may mga gayon ding mga tanda, mga kababalaghan, at mga bunga na mayroon sila noon sa pasimula. “Magli-Liwanag sa oras ng gabi.” Tama. Oh! Ang Salita ay magbubunga sa gayon ng bunga Nito sa kapanahunan Nito. “Hindi Ito malalanta, kundi magbubunga Ito ng bunga Nito,” sabi ni David, “sa mga kapanahunan Nito,” amen, ng siya ring bunga na mayroon Ito noon sa pasimula.

⁵²¹ Ngayon yamang ang Kanyang Salita ay nasa Kanyang itinalaga nang kalagayan gaya ng nasa Kanya na Ito ngayon, at

nakikita natin ang mga Salitang ito na lubos nang inihahayag. Ano ito? Isa itong sakdal na pagpapatunay na ang Pagparito ng Panginoon ay nalalapit na, at ang panahon na nang sabihin Niya, “Aking isasauli, sabi ng Panginoon, ang lahat ng iniwan ng mga uod na iyon, lahat ng iniwan ng mga Methodist, lahat ng kinain ng kuliglig, lahat ng ginawa nito doon, hanggang sa sagad na sirain na nila Ito. Ngunit Aking ipapanauli, sa oras ng gabi.” Oh, naku! Whew!

Palagay ko halos makakapangaral na ako ngayon, talaga.

Oh, how I love Jesus,
Oh, how I love Jesus,
Oh, how I love Jesus,
Because He first loved me.

I'll never forsake Him,
I'll never forsake Him,
I'll never forsake Him,
Because He first loved me.

⁵²² Amen. Di ba't mahal n'yo Siya? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Mahal na mahal ko Siya nang buong puso ko. Maaari na ba tayong magkaroon ng hanay para sa pagpapanalangin? [“Amen.”]

⁵²³ Amang, Diyos, sa Iyong mga kamay aking—aking itinatagubilin ang Mensaheng ito. Bagama't Ito'y putul-putol, sa kung anumang paraan dalangin ko na ang Espiritu Santo ay sasamahan Ito sa mga teyp na ito, at sa lahat ng mga bansa. At kung sakali mang mawala na ako sa lupa, nawa Ito'y mabuhay, Panginoon. Ito'y Iyong Salita. Pagliwanagin Mo nawa ang panggabing Liwanag, Panginoon, ilabas itong maluwalhating Nobya ni Cristo. Pagpalain Mo po Ito, Panginoon. Huwag nawa Itong bumalik sa Iyo nang walang bunga. Nawa ay matupad Nito ang layunin kung bakit Ito isinugo. Ipagkaloob Mo po ito, Ama. Ang lahat ng mga papuri ay sa Iyo.

⁵²⁴ Ngayon, nalalaman namin, Ama, na maging ano pa man ang aming sabihin, Ito'y ang Salita pa rin at sinasampalatayanan namin Ito. Ngunit aming hinahangad sa Iyo, Panginoon, sa umagang ito ng Pasko ng Pagkabuhay, na Iyong patutunayan sa kongregasyon na ito, maaaring ang ilan dito ay unang pagkakataon nila, na Ikaw ay ang siya pa ring Jesus, na Ikaw ay hindi isang patay na anyo, na Ikaw ay isang buháy, nabuhay na mag-uling Diyos, na Ikaw ay nabubuhay sa aming kalagitnaan ngayon. Ipagkaloob Mo po iyan, Ama, at pupurihin Ka namin, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus. Amen.

⁵²⁵ Ilan sa mga naririto ang may sakit? Tingnan natin ang inyong mga kamay. Itaas lang ang inyong mga kamay. Oh, nagawa ba . . .

⁵²⁶ Si Billy Paul ba . . . Kumuha ba siya . . . Palagay ko ay namigay siya ng mga prayer card. Hindi ba? [Ilang mga kapatid

ang nagsabi ng, “Oo.”—Pat.] Anu-ano ba ang mga iyon? [“E, isa hanggang isandaan.”] E, isa hanggang isandaan. Hindi natin sila matatawag lahat, pero tumawag tayo ng ilan sa mga iyon. Tumayo lang sa banda *rito*, kung maaari sana.

⁵²⁷ Sino ang mayroong bilang na isa? Tingnan natin ang bilang na isa. E, bilang isa, itaas ang iyong kamay. Prayer card; tumingin sa inyong card. Kung kaya ninyong tumayo, sige. Bilang na isa.

⁵²⁸ Buweno, sigurado ka bang 'yung tama ang nasa iyo? Sige. Sige. Tayo na, magsimula na sa kung saan man. [Sinababi ni Kapatid na Neville, “Iyon ay naroroon.”—Pat.] Oh, buweno, okey. Kung nasa iyo 'yon, magsisimula tayo doon, kung gayon. Okey.

⁵²⁹ Bilang na isa, lumapit kayo sa dako rito, kung kaya n'yong lumakad. Kung hindi n'yo kaya, buweno, bubuhatin namin iyon. Kita n'yo? Sige. Bilang na isa.

⁵³⁰ Bilang na dalawa. Itaas ang kamay n'yo, kaagad ngayon. Bilang na dalawa, lumapit ka rito.

Bilang na tatlo. Dito po mismo, ginoo.

Bilang na apat, bilang na apat.

⁵³¹ Bilang na lima. Ngayon, lahat ay maupo lamang nang ilang sandali. Bilang na lima.

⁵³² Bilang na anim. Itaas ang kamay n'yo kaagad. Bilang na anim. Anim, anim, patingin nga po, makikisuyò. May isang itinuturo ang kanilang kamay. Hindi ko . . . Oh, mula sa . . . Siya'y nasa likuran sa silid doon. Sige. Bilang na anim. Hayan. Sandali lang ha.

Pito, pito. Sige, ang binibini sa gawing likuran doon. Walo.

⁵³³ Ngayon, kung puwede manatili lang ang lahat sa inyong . . . Pakiusap, sandali lang muna. Manahimik lamang nang husto ngayon. Ngayon, ito ang magiging katibayan. Ito ang katibayan.

⁵³⁴ Anim, pito. Isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito. Tuloy lang kayo sa itaas. Sige. Pito. Sige, po, mainam iyan.

⁵³⁵ Walo. [Sinababi ni Kapatid na Neville, “Siya ang walo.”—Pat.] Walo, walo. Sige, kapatid. Walo, siyam, sampu. Sampu, labing-isa, labindalawa.

⁵³⁶ Buweno, parang huminto na kayo sa paglapit. Buweno, magsisimula tayo doon. Ayos lang iyan. Siguro sa ilang sandali . . . Sige.

Manalangin na tayo.

⁵³⁷ Amang, Diyos, isang Salita lamang mula sa Iyo ay magiging napakahalaga na. Hayaang—hayaang—hayaang makita ng mga tao, Panginoon. Ako—sinikap kong maging matapat, sinikap kong sabihin sa kanila ang Iyong Salita. Panginoon, ipagpatawad Mo po ang mga pagkakamali ng Iyong

lingkod. Ako—ako lamang, ako—ako’y sadyang nakakagawa ng napakaraming ganoon, Panginoon. Ako—dalangin ko na hindi Ka titingin sa pagkakamali ng Iyong lingkod, kundi titingin Ka sa Iyong Salita, na sinisikap kong ipangaral. Panginoon, ako po’y nagpapasalamat sa Iyo dahil Dito. Nagagalak ako, nang buong puso ko. Panginoon, Ito’y higit pa sa buhay, para sa akin. Ibibigay ko ang buhay ko, anumang oras, para Dito. Ako—alam kong Ito’y totoo. Ito po’y Salita Mo.

⁵³⁸ At sana ay ipagpatawad ang mga gawi kong walang kabuluhan, Panginoon. Maraming pagkakataon na ako—ako ay nagpapatawa at nagbibiro, na hindi ko dapat na gawin. Ikinahihiya ko po iyon, Panginoon. Nagmula lamang ako sa ganoong uri ng pamilya. Ibale-wala Mo na lamang po iyon, pakiusap, Ama, kung loloobin Mo. Takpan iyon ng Iyong Dugo. Iyan ang hinihiling ko po sa Iyo na gawin. Sadyang, ikinukumpisal ko iyon. Hindi Mo maibabale-wala iyon, ngunit mapapatawad Mo po ako kapag ikinumpisal ko iyon.

⁵³⁹ Ngayon, ikinumpisal ko na po ang mga kasalanan ko. Ikinukumpisal ko ang mga kasalanan ng mga taong ito. Dalangin ko, Diyos, na Iyong patawarin sila, ang bawat isa.

⁵⁴⁰ At ang mga tao, nawa ay mapagtanto nila na kami ay hindi nagpapakita lang ng kung anong uri ng pagkilos. Ito ay ang Espiritu Santo sa mga huling araw, na nagpapatotoo ng Kanyang Salita, na gaya ng pagkakasabi ko lamang Nito. Ngunit, Ama, maging ano pa man po, ako’y isang tao lamang. At kung sinabi ko Ito, sasabihin nilang, “Kapaliwanagan niya lang iyon. Iyon ang palagay niya tungkol Dito.” Ngunit, Ama, kung magsasalita Ka lamang at patutunayan na Ito ay tama, kung gayon ay kailangan nila, kailangan nilang sumalungat sa Iyo, para bale-walain Ito, kung gayon, Panginoon. Kung gayon, hindi na Ito magiging kapaliwanagan ko; magiging sa Iyo na. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. At kung ako nga po ay Iyong lingkod, at—at—at ang mga kasalanan ko ay napatawad na, at tinawag Mo po ako para sa gawaing ito, kung gayon ay mangusap Ka po dito, Panginoon. Dalangin ko na ipagkaloob Mo ito. Pagalingin Mo po ang mga may sakit at karamdaman sa lahat ng dako, sa Pangalan ni Jesus, ang aking dalangin.

⁵⁴¹ At kung ipapakilala Mo lamang po ang Iyong Sarili sa amin ngayon, katulad lamang ng ginawa Mo noon doon sa may balon, sa babaeng iyon, noong nakipag-usap Ka sa kanya. Sinabi Mo sa kanya ang isang bagay na mali sa kanya. Nagkaroon siya ng limang asawa. Ngayon, ipinangako Mong gagawin iyon sa oras ng gabi. Ipinangako Mong gagawin iyon sa mga huling araw. Sinabi Mo, “At iyon ay, ganoon din naman sa Pagparito ng Anak ng tao. Gaya ng sa mga kaarawan ni Lot, ay ganoon din naman ito,” ang Diyos na nananahan sa katawang-tao, na kumikilos sa aming kalagitnaan, sa anyo ng Kanyang Iglesya, sa Espiritu Santo, na isinasagawa ang gayon ding mga tanda. Ipagkaloob

ito, Panginoon, sa araw na ito. Maaari po ba, Ama? Kung gayon, dalangin ko na Iyong papahintulutan ang mga tao na makita iyon, at nawa ang bawat isa ay gumaling at maligtas, para sa kaluwalhatian ng Diyos. Amen.

⁵⁴² Ngayon, tatawagin ko ang inyong pansin ngayon, kung kayo lamang ay magiging totoong mapitagan sa ilang sandali. Ngayon, ang lahat, manahimik lang nang buong magagawa ninyo ngayon.

⁵⁴³ Tiyak ba kayo na inyong nauunawaan nang husto ang kalagayang kinaroroonan ko dito ngayon? Ipinangaral ko ang Salita rito, ang Salita ng Diyos. [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Sinabi kong Ito ay totoo lahat. [“Amen.”] Sinabi ni Jesus, na, “Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang ginagawa Ko ay gagawin din naman niya.”

⁵⁴⁴ Ngayon, gusto kong tanungin kayo ng isang katanungan. Maging maingat kung inyong—kung inyong sasabihin ang “amen” o hindi, ngayon. Si Jesus, Siya Mismo, ay hindi nagpahayag kailanman na nagpapagaling Siya ng sino man. Iyan ay totoo. Ang sabi Niya, “Hindi Ako ang gumagawa ng mga gawa. Ang Aking Ama iyon na nananahan sa Akin.” Tama ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] At sinabi ni Jesus, sa San Juan 5:19, “Katotohanan, katotohanang, tiyak nga, na sinasabi Ko sa inyo, ang Anak Mismo. . .” Bilang isang Tao, isa lamang Siyang Tabernakulo kung saan nanahan ang Diyos. Kita n’yo? Sinabi Niya, “Ang Anak ay walang magagawa sa Kanyang Sarili; ngunit kung ano ang nakikita Niyang ginagawa ng Ama, ay gagawin din naman ng Anak ang gayon.” Sa ibang salita, “Ipinapakita sa Akin ng Ama ang isang pangitain, kung ano ang gagawin, at ginagawa Ko kung ano lang ang sinasabi Niya sa Akin.”

⁵⁴⁵ Ngayon, isang araw nasumpungan natin na mayroon noon, sabihin, na isang munting babae na hindi makasama sa hanay para sa pagpapanalangin. Mayroon siyang pag-agas ng dugo, at maraming taon na siyang mayroon niyon. Kaya hinipo lamang niya ang Kanyang damit, na sinasabi sa kanyang sarili. . . Siya ay hamak lamang; isa lang siyang mahirap, maliit, na kawawang babae, walang kapera-pera. At hindi siya makapunta doon sa kanilang mga saserdote at lahat sila na nangakatayo doon, na may mga karapatang tumayo at lahat na. Kaya hindi siya makatayo doon, kaya gumapang lamang siya paikot hanggang sa makarating siya doon at hinipo ang Kanyang damit. Sinabi niya, “Naniniwala ako na Siya’y talagang tunay. Na Siya, inihatid Niya sa amin ang Katotohanan, ang Buhay. Naniniwala akong Siya ang Salita ng Diyos. At kung mahihipo ko lamang Siya, ako’y—ako’y gagaling.”

⁵⁴⁶ Sumasampalataya ba kayo? Masasampalatayanan ba ninyo ang gayon ding bagay na sinampalatayanan ng babaeng iyon,

na Siya ang Salita ng Diyos? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ngayon, sinasabi ng Biblia, sa araw na ito, na, “Siya ang Punong Saserdote, ang ating Punong Saserdote ngayon mismo.” Sinasampalatayanan ba ninyo iyon? [“Amen.”] “Pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli at ng Kanyang pag-akyat, umakyat Siya sa Kaitaasan at nagbigay ng mga kaloob sa mga tao. At ngayon Siya’y nakaupo sa kanang kamay ng Diyos, sa Karangalan sa Kaitaasan, at upang gumawa ng mga pamamagitan para sa kung ano ang ating ipinapahayag.” Tama ba? [“Amen.”] “At Siya’y isang Punong Saserdote na maaaring . . .” Ano? [“Mahipo.”] “Mahipo ng . . .” Ano? “Ng pakiramdam ng ating kahinaan.” Ngayon, kung Siya nga . . . Naniniwala ba kayo na Siya’y siya pa rin? [“Amen.”]

⁵⁴⁷ Ngayon, tingnan n’yo. Kung paparito kayo, at hipuin man ako, buong araw, wala itong magagawang anumang pagkakaiba. Kung hihipuin ninyo ang sinumang ibang kapatid na lalaki, kapatid na babae, hindi iyon makagagawa ng anumang kaibahan; gaya lang ng utos tungkol sa pagpapatong ng mga kamay, iyon lang. Ngunit kung hihipuin n’yo lamang Siya, iyon lang ang kailangan ninyong gawin.

⁵⁴⁸ At tingnan n’yo, kung hihipuin n’yo Siya na may . . . na may isang kung anong uri ng ritwal na katulad ng ginawa nila noon. Ang sabi nila, “Oh, naniniwala kami sa dakilang Guro na ito. Ito ay isang Propeta.” Buweno, wala Siyang sinalitang anuman.

⁵⁴⁹ Ngunit ang munting babaeng iyon ay mayroong isang tiyak na bagay na humipo sa Kanya: ang pananampalataya nito. Hinipo nito ang Kanyang damit, at sinabi Niya, “Sinong humipo sa Akin?”

⁵⁵⁰ Hindi ba kayo naniniwala na sinasabi ng Biblia na Siya’y ang siya pa ring Punong Saserdote ngayon na Siya noon, Siya, at maaaring mahipo ng pakiramdam ng ating kahinaan? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Magagawa ninyong mahipo Siya sa dako riyang, maging kayo man ay nasa hanay na ito para sa pagpapanalangin o wala. Kung kayo ay may sakit, o kung mayroon kayong mahal sa buhay na may sakit, kung mayroon kayong bagay sa inyong puso, lumapit lamang kayo sa Diyos nang mapitagan at sabihin, “Diyos, wala akong alam tungkol sa lalaking iyon na nakatayo doon. Siya’y isa ngang maliit na kalbong lalaki. Siya, siya’y walang anuman, ngunit naniniwala ako na ang kanyang ipinangaral ay Katotohanan. At naniniwala po ako na sinabi niya ang bagay na tama, na Ikaw ay ang Punong Saserdote. Ngayon ay nais kong hipuin Ka. At kung sinabi niya sa akin ang Katotohanan, kung gayon ay gamitin Mo po ang kanyang mga labi upang mangusap pabalik at sabihin sa akin, katulad ng ginawa Mo sa babae doon noon.” Tingnan kung Siya’y siya ring kahapon, ngayon at magpakailanman. Gawin n’yo iyan. Hindi lamang iyan para gawin Siyang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman? Hindi ba? [“Amen.”]

Buveno, bawat isa ay manatili sa inyong lugar at taimtim lamang na manalangin.

⁵⁵¹ Anong sabi? [May nagsasabing, “Namigay ako ng ilang mga prayer card.”—Pat.] Huh? [“Namigay ng dalawampu’t lima.”] Mayroon pa ba akong sampu diyan sa likuran ngayon? [“Labing-apat.”]

⁵⁵² Sampu, labing-isa, labindalawa, labintatlo, labing-apat, labinlima; maaari bang ang mga prayer card bilang sampu, labing-isa, labindalawa, labintatlo, labing-apat, labinlima, labing-anim, labimpito, labingwalo, labinsiyam, dalawampu, dalawampu’t isa, dalawampu’t dalawa, dalawampu’t tatlo, dalawampu’t apat, dalawampu’t lima: dapat ’yang makagawa ng talagang mainam na hanay. Kung tayo. . . Umaasa akong hindi namin kayo kailangan pang panatilihin dito nang napakatagal. Ngunit ngayon. . .

⁵⁵³ [Mayroong nakikipag-usap kay Kapatid na Branham—Pat.] Puntahan mo iyon. Ayos lang iyon. Hayaan lamang. . . Ayos lang iyon.

Tayo’y humiging nang mainam ngayon, nang sabay-sabay lahat, habang kinukuha nila iyon. *Only Believe*.

Only believe, only believe,
All things are possible, only believe;
Only believe, just o- . . .

Sampalatayanan ang ano? Ang Kanyang Salita at pangako. Sapagkat ano?

All things are possible, only believe.

⁵⁵⁴ Pagbaba nila mula sa bundok, naroon nakatayo ang mga alagad. Sila ay naging talunan doon sa kasong iyon ng epilepsy. Ang ama ay nakatayo doon, nakatingin sa kanyang anak, umiiyak. Ginagawa na noon ng mga alagad ang lahat ng kanilang mga magagawa, ngunit hindi umuubra. Lumakad na papalapit si Jesus. Ang iba sa kanila ay nagsabi, “Hayun Siya.” Mayroong nagturo sa kanila kay Jesus; palayo mula sa mga saserdote, papunta kay Jesus. Doon ko gustong ituro ang mga tao; hindi sa akin, o sa isang iglesya, kundi kay Jesus. Sabi, “Magagawa Niya.”

⁵⁵⁵ Kaya tumakbo ang amang iyon, lumuhod sa Kanyang paanan, sabi, “Panginoon, maawa Ka sa aking anak. Siya ay labis na pinahihirapan ng diablo. Nanghihina po siya. Bumubula ang kanyang bibig. Sinusumpung-sumpong siya,” ng epilepsy. At sabi niya, “At dinala ko na siya kung saan-saan. At maging ang Iyong mga alagad ay walang magawa para sa kanya.”

⁵⁵⁶ Sinabi ni Jesus, “Magagawa Ko, kung sasampalataya ka, sapagkat lahat ng bagay ay mangyayari sa kanya na sumasampalataya.”

Just o- . . .

Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman! Narito nang lahat. Magsipanahimik na ang lahat.

... believe,
 All things are... (Napakagandang
 pagkakataon!)
 Only believe, just only believe,
 All things are possible, just only believe.

557 Oh Panginoon, ang Salita ay nakalatag na sa lahat ng dako rito ngayon. Papagliwanagin Mo po ang panggabing Liwanag, Panginoon, gawin Itong buháy. Sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo, ang aking dalangin. Amen.

558 Ngayon, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, inilalagay ko ang bawat espiritu rito sa ilalim ng aking kapamahalaan, para sa Kanyang kaluwalhatian.

559 Tinitingnan ko ang hanay na ito para sa pagpapanalangin. Wala ni isa mang tao sa hanay na iyan para sa pagpapanalangin na kilala ko. Sila ay, bawat isa, ay mga hindi ko kilala. Lahat kayong nasa hanay na iyan para sa pagpapanalangin, na mga baguhan sa akin, at wala akong alam na anuman tungkol sa inyo, sa inyong mga kabagabagan o anuman, itaas ang inyong mga kamay, lahat diyang sa hanay para sa pagpapanalangin.

560 Ilan ba sa mga naririto ang mga baguhan sa akin, at wala akong alam na anuman tungkol sa inyo? Mayroon kayong gayon ding karapatan diyang, na gaya din naman ng mga ito rito. Lamang, ay iniisa-isa ko ang bawat tao rito nang sunud-sunod.

561 Narito, hayaang ilagay ko lang ito rito, sandali lang. [Iniuusog ni Kapatid na Branham ang mikropono—Pat.] Naririnig na ba ninyo ako ngayon sa ganito? [Sinasabi ng kongregasyon, “Oo.”]

562 Ang binibining ito rito. Narito ang isang lalaki at isang babae, na nagkatagpo muli. Hindi ko siya kilala, hindi ko pa siya nakita kailanman. Siya ay baguhan sa akin, walang iba kundi isang lubos na baguhan lamang.

563 Kumikilos lamang ako ayon sa batayan ng Salita na iyan. Ang sabi ng Salitang iyan, “Ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo, kung sumasampalataya kayo sa Akin.”

564 Noong isang umaga, nang dumating muli ang pangitain na iyon, matapos ang libu-libo sa mga iyon, at sinabi, “Ang hindi-kailanman nagmamaliw na Presensiya ni Jesus Cristo ay kasama mo saang dako ka man magpunta.” Sinasampalatayanan ko iyan, nang buong tapat, nang buong puso ko. Kung hindi ko na kayo makita pang muli, paniniwalaan n’yo ba iyan bilang siyang Katotohanan? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Totoo iyan.

565 Narito ang isang babaeng hindi ko pa nakita kailanman sa buhay ko. Siya'y isang babae lamang na nakatanggap ng isang prayer card.

566 Ang kadalasang ginagawa ng binata ko sa mga iyon, ay paparito siya, kukunin ang mga prayer card at babalasin ang lahat ng mga iyon, nang sama-sama, sa harapan ninyong mga tao. Bibigyan ng isang prayer card ang sinuman na may gusto ng isa, saan man ito naroroon. Walang sinomang nakakaalam kung saan mag-uumpisa ang hanay, o wala talagang kaalam-alam dito. Samakatwid, hindi masasabi ng bata, "Oh, ngayon *heto*, kung bibigyan mo ako ng *ganitong halaga*, ilalagay kita sa unahan, at titiyakin kong nandoon ka." Siya mismo hindi. Uh-huh. Walang nakakaalam.

567 Basta nagsisimula lang tayo. Saan man sabihin ng Espiritu Santo na "tumawag," tatawag tayo mula doon mismo. At umaasa ako kung minsan na sana ang taong makuha ko, kapag naririto ako, lalung-lalo na, na ang isang iyon ay hindi pa kailanman. . . mga baguhan, kita n'yo, na hindi ko kilala.

568 Ngayon, kung ang babaeng ito na nakatayo rito, kung ang. . . Mayroong problema. Maaaring siya ay may sakit. Maaaring may kasama siyang iba, na may sakit. Siya—siya—siya maaaring nakatayo lamang siya diyan, maaaring siya'y gumagawa lang ng palabas na parang may sakit siya. At maaaring nakatayo lamang siya diyan, na nagtatangkang magbunyang ng kung anong bagay. Kung siya nga, pagmasdan lamang kung ano ang mangyayari. Kita n'yo? Nagkaroon na kayo, nakita na ninyo na sinubok iyan, din naman. Hindi ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Siyanga, po. Ang makita silang buhatin siya palabas ng pintuan, na patay na. Kita n'yo? Uh-huh. Kaya ngayon kayo'y—basta alamin n'yo lang, tingnan n'yo kung ito nga ba ay tama o hindi. Kita n'yo? Subukan n'yo 'yon, kita n'yo.

569 Ngayon, hindi tayo nag-iigle-iglesyahan lang, mga kaibigan. Tayo'y nasa huling panahon na. Ang bunga ay nasa itaas na ng punongkahoy, nahihinog na ito. Tama 'yon. Ang Panginoon ay darating na.

570 Hindi ko siya kilala. Nakikilala siya ng Diyos. Kilala Niya siya. Bago pa man nagkaroon ng mundo, kilala na Niya siya. Alam na Niya na siya'y tatayo diyan mismo. Alam na Niya na ako'y tatayo rito mismo. Sapagkat, Siya'y walang hangganan. Tama ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ngayon, kung Siya'y walang hangganan at alam ito, kung gayon ay nalalaman Niya kung bakit nakatayo ang babae diyan. Kung gayon, ang siya ring Diyos na. . .

571 Si Jesus, noong Siya ay narito sa lupa, na ang Diyos ay nasa Kanya, na nakipag-usap sa babae sa may balon, at sinabi sa kanya na may bagay na mali sa kanya. Alam na nating lahat kung ano iyon. Hindi ba? At sinabi niya, "Ginoo, Ikaw ay talagang

isang propeta.” Iyon ang una niyang pagpapahayag. “Ngayon, alam namin na panahon na para maparito na ang Mesiyas, na siyang tinatawag na Cristo. At kapag dumating na Siya, iyon ang bagay na gagawin Niya.”

⁵⁷² Ngayon, kung Siya’y “siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman,” at nangako sa pamamagitan ng Salitang ito na kapapangaral ko pa lamang, na sa oras ng gabi ay mapaparito Siya at gagawin ang gayon ding bagay, kung gayon ay umaasa tayo doon. Hindi ba? Hindi ba’t umaasa tayo? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Naghihintay sa pagkabuhay na mag-uling iyon ng Iglesyang iyon. Ngayon, kung gagawin Niya sa babaeng ito ang kagaya din ng ginawa Niya noon doon, pinagtitibay niyan ang Salita, na Ito ay tama. [“Amen.”]

⁵⁷³ Ngayon, itinaas lamang ng babae ang kanyang kamay, at ako rin, na kami’y baguhan, sa isa’t isa. Hindi ko siya kilala. Hindi ko pa siya nakita kailanman. Isa lang siyang di-kilala, na nakatayo rito. Gayon din kayo, sa banda riyon, marami sa inyo.

⁵⁷⁴ Kilala ko ang ilan sa mga taong ito na nakaupo sa dako rito. At hindi ko kilala ang marami. Kilala ko si Gng. Collins rito. Tiyak ako diyan. Ang Kapatid na babae, na asawa ni Kapatid na Ben, at nakita ko sina Kapatid na lalaki at Kapatid na babaeng Dauch rito, kaninang. . . Si Kapatid na Wright; sina Kapatid na lalaki, Kapatid na babaeng Dauch; ang kapatid na lalaki diyan sa gawing dulo. Kilala ko ang ilan sa inyo, sa palibot dito. Ngunit ako—hindi ko kilala ang karamihan sa inyo, dahil hindi ako madalas na nangitlo, para magkakila-kilala. At mayroon tayong mga baguhan na narito.

At kaya manalangin lamang kayo.

⁵⁷⁵ Kung isa akong estranghero sa iyo, at ipinapahayag ko na ang mga panggabing Liwanag ay dumating na. At ang panggabing Liwanag ay magiging kagaya ng pang-umagang Liwanag. Ipapakita Nito ang gayon ding mahiwagang mga bunga ng Diyos, sa espirituwal na pangungusap. Iyan ay tama. Ngayon, nakikipag-usap lamang ako sa iyo na katulad ng ginawa Niya noon sa babaeng iyon sa may balon. Sinabi Niya, “Bigyan mo Ako ng mainom.” Kita n’yo? Sinasabi ko ang gayon ding bagay. Iyan ay hindi ako. Siya ’yon. Ngunit kung ipapahayag Niya sa akin ang dahilan kaya naririyon ka, kita mo, kung ipapahayag Niya sa akin ang dahilan kaya naririyon ka, kung gayon ay malalaman mo na nalalaman Niyang lahat ang tungkol sa buhay mo. Kung sasabihin Niya sa iyo ang isang bagay na nakaraan na, kita mo, malalaman mo kung iyon ay tama o hindi. Kung gayon kung nalalaman Niya kung ano ang nakaraan, at masasabi sa iyo iyon, magagawa Niyang. . . tiyak na sasampalatayanan mo Siya kung gayon sa kung anong mangyayari. Kung nasasabi na Niya sa iyo rito kung ano ang ginawa mo noon, tunay na maipapahayag niyan ang hinaharap

nito, o ang nakaraan nito, ang pinaka-una pa nito, at ang lahat nito, magawa ito nang tama.

576 Maaari bang sampalatayanan Siya ng kongregasyon, nang buong puso ninyo, kung gagawin Niya iyon? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Naniniwala akong sasampalataya kayo, kung gawin man Niya iyon o hindi. Sinasampalatayanan n’yo pa rin ito, ngunit ito ang sadyang magpapatibay nito.

577 Ngayon, tumitingin lamang ako sa babae, at napapahiran na siya. Namamalayan na niya, bilang isang baguhan sa akin.

578 Ngunit hayaang ipakita ko lamang sa inyo ngayon. Marami sa inyo ay nakikita ang larawang iyon na nakalagay doon. Ngayon, Iyan ay hindi, nasa itaas, ang Liwanag na iyon. Iyon mismo ang naririto mismo sa pagitan ko at ng babaeng iyan ngayon mismo. Nakikita n’yo ba iyon? Parang isang—parang isang krema, manilaw-nilaw na luntian, parang-esmeraldang Liwanag, gaya ng tawag natin dito, Ito’y kumikilos mismo. . . . Iyon ang nakapagpaparamdam sa kanya ng . . .

579 Ngayon hayaan lamang na ipakita ko sa inyo ang isang bagay. Naramdaman mo ang isang totoong magiliw, na pagkamababang-loob na pakiramdam. Kung tama iyan, binibini, itaas mo ang iyong kamay para makita ng mga tao. [Sinasabi ng kapatid na babae, “Oo.”—Pat.] Kita n’yo? [“Hallelujah.”] Ito’y. . .Hindi niya mapigilang hindi Ito maramdaman, Ito’y nandiyan mismo. Kita n’yo?

580 Ngayon, ngayon, kung Ito ay mahahayag sa kanya, hindi ko alam. Depende. Ang Diyos na dapat niyan. Hindi ko magagawa iyon, sa sarili ko lang. Ang—ang Diyos ang kailangang gumawa niyon. Oo.

581 Ang binibini ay totoong, sa natural, ay sasalang na sa isang operasyon. Mayroon siyang isang bagay na talagang sasabihin na sa kanya ng doktor, “Dapat nang operahan iyan,” ngunit ayaw niyang pumunta sa doktor. Tama iyan. [Sinasabi ng kapatid na babae, “Hindi. Si Jesus ang Doktor ko.”—Pat.] At siya—siya. . . . Isa itong—ising tubong bukol. At ang tubong bukol na iyan ay nasa kanang bahagi, malapit sa gulugod. Tama iyon. Kung tama iyon itaas mo ang iyong kamay, para makita ng mga tao. [“Tama iyon.”]

582 Ngayon sumasampalataya ba kayo? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ngayon, hindi ninyo nakikita ito, (Kita n’yo? Kita n’yo?) ngunit sampalatayanan ninyo ito nang buong puso ninyo ngayon, na totoo ito. Sige. Sige.

583 Ngayon sasabihin ninyo, “Marahil ay hinulaan mo lang iyon, Kapatid na Branch.” Hindi mo mahuhulaan iyon, nang isang milyong ulit, nang perpekto.

584 Buweno, hayaan lamang siya na nakatayo diyan, sandali. Nawala na iyon sa akin, ngayon mismo. [Sinasabi ng kapatid

na babae, “Oo.”—Pat.] Ngayon, sandali, tingnan natin, sandali lang, kita n’yo. [“Hallelujah!”] Para bang siya ay maayos naman; Cristiano. Ngayon tingnan natin. Ngayon kung sasabihin lamang Niya sa atin ang iba pang bagay na iyon nga. Oo. Narito bumabalik siyang muli. [“Oh, hindi.”] Siyanga, po. Siya’y isang—siya’y isang . . . Oo. Isa itong—isa itong tubong bukol, na ito’y, na siyang aalisin ng mga doktor. At ito’y. . . Magdudulot iyon ng problema sa kanya. Ngunit magtitiwala siya kay Cristo para doon.

⁵⁸⁵ At hindi lamang iyon. Hindi siya tagarito. At mayroon siyang kasama. Iyon ay ang kanyang asawa. At ito rin ay may dinaranas. [Sinasabi ng kapatid na babae, “Oo.”—Pat.] Tama iyon. Naniniwala ka bang masasabi sa akin ng Diyos, habang ako ay nakatingin sa lalaki mismo rito, sa pangitaing ito, kung anong problema sa kanya? [“Oo.”] Buweno, sabihin mo sa kanya na basta kainin lang niya ang kanyang hapunan. Ang sakit niya sa tiyan ay nawala na. Naniniwala ka ba na si Cristo ang gumagawa niyan? Oo? Ikaw ay mula sa Tennessee. [“Oo.”] Nashville. [“Opo.”] Tama ’yon. Gng. Binkley. Sige. Makakauwi ka na ngayon at maging magaling na, ikaw at ang iyong asawa. Pagpalain kayo ng Diyos.

⁵⁸⁶ Sumasampalataya ba kayo sa Panginoong Jesus? [Nangagagalak ang kongregasyon—Pat.] Kung hindi ba iyan ang siya ring Panginoong Jesus na narito noong mga panahong nagdaan, na nasa panggabing Liwanag na na Iglesya. Tanungin n’yo ang babae, kausapin siya, tanungin n’yo siya kung ang mga bagay na iyon na nasabi ay tama ba. Kung sasampalataya lang kayo. Ngayon kayo ba’y kumbinsido na na Siya’y si Cristo na gayon pa rin? [“Amen.”] Ngayon, alam n’yo na hindi ko iyon kayang gawin. Isa akong tao. Ako’y kapatid ninyo. Ngunit Siya ay Diyos.

⁵⁸⁷ Ngayon tingnan natin. Ito ba ang kasunod? Ikaw ba ’yung nasa hanay para sa pagpapanalangin? Sige.

⁵⁸⁸ Ngayon, mangyari pa, ang pahid na iyon, napagtatanto ba ninyo, ay sadyang pinahihina ako, na para bang hindi ko alam kung ano. Ngayon, si Jesus, noong hipuin ng babaeng iyon ang Kanyang damit, sinabi Niya, “Naramdaman Ko na may bisang lumabas sa Akin.” Tama ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ibig sabihin niyon ay “lakas.” Nanghina Siya. At kung Siya. . . Kung iyon nga mismo nangyari na sa Salita, Mismo, ano pa kaya ang gagawin niyon sa isang dinatnan lamang ng Salita? Anong gagawin Niyon? Kung ganun ang nagawa niyon sa Anak ng Diyos, ano pa kaya pag dumating iyon sa akin, na isang makasalanan na iniligtas lamang ng Kanyang biyaya? Kita n’yo? Sadyang iwinawasi-wasiwas ako niyon. Kita n’yo?

⁵⁸⁹ Ngunit, gayun pa man, naririto ako upang kumatawan para sa Kanya. Upang kum- . . . Isa akong abang kinatawan. Ako—

nagsisisi ako sa lahat kong mga kasalanan, upang—upang hindi kayo tumingin sa kung ano ako; kundi tingnan kung Sino Siya, para tumingin kayo sa ganyang paraan.

⁵⁹⁰ Ngayon, hindi mo ako kakilala, binibini. Hindi ko rin kilala ang babaeng ito. Hindi tayo magkakilala sa isa't isa. Tama iyon. Ngayon, kung ang Panginoong Jesus (ako na hindi nakakakilala sa iyo, at ikaw na hindi nakakakilala sa akin), kung ang Panginoong Jesus ay ipapahayag sa akin ang isang bagay, na dahilan na naririto ka, isang bagay na ginawa mo, o isang bagay na hindi mo dapat na ginawa, o isang bagay na ganyan, alam mong iyon ay magiging isang, magiging isang katangi-tanging himala. Iyan ay isang bagay na hindi maipapaliwanag. Ang isang himala ay bagay na hindi maipaliwanag. Kahit sino ay nalalaman iyan. Kita n'yo? Iyan ay magiging isang katangi-tanging himala.

⁵⁹¹ Iyon ay magiging mas lalong himala pa nga kaysa sa kung mayroong isang—isang binibini na nakaupo rito sa isang wheelchair, at mayroong arthritis, at labis nang nabaluktot. Sasabihin ko sa kanya, “Tumayo ka at lumakad,” at siya'y lalakad palabas doon, ang lahat ay maghihiyawan na sa ganyan. Ngunit, nakita ninyo, sa totoo lang ang kapangyarihan ng—ng kanyang pananampalataya upang sumampalataya, at na basta tumayo na at lumakad, ay magagawa iyon.

⁵⁹² Ngunit ang balikan at ipahayag ang isang buhay sa kung saan man ito noon, kinakailangan niyan ang higit pa diyan. Kinakailangan na ang Diyos ang gumagawa niyon, kung saan masasabi mo, kita n'yo, na alam mo kung iyon ba ay tama.

⁵⁹³ Ngayon, may bagay na nangyari, sa ibang dako. Ngayon sandali. Umalis na Iyon dito. Pumunta na Ito doon sa... pumunta na sa mga nagsidalo, sa kung saan man, sa kung saan man. Wala na Ito ngayon.

Sandali lamang. Hayaang makipag-usap akong muli sa babae.

⁵⁹⁴ Ngayon, maging mapitagan lamang nang husto at magbantay ngayon. Manalangin lang kayo, manalangin kayo diyan. Gusto kong ipanalangin ninyo, “Panginoon, nawa ako na iyon.” Ang iba sa inyong mga tao diyan, na hindi makakasama sa hanay para sa pagpapanalangin, manalangin lang kayo.

⁵⁹⁵ Muli makikipag-usap ako sa iyo, para pal-... para sa iyong pananampalataya. Kita n'yo? Kung maaari itong magawa doon sa isang babaeng iyon, maaari din itong magawa sa iyo. Iyon ay ang pananampalataya mo. Kita n'yo? Ikaw ang siyang gumagawa niyon. Hindi ako iyon. Iyon ay ang pananampalataya mo sa Diyos. Kita n'yo?

⁵⁹⁶ Hindi kailanman sinabi ni Jesus, “Oh, alam Kong makakatagpo Ko ang babaeng iyon doon.” Hindi.

⁵⁹⁷ Ngunit nang dumating na ang pagkabuhay na mag-uli ni Lazaro, ngayon, iyon ang ipinakita sa Kanya ng Diyos para gawin. Kita n'yo? Sinabi ng Diyos, "Umalis Ka." At Siya—pinatunayan Niya kung ano talaga Siya. Umalis nga. At pagkatapos nang bumalik na Siya, sinabi Niya, "Natutulong si Lazaro." At pumaroon na Siya, at pinuntahan at ibinangon si Lazaro mula sa libingan. Tinawag ang kaluluwa nito, matapos na ito'y apat na araw nang patay. Hindi Niya kailanman sinabing nanghina Siya doon. Iyon ay ang Diyos na gumagamit sa kaloob.

⁵⁹⁸ Ngunit, ito, noong hipuin Siya ng babaeng iyon, ang babaeng iyon ang gumagamit sa kaloob ng Diyos.

At iyan ay ganoon din dito. Kayo ang gumagawa niyon.

⁵⁹⁹ Ngayon, dito, sa aking mga lakbaying pangangaso, kung saan ang . . . nakita ko na ang oso, at magiging kung saan-saan ang iba pang mga bagay, at lahat nitong mga iba pang mga bagay na naipagpauna nang sabihin dito, sinabi kung bakit mangyayari ang mga ito, nang sadyang ayon sa mismong pagkakasabi. Iyon ay ang Diyos. Hindi ako nanghihina sa ganyan.

⁶⁰⁰ Ngunit kapag sinimulan ng mga tao na gamitin ang kaloob ng Diyos, kita n'yo, ikaw ay nagiging pampublikong lingkod ng Diyos, para kayo ay kakabit na lang sa linya. Kita n'yo?

At pagkatapos hipuin ninyo Siya sa pamamagitan niyan, pagkatapos ay mangungusap Siya pabalik. Kita n'yo?

⁶⁰¹ Ngayon, oo, ngayon ang babae ay lumilitaw na sa pangitain. Pumapasok na siya, o dumarating na ang pangitain. Para bang makikita mo iyon sa palibot niya. Ang babae ay may sakit. Malala ang sakit niya. Siya ay naghihirap, isang bagay, sa sakit sa tiyan, masyadong malala na. Itaas mo ang kamay mo kung totoo nga iyan. At mayroon kang mga komplikasyon ng mga bagay-bagay. Totoo iyan.

⁶⁰² Mayroon ka ring kasama. Iyon ay ang asawa mo. At siya'y may sakit. [Sinasabi ng kapatid na babae, "Tama iyon."—Pat.] Kung ipapahayag ng Diyos sa akin, sa asawa mo, kung ano ang problema sa kanya, maniniwala ka bang ako ay propeta Niya? Ang naturang lalaki ay may problema sa kanyang mga mata, sa kanyang mga tainga, at siya'y nasa malalang kalagayan. ["Oo. Oo. Purihin ang Panginoon! Purihin ang Panginoon!"] Opo.

⁶⁰³ Naniniwala ka bang kilala ng Diyos kung sino ka? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Oo."—Pat.] Paniniwalaan mo ba akong propeta Niya, tagakita Niya, kung sasabihin ko sa iyo kung sino ka? ["Oo."] Paniniwalaan mo iyon? Gng. Robertson. At ikaw ay taga-Huntsville, iyan ay sa Alabama. Bumalik na kayo, ikaw at ang iyong asawa, at maging magaling na.

604 Sumasampalataya ba kayo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] "Lahat ng bagay ay mangyayari sa kanila na sumasampalataya." Kung magagawa ninyong sumampalataya, kung kayo lang ay—kung kayo lang ay maninindigan at sasampalataya na ginagawa iyon ng Diyos. Ngayon, huwag mag-alinlangan, kundi manampalataya lamang nang buong puso ninyo, na ipagkakaloob ng Diyos ang kagalingang ito sa inyo, at makakamtan ninyo anuman ang hilingin ninyo.

605 Sige, ginoo, lumapit ka na ngayon. Tingnan natin. Ikaw ba ang susunod na rito? Sige po, ginoo. Palagay ko na tayo'y hindi magkakilala, sa isa't isa, ginoo. Kung . . . Lumapit si Jesus noon sa isang lalaking nagnangalang Simon, sinabi sa kanya ang tungkol sa kanyang kalagayan, at nag-udyok iyon kay Simon na humayo at sumampalataya, nang buong puso niya. Mag-uudyok rin ba iyon sa iyo na gawin ang gayon ding bagay? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Oo."—Pat.] Gagawin nga. Buweno, tayo bilang mga di-magkakilala.

606 Ngayon, sa Diyos ay walang kaibahan sa pagitan ng lalaki o babae. Siya'y sadyang gayon din. Siya'y Diyos. Kita n'yo?

607 At ikaw ba, paniniwalaan mo ba na (iyang pakiramdam na bumabalot sa iyo ngayon), na magagawa ng Diyos na ipahayag sa iyo, sa pamamagitan ko, na lingkod Niya, ang bagay na iyon na dahilan ng ipinarito mo, ang problema sa iyo, kung ano man iyon? Buweno, malalaman mo naman kung iyon ba ay katotohanan o hindi. Sige. Nawa'y ipagkaloob Niya iyon.

608 Ang lalaki ay napapasa pangitain na, o ang pangitain ay dumarating na sa lalaki. Hindi siya naparito nang dahil sa karamdaman. Naparito siya na naghahangad ng bautismo ng Banal na Espiritu. Iyon ang hinahangad niya. Tama iyon, ginoo. Siyanga, po. At hindi ka tagarito. Ikaw ay tagaroon sa bandang itaas ng daan dito, sa isang lugar na tinatawag na Seymour, Indiana. Iyan, iyan—diyan ka nanggaling. Tinatawag ka nilang, "Bill." Bill, bumalik ka na, tanggapin mo ang Banal na Espiritu, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Manampalataya.

609 Halika, binibini. Pinaniniwalaan mo ba ako bilang propeta Niya? Naniniwala ka ba na si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos, ay nabubuhay? At naniniwala ka bang ito'y ang Kanyang pagpapahintulot rito na mangyari nang ganito? Pinaniniwalaan mo ba iyon?

610 Ilan na ba ang natapos natin? Ano? Kita n'yo, ayaw kong manghina nang husto. Sige.

611 Hindi, wala iyon; hindi ka narito para sa sarili mo. Naririto ka para sa iba. At ang iba na iyan ay wala rito. Kung sasabihin ko sa iyo kung anong problema sa iba na iyan, tatanggapin mo ba ang kagalingan, at tanggapin at manampalataya? Iyon ay kanser. Nananampalataya ka ba na ang mga ito'y gagaling?

Kung gayon humayo ka, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, at manampalataya. Atin lang. . .

612 Sumasampalataya ba kayo, lahat kayo? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Naniniwala ba kayo diyan sa pagpapahid ng Espiritu Santo? [“Amen.”] Hindi ba’t kamanghamangha Siya? [“Amen.”] Sumasampalataya na ba kayo? [“Amen.”] Sige.

613 Ngayon, ilan na ba ang natapos natin? Kadalasan ay dalawa, dalawa o tatlo, ay pagpapatunay na. [May nagsabing, “Tatlo.”—Pat.] Anong sabi? [May isa pang nagsabing, “Apat na ’yung nakuha mo.”] Apat? [“Oo.”] Ito na ba ’yung panglima na nakatayo rito? Sige.

614 Tayo’y—manampalataya tayo nang buong puso natin, na si Jesus Cristo na Anak ng Diyos ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

615 Naririto ka para sa sanggol na iyan. Kung ipapahayag sa akin ng Diyos kung ano ang problema sa iyong sanggol, sasampalatayanan mo ba na pagagalingin ito ng Diyos? Ang maliit na sanggol ay may malalang sakit sa puso. Tama iyon. Ang sang- . . . hindi ka, ang sanggol ay hindi tagarito. Ito’y tagaibang bayan. Ito’y sa labas ng estado. Nananampalataya ka bang masasabi sa akin ng Diyos kung saan galing ang naturang sanggol? Sasampalatayanan mo ba, at sumasampalataya na ito’y gagaling kung gayon? Iuwi mo na ito sa Franklin, Kentucky. Opo, ginang, at manampalataya ka nang buong puso mo. Kung sasampalataya ka, iyon lang ang kailangan mong gawin.

616 Hayaang—hayaang. . . Halika rito sandali. Kinokondena ko ang masamang bagay na iyan. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, umalis nawa ang kamatayan, at pumasok ang buhay.

“Ipatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, ang mga ito’y magsisigaling.”

Gusto mong kumain? Sa palagay mo’y magagawa Niyang maging maayos ang iyong pakiramdam? Sige gawin mo na. Umalis na ito sa iyo ngayon. Amen.

617 Nananampalataya ka ba na iyang karamdamang pambabae ay mawawala sa iyo? Sige. Pumaroon ka na sa iyong upuan at sabihin, “Salamat sa Iyo, Panginoon.”

Kumusta po, ginoo? Oh, ang diablóng iyan, na hika!

618 Sandali lang. Sandali lang ha. May maling nangyari. . . Walang nangyaring mali; tama nga ang nangyari. Ngayon, may bagay dito, na kapareho, na naipakita ang lalaking iyan sa pagkakataon lamang na iyon. Tingnan ko muli kung ano iyon. Ngayon tumingin lamang sa akin. Huwag kang magsalita ng kahit ano. Sandali lang.

619 Iyon ay isang itim na lalaki, nakaupo mismo sa gawi rito, na nakatingin sa akin. Iyon ay ang kanyang. . . siya’y—mayroon

siyang mahal sa buhay na may sakit. Tama iyon. Hikain at sinus. Tama 'yon. Nahipo mo Siya. Hindi ka tagarito, ginoo. Galing ka sa Silangan, hilagang-silangan, sa gawing *ito*. Galing ka sa New York. Siyanga, po. Tama 'yon. Ikaw si G. Hunt. Manampalataya ka ngayon. Sige, ginoo. Mabuti iyan.

620 Iyan ay kaibigan mo na nakaupo diyan sa tabi mo, na nananalangin. Nananiwala ka ba sa akin, ginoo, bilang propeta ng Diyos? [Sumang-ayon si Kapatid na Coleman—Pat.] Pumunta ka rito kasama niya. Ang pangalan mo ay Coleman. [“Oo. Hallelujah!”] At ikaw—ikaw ay nananalangin para sa isang ama. [“Oo.”] Na inatake sa puso. Iyan ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON. [“Hallelujah!”] Manampalataya. Yumaon ka, manampalataya ka ngayon, lilisanin ka na nito.

621 Mayroon kang nerbiyos sa tiyan, na pinahihirapan ka. Hindi ba't tama 'yon? Sige, kumain ka na. Sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Sumasampalataya ka bang pinagaling ka na Niya? Umuwi ka na at sabihin, “Salamat, Panginoong Jesus.” Manampalataya ka nang buong puso mo.

622 Pinapahirapan ka ng sakit na nerbiyos, labis kang nababahala, at iba pa. Manampalataya ka nang buong puso mo. Umuwi ka at gumaling.

623 Pagkanerbiyos. Manampalataya lamang nang buong puso mo. Manampalataya na pagagalingin ka ng Diyos, at gagawin Niya iyon. Huwag mag-alinlangan kahit kaunti.

624 Ninenerbiyos at sakit sa puso. Nananalampalataya ka ba na pagagalingin ka ni Jesus Cristo? Humayo ka, maging magaling na, sa Pangalan ni Jesus.

625 Ninenerbiyos, balisa, pinahihirapan ka ng sakit sa tiyan dahil sa problema sa sikmura na pinangangasim tuloy ang pagkain mo. Yumaon ka, huwag mag-alinlangan sa puso mo; at mangyayari iyon, na mawawala na iyon sa iyo.

626 Matagal ka nang pinapahirapan ng iyong likod. Sumasampalataya ka ba nang buong puso mo? Kung gayon humayo ka, at pagagalingin ka ni Jesus Cristo mula rito.

627 Sandali lamang. Huminto muna, sandali lamang. Ngayon may bagay na nangyari. Ang babaeng ito rito ay kakaiba. Ang Liwanag na iyon ay umikot sa kanya, nang napakabilis, pagkatapos ay umalis na, at mabilis na bumalik uli. May bagay na nangyari. Sandali lamang. Iyon ay isang itim na lalaki, tiyak akong hindi iyong itim na kapatid doon, dahil ito'y galing. . . Sandali lamang. Heto na. (Umatras ka, Billy.) Heto na.

628 Ang lalaking ito iyon na nakaupo rito, itim na lalaki. Pinahihirapan ka rin ng sakit sa likod. Tama 'yon. Isa kang baguhan sa akin. Ganoon din ako sa iyo. Ngunit may isang bagay na mas kailangan mo kaysa sa sakit sa likod, iyon ay, ang ibigay mo ang puso mo kay Cristo, maging isang Cristiano. Hindi ka. . .

Tatanggapin mo ba Siya bilang iyong Tagapagligtas? Galing ka sa Ohio. Tama 'yon. Mula sa Ohio. Bumalik ka, maging magaling na. Pinatatawad ni Jesus Cristo ang iyong mga kasalanan, at maaari ka nang umuwi at gumaling. Ngayon tapos nang lahat iyon. Ngayon makakauwi ka na. Manampalataya nang buong puso mo.

629 Sige, kapatid na babae, halika. Mga komplikasyon, at pagkanerbiyos, at nanghihina na. Sumasampalataya ka ba nang buong puso mo na pagagalingin ka ng Diyos? Pumunta ka sa iyong upuan, at sabihin, "Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus, sa lahat ng ginawa Mo para sa akin."

630 Manampalataya ka na ang Diyos na Makapangyarihan sa Lahat ay pagagalingin ka, at pagagalingin ang iyong likod, at pagagalingin ka, at pagagalingin ang sakit sa bato. Humayo—humayo ka na sa iyong lakad, na nagagalak, at sabihin, "Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus."

631 Sumasampalataya ka ba, anak, na pagagalingin ka Niya? Sabihin mo, "Salamat sa Iyo, mahal na Diyos." Humayo ka, na sadyang pinupuri ang Diyos.

632 Ngayon sumasampalataya ka ba nang buong puso mo, kapatid na babae? Kung gayon humayo ka, at pinagaling ka ni Jesus Cristo.

633 Sandali lamang. Hindi, hindi siya 'yon. Sandali lamang. Hindi iyon ang binibini roon. Saglit lamang. Sandali lamang.

634 May nakita akong tumitilamsik na tubig sa kung ano. Mayroong isa rito na tumawid ng dagat, galing sa ibang lugar. Isang babae iyon, at nanggaling siya sa Holland. Nasaan siya? Hayun siya. Maigi, kapatid. Malayo ang pinanggalingan mo para sa kagalingan. Pinaniniwalaan mo ba ako bilang propeta Niya? [Sinabi ng kapatid na babae, "Oh, oo."—Pat.] Pinahihirapan ka ng rayuma, at arthritis, paninigas. Manampalataya ka sa Panginoong Jesus Cristo, at dalhin ang Mensahe sa iyong mga kababayan. Pagpalain ka ng Diyos. Lilisanin ka na nito at maaari ka nang umalis at gumaling. Amen.

Sumasampalataya ba kayo? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

635 Dito, sa gawi rito sa may likuran, iyon ay isang babae na nakaupo sa likuran mismo dito. At pinahihirapan siya ng sakit sa apdo. Oh, mapapalampas niya ito. Diyos, tulungan Mo ako. Siya—galing siya sa Indianapolis. Ang apelyido niya ay Gilbert. Tumayo ka sa kinaroroonan mo, binibini. Hayan ka nga. Mapagaling ka, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

636 Sumasampalataya ba kayong lahat, nang buong puso n'yo? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ipatong ang inyong . . . Bumangon ba mula sa mga patay si Jesus? ["Amen."] Siya ba'y ang siya ring kahapon, ngayon at magpakailanman?


[Nangagagalak ang kongregasyon.] Ipatong ang inyong mga kamay sa isa't isa at manalangin tayo, habang nananalangin ako para kay Kapatid na Kelly.

⁶³⁷ Panginoong Jesus, paparoonin Mo po ang Iyong Banal na Kapangyarihan sa loob ng iglesya ngayon! At nawa mabilis Itong dumating at sa aming kapatid na babae rito upang bigyan pa siya ng buhay, Panginoon. Ipagkaloob Mo po sa kanya itong dakilang kagalingan na inaangkin na niya, Panginoon. Pagalingin Mo po ang Iyong mga tao rito. Maluwalhati Ka nawa. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon.

⁶³⁸ At nawa ang mga taong ito rito na nakapatong na ang kanilang mga kamay sa isa't isa.

⁶³⁹ Satanas . . .

Dumadako na kami ngayon sa mga panyong ito; sa Pangalan ni Jesus Cristo, gumaling nawa ang bawat tao. Panginoon, patotohanan Mo po ang Iyong Salita sa pamamagitan ng mga tandang kalakip nito.

⁶⁴⁰ At ngayon, satanas, ikaw na masamang diablo, ikaw ay talunan na. Sinabi ng Diyos na Kanyang ibabalik ang Anak ng Diyos, Na pinagtaksilan mo sa pamamagitan ng iyong mga kredo. Ipinangako Niyang ipapanauli ang Iglesya sa dati nitong kalagayan, kapag nagliwanag na ang mga panggabing Liwanag. At kami'y nabubuhay Dito. At dahil sa pagpapanauli, mayroon kaming karapatan, mayroon kaming Manananggol, mayroon kaming Abogado, ang aming Punong Saserdote, at aming ipapatupad ang naturang pag-aangkin. Hinawakan mo sila nang napakatagal na. Hindi mo na ito magagawa pa. Inuutusan ka namin, sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli at ng Banal na Espiritu na naririto ngayon: Lumayas ka mula sa mga taong ito! [Ang kongregasyon ay labis na nangagagalak—Pat.] 

ANG PAGPAPANAU LI NG PUNONGKAHOY NA NOBYA TAG62-0422
(The Restoration Of The Bride Tree)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Biyernes ng gabi, Abril 22, 1962, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2017 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org